

Lingguwistikong Etnograpiya ng Onhan

Lingguwistikong Etnograpiya ng Onhan

Karapatang-sipi © 2021 ng Komisyon sa Wikang Filipino at ng Katutubong Pamayanang Kultural ng mga Onhan.

RESERBADO ANG LAHAT NG KARAPATAN. Walang bahagi ng manuskritong ito ang maaaring sipiin o gamitin nang walang nakasulat na pahintulot mula sa mga may-akda at tagapaglathala.

Mga mananaliksik at sumulat ng manuskrito: Reynele Bren G. Zafra

PAUNAWA. Hindi inilathala ang manuskritong ito. Ang pagkopya, at pamamahagi sa publiko ay ipinagbabawal.



Komisyon sa Wikang Filipino
Gusaling Watson, 1610 Kalye J.P. Laurel, Malacanang Complex
San Miguel, Lungsod Maynila 1005
Tel. 02-733-7260
email: komisjonsawikangfilipino@gmail.com

Paunang Salitâ

Sa saliksik ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) noong 2016, napag-alamang mayroong tinatáyang 130 katutubong wika ang Pilipinas. Sa bílang na ito, tinatáyang may 40 wika ang nanganganib nang maglaho sa hinaharap. Dahil ito sa ilang mga salik tulad ng kawalan ng *intergenerational transmission* sa wika; migrasyon ng mga tagapagsalita ng wika; at pangingibabaw ng paggamit ng *lingua franca*. Ang panganganib ng wika ay isang pandaigdigang karanasan. Isa rin itong hámon sa mga bansa kung paano isasalba ang mga wika sa panganganib. Kapag hindi na naipapása sa susunod na henerasyon ang wika, unti-unting maglalaho ang mga buháy na dúhong o *intangible cultural heritage* tulad ng panlipunang kaugalian, ritwal, pagtatanghal, tradisyonal na paglikha, oral na tradisyon gaya ng mga tulâ, bugtong, kuwentong-bayan, at epikong-bayan. Kung tulúyang maglalaho ang wika, makapipinsala ito sa kalikásan at biodiversidad dahil ang mga katutubong karunungan hinggil sa kalikásan, paniniwala sa mga espiritu, at mga kultural na pagpapahalaga ay nása katutubong wika.

Kayâ, naglatag ang UNESCO¹ ng mga hakbang sa pagpapasigla ng wika, isa na rito ang pagdodokumento sa wika at kultura. Sa pamamagitan nitó, napayayaman ang pag-aaring intelektuwal ng mga tao, naipakikíta ang kultural na pananaw na maaaring bago sa kasalukuyang kaalaman, at ang proseso ng dokumentasyon ay nakatutúlong sa impormante ng wika upang muling pasiglahin ang kaalaman sa wika at kultura (UNESCO 2003). Ayon din kay Himmelman (2006), ang pagdodokumento ng wika ay isang pangmatagalan at may masaklaw na layunin na talâ o rekord ng wika.² Magagámit ito sa maraming layunin sa pagpapasigla at pagpapaunlad ng wika.

Bílang tugon sa hámong ito, inilunsad ng KWF ang proyektong Lingguwistikong Etnograpiya ng mga Wika ng Pilipinas noong 2018. Pagpapatúloy ito sa nasimulang gawain ng KWF sa pagdodokumento ng wika at kultura noong 2015. Higit na pinalawak ang saklaw ng saliksik at mas komprehensibo ang datos na inaasahang makálap. Ang pagsasakatuparan ng proyektong ito ay naging posible dahil sa suporta ni dáting Senador Loren Legarda, ngayon ay kinatawan ng Antique. Dahil sa suportang pinansiyal mula sa kaniyang opisina, nakapagbigay ang KWF ng *grant* para sa pagdodokumento ng 32 wika.

Sa pagtatapós ng proyekto noong 2020 ay nakapagdokumento ng 30 wika. Maraming natutuhan ang KWF sa pagsasagawa nitó na magiging pundasyon sa pagpapaunlad ng proyekto sa susunod na mga taon. Ninais man ng KWF na mailimbag ang lahat ng natápos na saliksik, mahigpit pa rin ang naging

¹ UNESCO Ad Hoc Expert Group on Endangered Languages. *Language Vitality and Endangerment*. Paris: UNESCO, 2003.

² Himmelman, Nikolaus P. "Language Documentation: What is it and what is it good for?" Nása Gipper, Jost et al. (Eds.) *Essentials of Language Documentation*. Berlin: Walter de Gruyter GmbH & Co., 2006.

pamantayan sa pagsasagawa nitó. Gayunman, lubos ang pagbatì at pasasalamat ng KWF sa mga *grantee* at sa kaniláng institusyon na nakibahagi sa proyekto. Malaking bahagi rin ng tagumpay ng proyekto ang suportang ibinigay ng mga pinunò at mga kasapi ng katutubong pamayanang kultural.

Ang proyektong ito ay simula pa lámang. Hangad ng KWF na magkaroon ng komprehensibong dokumentasyon ang lahat ng katutubong wika ng bansa na magpapakíta ng matálik na ugnayan ng wika at mga katutubong karanasan at kaalaman ng pangkáting etniko na nagmamay-ari nitó. Ang gawaing ito ay hindi káyang gampanan ng KWF nang mag-isa. Kayâ, hinihikayat namin ang suporta at pagtataguyod ng mga iskolar ng wika, akademya, institusyon ng pamahalaán, at ng mga pinunò at mga kasapi ng mga katutubong pamayanang kultural upang maisakatuparan ang hangaring ito.

Sangay ng Salita at Gramatika

TALAAN NG NILALAMAN


Paunang Salita	3
Talaan ng Nilalaman	5
Introduksiyon	7
Pagpapakilala sa Paksa.....	7
Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral	10
Metodolohiya ng Pananaliksik	10
Pamamaraan ng Pagsulat ng Pananaliksik	14
Lokasyon ng Pag-aaral	14
Heograpiya	15
Topograpiya at Politikal na Dibisyon ng Bayang Onhan	15
Demograpiya	21
Terminong Onhan na may Kaugnyan sa Heograpiya	25
Pagkakakilanlan ng Pangkat	26
Identidad ng Pangkat	26
Mga Terminong may Kinalaman sa Pangkat	27
Kasaysayan ng Onhan sa Lalawigan ng Romblon.....	28
Kasaysayan ng mga Bayan ng Wikang Onhan	29
Maikling Kasaysayan ng Looc	29
Maikling Kasaysayan ng Sta. Fe	31
Maikling kasaysayan ng San Andres	33
Maikling Kasaysayan ng Alcantara	35
Sitwasyong Pangwika	36
Katangian ng Wikang Onhan	36
Pang-araw-araw na Ekspresyon, Pahayag, at mga Tanong sa Kulturang Filipino	42
Aspekto ng Pandiwa at Paglalapi sa Wikang Onhan	45
Onhan Bilang Wika ng Pagkatao ng Mamamayan Nito	47
Kasiglahan ng Wikang Onhan	50
Estruktura ng Komunidad	52
Pamilyang Onhan	52
Komunidad ng Onhan	56
Sistema ng Pamamahala	61
Estruktura ng Pamamahala	61
Pagiging Lider	67
Sistemang Pangkabuhayan	70
Pagsasaka at Pangingisda bilang Kabuhayan	70
Negosyo bilang Kabuhayan	84
Terminong may Kaugnyan sa Pangingisda at Pagsasaka	88
Sistema ng Edukasyon	91
Ang mga Paaralan sa Komunidad ng Onhan at Antas ng Literasi	91
Looc National High School, Alcantara National High School, at Tugdan National High School bilang Instrumento sa Edukasyong Onhan	94

Wikang Filipino at Ingles Bilang Midyum sa Pagtuturo	96
Sistema ng Transportasyon at Komunikasyon	97
Sistema ng Transportasyon	97
Sistema ng Komunikasyon	104
Kalusugan sa Komunidad ng Onhan	104
Kalagayan ng Kalusugan	104
Matatandang Panggagamot sa Komunidad ng Onhan	112
Materyal at Di Materyal na Kultura sa Komunidad ng Onhan	117
Materyal at Di Materyal na Kultura sa Pagtatanim/Pagsasaka	118
Materyal at Di Materyal na Kultura sa Pangangisda	120
Paniniwala sa Patay	121
Kilkig: Sanhi at Kagalingan sa Komunidad ng Onhan	123
Ang Kapistahan sa Tanang Onhan	124
Siklo ng Buhay	130
Ritwal sa Pagbibinata: Tuli sa Paltak, Tuling Onhan	130
Sistemang Pangrelihiyon.....	130
Turismo, Pagkain, Ginhawang Onhan	134
Sanggunian	142
Aklal	142
Internet/Online	143
Apendiks	144
Glosaryo	145
Talaan ng Impormant at Balideytor	149
Bionote	152

INTRODUKSIYON

Pagpapakilala ng Paksa

Sa tuwing mababanggit ang lalawigan ng Romblon, marmol agad ang isang bagay na madalas maisip ng mga Filipino ukol sa probinsiyang ito, at ang salitang Romblomanon na may tatlong magkakaibang kahulugan sa lalawigang ito gaya ng Romblomanon na nangangahulugang (1) mamamayan ng Lalawigan ng Romblon, (2) mamamayan ng Bayan ng Romblon, at (3) isa sa tatlong wikang sinasalita sa Lalawigan ng Romblon.



Larawan 1. Promosyonal na Materyal ng Romblon

Subalit higit sa marmol, mayaman ang Romblon sa kasaysayan, tradisyon, paniniwala, at wika. Sa katunayan, taglay ng lalawigang ito ang tatlong wikang may kani-kaniyang katangian at gamit sa lipunang Romblomanon. Ang mga wikang ito ay ang wikang Asi, Ini, at Onhan. Ang wikang Asi ay sinasalita sa mga bayan ng Banton, Corcuera, Concepcion, Odiongan, at Calatrava.

Samantalang ang wikang Ini na kilala din bilang wikang Romblomanon o Sibuyanhon ay maririnig naman sa mga bayan ng Cajidiocan, Magdiwang, Romblon, San Agustin, at San Fernando. At ang wikang Onhan na kilala din

bilang Bisayang Loocnon o Inonhan ay ginagamit naman sa mga bayan ng Alcantara, Looc, Ferrol, San Andres, San Jose, Santa Fe, at Sta. Maria. Sa tatlong wikang nabanggit, makikita na ang wikang Onhan ang may pinakamalawak na sakop sapagkat ginagamit ito sa pitong bayan sa nasabing lalawigan na pawang makikita sa Osigan na ngayon ay kilala bilang Isla ng Tablas.

Sa loob ng halos dalawang linggong pananatili sa mga bayan ng Alcantara, Looc, San Andres, at Santa Fe ay nasaksihan ng mananaliksik at ng kaniyang katuwang na mananaliksik ang pang-araw-araw na gawain ng mga mamamayan nito—magmula sa pagpasok sa paaralan at trabaho, pagsasaka, pangingisda, at pagtitinda hanggang sa kulturang nananahanan at pinanghahawakan ng mga mamamayan nito. Sa emersiyong ito ay naging malay ang mananaliksik sa kayamanang taglay ng mga bayang ito, magmula sa kasimplehan ng buhay hanggang sa kabutihan ng mga Bisayang Onhan. Gaya ng mga bayan sa iba't ibang lalawigan sa bansa, ang mga bayan ng Alcantara, Looc, San Andres, at Santa Fe ay patuloy sa pagsusumikap upang matamo ang ganap na kaunlaran.

Sa pananatili ng mananaliksik sa nasabing mga bayan, hindi naging problema ang pakikipagpagkomunikasyon sa mga Bisayang Onhan bunga ng kahusayan nila sa pagsasalita ng wikang Filipino. Bagama't mahal nila ang kanilang wikang Onhan, di naman nila nakikitang sagabal ang Filipino sa kaunlaran nito. Sa katunayan, marami sa mga nakapanayam ang positibo ang pagtingin sa wikang Filipino subalit buo naman ang kanilang pagnanais na dapat palakasin din ang wikang Onhan sapagkat ito ang wika ng kaibuturan ng kanilang pagkatao.

Malaki ang papel ng nabanggit na tatlong wika sa lalawigan ng Romblon. Ayon kay Esquejo (2015), nagsisilbi itong bentahe ng isang indibidwal na naghahangad ng posisyon sa pamahalaan. Patunay ang pagiging salik nito sa panahon ng eleksiyon kung saan basta't "kasimanwa" o katulad ng sinasalitang wika ay iboboto na ito ng isang Romblomanon kahit hindi pa ganap na kilala ang nasabing politiko. Gayundin, nagsisilbi itong tapayan sapagkat nakatago rito ang kalinangan ng bawat etnolingguwistikong grupo sa lalawigan ng Romblon. Sa katunayan, marami ang nagsasabing ang wika ay nakapaloob at siyang nagsisilbing puso sa katawan ng kultura. Walang wika ang mabubuhay kung hindi nakapanig sa kultura ng lipunan at walang kulturang mananatili o tatagal kung hindi ito maipapahayag sa wika ng mamamayan nito (Batnag at Petras 2009).

Samantala, ipinaliwanag naman ni Dr. Zeus A. Salazar na binanggit nina Batnag at Petras (2009) ang wika ay impukan-kuhanan at daluyan ng kabuoan ng isip, damdamin, gawi, kaalaman, at karanasan ng tao. Ito ay mahalagang sangkap sa pagkakabuo ng bayan o pamayanan dahil sa pamamagitan nito ay nagkakaroon ng sariling pagkakakilanlan ang isang lugar.

Kaugnay nito, sinikap ng papel na ito na dukalin ang yamang taglay ng Romblon (di lamang usapin ng kasaysayan at kultura) sa usapin ng wika partikular na ang wikang Onhan na sinasalita ng mayorya ng mga bayan ng nasabing lalawigan. Subalit inilahad at binigyang paglalarawan lamang ng mananaliksik ang apat sa pitong bayan na gamit ang wikang Onhan---ito ay ang mga bayan ng Alcantara, Looc, San Andres, at Santa Fe. Hindi na mailalatag pa ang kasaysayan, kultura, pamumuhay ng mga mamamayan ng bayan ng Ferrol, San Jose, at Sta. Maria bunga ng kakulangan sa oras at panahon. Magkaganoon pa man, hindi naman ito nakaapekto upang unawin sa makrong-pananaw ang yaman ng kultura at wika at komunidad ng Onhan.

Pero bakit nga ba wikang Onhan ang pinag-aralan ng mananaliksik? Kung pagbabatayan ang mga kaugnay na literatura at pag-aaral sa wikang ito, kakaunti pa lamang ang mga mananaliksik na nagbigay-pansin na pag-aralan ang wikang Onhan. Sa katunayan, dadalawa lamang ang nasaliksik na pag-aaral ng mananaliksik kaugnay sa wikang ito. Ito ay ang mga pag-aaral nina Jason Lobel noong 2002 na pinamagatang “An Introduction to the Languages of Romblon Province”, at ang pag-aaral ni Jem R. Javier noong 2012 na pinamagatang “Dayalektolohiya ng Inonhan sa Isla de Carabao, Romblon” na pawang nakatuon lamang sa lingguwistikong bahagi ng wikang Onhan gaya ng katangian at baryasyon nito. Sa katunayan, ayon sa pag-aaral ni Lobel (2002), ang wikang Onhan ay bahagi ng mga wika sa kanlurang Bisaya na isa sa mga sangay ng wikang Bisaya sa kabuoan dahilan kaya’t ang wikang ito ay kaugnay din ng mga wikang Kinaray-a, Aklanon, Bulalakawnon sa Kipot Tablas sa Mindoro at mga wikang sinasalita sa Semirara at Isla ng Cuyo, at iba pang bahagi ng Palawan. Binanggit din sa nasabing pag-aaral na gaya ng wikang Romblomanon at Asi, taglay rin ng wikang ito ang mga batayang ponema na mayroon ang mga nabanggit na wika. Samantala, lumitaw naman sa pag-aaral ni Javier na tuon sa Isla de Carabao na (1) tunay na magkakalapit ang mga *speech habit* ng mga nakatira sa lahat ng sitio sa nasabing lugar, base sa *cognate percentage* ng mga ito sa isa’t isa; at (2) may limang posibleng diyalekto ng Inonhan sa isla: Inonhan-Busay, Inonhan-Tinap-an, Inonhan-Pacul, Inonhan-Tan-agan, at Inonhan-Sa-id-Batacan, batay sa mga *lexical feature* na masasabing katangi-tangi sa mga sitiong ito.

Bunga ng limitadong impormasyon, naging interesado ang mananaliksik na subukang ilublob ang sarili sa komunidad ng Onhan upang mabatid ang ugnayan ng wikang Onhan sa kapaligiran nito at ang kalagayan nito lalo na sa panahong ito ng mabilis na pagbabago bunga ng teknolohiya at pagsunod sa uso. Ninais ng mananaliksik na punán ang kakulangan o kaibahan ng mga naunang pag-aaral gaya ng kawalan ng pagtalakay sa kulturang nananahan sa mga komunidad ng Onhan, kabuhayan, sistema ng edukasyon at politika, relihiyon, at kasaysayan na pawang may kaugnayan sa pag-unawang ganap sa katangian at kalagayan ng wikang Onhan. Naniniwala ang mananaliksik na mahalagang tingnan ang iba’t ibang elementong nakapaligid sa wikang ito upang mabatid ang yaman at kasalukuyang kalagayan nito.

B. Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral

Sa pitong bayan ng Onhan sa Lalawigan ng Romblon, apat lamang ang naging sentro ng pananaliksik bunga ng kakulangan din sa panahon ng mananaliksik at limitadong badyet. Ito ay ang mga bayan ng Alcantara, Looc, San Andres, at Santa Fe. Nanatili ang mananaliksik sa mga nabanggit na bayan sa loob ng halos dalawang linggo upang mangalap ng impormasyon kaugnay ng layunin ng pag-aaral. Magkaganoon man, hindi ito naging hadlang upang mailatag ang kinakailangang impormasyon ukol sa batayang kaalaman sa komunidad ng Onhan.

Pawang nasa legal na edad at naninirahan sa komunidad ng Onhan sa loob ng 18 taon pataas ang nagsilbing kalahok sa pag-aaral. Sila ay nagsilbing kalahok sa sarbey at indibiduwal at pangkatang panayam.

Samantala, naging tuon lamang ng pag-aaral na ito ang paglalarawan ng batayang kaalaman sa kasaysayan ng bawat bayan, at wika at kulturang Onhan gaya ng pagdodokumento ng kanilang wika at pag-alam sa kasiglahan nito sa iba't ibang domeyn, at paglalarawan ng kultura, at kabuhayan. Hindi na tinangka ng papel na ito na suriin ang mga impormasyong nakalap buhat sa karunungan ng mga kalahok at sa pagmamasid ng mananaliksik gamit ang isang teoryang panglingguwistika at pangkultura.

C. Metodolohiya ng Pananaliksik

Gamit ang mga metodong pagdalaw-dalaw (Gepigon at Francisco,1978), pagtatanong-tanong (Pe-pua, 1989), pakikipanayam, ginabayang talakayan at pagmamasid-masid (Bennagen, 1985) ay nagawa ng mga mananaliksik na makalap ang mga impormasyong kailangan sa pag-aaral. Ang mga nabanggit na mga metodo ay pawang produkto ng Sikolohiyang Pilipino na pinasimulan ni Virgilio Enriquez. Ang mga metodong ito ay nakatulong nang husto upang makalap ang impormasyong kailangan ng mananaliksik sa kaniyang pag-aaral. Pinili ng mananaliksik ang mga metodong ito sapagkat ang lahat ng ito ay nakaugat sa konsepto ng pakikipagkapuwa na mahalaga upang magtagumpay ang isang fieldwork. Dahil sa mga metodong ito partikular na ang pagtatanong-tanong at pagdalaw-dalaw ay nakuha ng mananaliksik ang loob ng mga impormant.

Sa mga panahong inilagi ng mga mananaliksik sa komunidad ng Onhan ay mataimtim na inobserbahan nila ang pang-araw-araw na pamumuhay ng mga ito at sa tulong ng pakikipanayam sa mga lokal ay naging malalim ang pag-unawa ng mga mananaliksik sa wika, kultura at pamumuhay ng mga Onhan. Samantala, bukod sa mga pangkaraniwang mamamayan, nagsilbi ring mga kalahok ang mga opisyal ng bawat munisipyong sakop ng pag-aaral na ito gaya ng mayor ng bayan, konsehal ng bayan, mga puno ng Departamento ng Agrikultura, at Turismo na nagsilbing tulay upang magkaroon ng direktang akses ang mga mananaliksik sa

mga mamamayan nito. Sa katunayan, may mga pagkakataon din na sumasama sila sa mga mananaliksik upang magsilbing gabay at direktang ipakilala sa mga mamamayang Onhan. Ginamit din ng mananaliksik ang wikang Filipino bilang pangunahing midyum sa pakikipanayam o pagtatanong-tanong niya sa mamamayan ng komunidad ng Onhan dahil ito ang wikang nagbibigkis sa kanila. Tandaan, sa pananaliksik mahalagang maisaalang-alang ang wika ng bayan o wikang gamay ng bawat kalahok sa pananaliksik. Dahil sa pagiging lingua franca ng Filipino, ito ang nagsilbing pangunahing wika ng pananaliksik.

Samantala, ginamit din ng mananaliksik ang konsepto ng “pakikiugali” sa Sikolohiyang Pilipino upang higit na maipadama ang sensibilidad sa mga naging kalahok sa pag-aaral. At upang maisakatuparan ito ay nakisangkot ang mananaliksik sa ilang gawain sa komunidad, nakipagkuwentuhan sa mga tagaroon sa panahon ng pahinga partikular na sa may-ari ng mga tinutuluyang bahay o *inn* at maging sa mga drayber ng single o habal-habal na pangunahing transportasyon sa bawat bayang naging lokasyon ng pag-aaral. Bunga ng ganitong kilos ng mananaliksik, nauwi ito sa pakikipagpalagayang-loob sa miyembro ng komunidad.

Hindi naman magiging ganap ang pakikibagay na ito ng mga mananaliksik kung hindi dahil sa nagsilbing tulay sa komunidad ng Onhan. Sa katunayan, naging malaking tulong si G. Dolphy Gabayno, isang mag-aaral ng Biyolohiya sa Romblon State University at tubong San Andres, Romblom na nagsilbing tulay ng mga mananaliksik sa komunidad ng Onhan. Una muna ipinaabot ang mga komunikasyon ng mga mananaliksik sa iba’t ibang puno ng Departamento ng Turismo sa bayan ng Alcantara, Looc, Santa Fe, at San Andres. Nakipag-usap sa mga ito upang magbigay ng paunang impormasyon tungkol sa gagawing pananaliksik sa mga nabanggit na bayan. Bunga nito, naging magaan sa mga mananaliksik ang pakikipagkomunikasyon at transaksyon (bukod pa sa likas na magiliw ang mga nakapanayam) sa mga opisyal na ito.

Samantala, bilang pagbibigay-galang sa mga namumuno ng komunidad ay nagtungo muna ang mga mananaliksik sa Tanggapan ng Punongbayan, Departamento ng Agrikultura, at Departamento ng Turismo ng bawat bayang nagsilbing lokasyon ng pag-aaral upang magbigay ng *courtesy call* sa mga namumuno dito, makapanayam at upang maging malay sa aming presensiya sa kanilang bayan. Ang ganitong pagbibigay-galang ay alinsunod sa *The Statements on the Ethics of the American Anthropological Association* na dapat isaalang-alang sa pananaliksik (Kutsche 1998 binanggit sa Evasco et.al., 2011).



Larawan 2. Mga larawan ng courtesy call
sa mga opisyal at puno ng Bayan ng San Andres at Looc

Narito ang dayagram na nagpapakita ng naging daloy sa pagsasagawa ng pananaliksik na ito upang makalublob sa komunidad:




Figura 1. Ang dayagram na ito ay nagpapakita kung papaano lumublob ang mga mananaliksik sa komunidad ng Onhan sa panahong ng pananaliksik

D. Pamamaraan sa Pagsulat ng Pananaliksik

Sinulat ng mananaliksik ang pananaliksik na ito batay sa transkripsiyon ng mga panayam mula sa mga kalahok mula sa komunidad ng Onhan. Matapos ang pagsulat ng buong manuskrito ay ipinasa na ito sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) upang bigyan ng komento/pagtatama ng kanilang internal at eksternal na konsultant/editor. Tumagal ito ng tatlong linggo bago ito ganap na naibalik sa mananaliksik. Mula sa mga komento ng mga konsultant/editor, nagsimulang irebisa ng mananaliksik ang manuskrito at muling ipinasa sa KWF. Habang nagaganap ang pagbabasa ng internal/eksternal na konsultant/editor ng KWF ay nagsagawa ng balidasyon ang mananaliksik, katuwang na mananaliksik, at isang kinatawan ng KWF sa komunidad ng Onhan. Nagsilbing kalahok sa balidasyon ang mga guro sa antas sekundarya, magsasaka, mangingisda, mag-aaral sa kolehiyo, at manggagawa. Sa nasabing balidasyon ay itinala ng mananaliksik ang mga komento ng mga kalahok upang maitama ang ilang impormasyon. Mula sa komento ng mga *validator* mula sa komunidad at mula sa bagong komento ng mga internal at eksternal na editor/konsultant ay muling nirebisa ng mananaliksik ang manuskrito. Matapos ito ay ipinasang muli ng mananaliksik sa KWF ang nirebisang manuskrito.

Lokasyon ng Pag-aaral



Larawan 3. Mapa ng Romblon

Ang Isla ng Tablas ang nagsilbing lokasyon ng pag-aaral na ito partikular na ang bayan ng Alcantara, Looc, San Andres, at Santa Fe. Sa tatlong isla sa Romblon, ito ang itinuturing bilang pinakamalaki batay sa sukat nito. Ayon sa kasaysayan, ang islang ito ay unang nakilala bilang Osigan at naganap lamang ang pagbabago sa pangalan nang dumating ang mga mananakop na Español. Sa kasalukuyan, ang Odiongan ang nagsisilbing pangunahing bayan ng islang ito. Sa aspektong administratibo, nahahati ito sa mga bayan ng Alcantara, Calatrava, Ferrol, Looc, Odiongan, San Agustin, San Andres, Santa Fe, at Sta. Maria.

HEOGRAPIYA

Mahalagang maunawaan ang papel ng heograpiya ng isang lugar upang ganap ding maunawaan ang hiwaga ng pook na iyon. Ayon nga sa mga eksperto, mahalaga ang pag-unawa sa heograpiya sapagkat ganap na makatutulong ito upang malaman ang likas na yaman ng isang bansa, populasyong bumubuo rito, gawain at kilos ng mga tao, at kung paano ito nakaaapekto sa uri ng pamumuhay ng mga mamamayan ng isang lugar.

Ang Heograpiya bilang disiplina ay maaaring mauri sa dalawa: ang Pisikal na Heograpiya at Heograpiyang Pantao. Ang una ay itinuturing bilang lugar kung saan nagaganap ang pang-araw-araw na gawain ng mga tao. Sakop nito ang lahat ng may kaugnayan sa pisikal na kapaligiran ng lugar magmula sa uri ng lupa (*pedology*), bato at yamang mineral (*geology*), ilog, dagat, lawa, karagatan (*hygrology*) panahon at klima (*meteorology*) hanggang sa uri ng hayop at mga halaman (*biogeography*). Samantala, pinag-aaralan naman sa Heograpiyang Pantao ang presensiya at gawain ng tao, at ang impak nito sa kapaligiran. Sakop din nito ang pag-aaral sa demograpiya, migrasyon, kabuhayan, at distribusyon.

Samakatuwid, malaki ang impluwensiya ng heograpiya sa kilos, pananamit, hanapbuhay, at maging sa kultura at wika ng mga taong naninirahan dito. Sa katunayan, dahil sa napaliligiran ng yamang-tubig ang mga bayan ng Alcantara, Looc, Santa Fe, at San Andres ay kaakibat din nito ang pagkakaroon ng mayamang bokabularyo na may kaugnayan sa pangingisda.

Topograpiya at Politikang Dibisyon ng Bawat Bayang Onhan

Ang Romblon ay kabilang sa Rehiyon IV-B o tinatawag na MIMAROPA (Mindoro, Marinduque, Romblon, at Palawan). Ayon sa *website* ng National Economic Development Authority (NEDA) (2013), ang lalawigan ito ay binubuo ng tatlong pangunahing isla gaya ng Tablas, Romblon, at Sibuyan kung saan ang kabuoan ng lalawigan ito ay pinaliligiran ng Dagat Sibuyan sa hilaga, silangan, at timog at Kipot Tablas sa kanlurang bahagi ng Isla ng Tablas. Batay sa ulat ng *Bureau of Coast and Geodetic Survey* noong 1975 na sinipi ni Esquejo (2015) binubuo ito ng humigit-kumulang 158 na pulo na ang kabuoang sukat ay 135,593 kuwadrang parisukat kung saan 26 lang dito ang may pangalan.

Tablas	Alad	Ginablan
Sibuyan	Cabangajan	Biaringan
Romblon	Logbon	Manamoc
Carabao (Hambil)	Carlota	Alfonso
Banton	Isabel	Polloc

Simara	Cresta de Gallo	Gakut
Maestre de Campo	Guindawahan	Oregon Rock
Cobrador	Bantoncillo	Lictinon
Tinang	Bang-og	

Talahanayan 1: Ang mga pulong matatagpuan sa Lalawigan ng Romblon

Kabilang naman sa mga kabundukan ng lalawigan ang Bundok Guiting-guiting ng Sibuyan na itinuturing na pinakamataas at sikat na bundok sa nasabing probinsiya. Nariyan din ang Bundok Payaopao ng Tablas, Bundok Agbaliga ng Romblon, Bundok Lindero ng Isla ng Carabao, Bundok Ampungo ng Banton, Bundok Anradoon ng Simara, at Bundok Bachawan ng Maestre de Campo (Esquejo, 2015). Hindi rin naman pahuhuli ang Romblon sa mga ilog na nagsisilbing balon ng kabuhayan ng mga mamamayan nito. Sa katunayan, ayon kay Reyes (1995) na sinipi ni Esquejo (2015), biniyayaan ang lalawigang ito ng labimpitong ilog gaya ng Ilog Banadero, Bangon, Bachawan, Calagonsao, Camili, Carolina, Concepcion, Hinugusan, Parpagoja, Limon, Linawan, at Pandan na pawang matatagpuan sa isla ng Tablas. Nariyan din ang Ilog Sablayan at Agnipa na makikita sa Romblon, at mga Ilog Cantingas (Cantinggas), Lumbang, Magdiwang sa isla ng Sibuyan.

Mayaman din ang lalawigang ito sa mga halaman na nakadaragdag sa angking katangian nito partikular na sa isla ng Sibuyan na tinaguriang *Galapagos Island* ng Asya. Sa katunayan ayon sa Foundation for the Philippine Environment (2018), ang islang ito ay tahanan ng 700 na mga halaman at 144 na iba't ibang uri ng punongkahoy. Bukod dito, tahanan din ang Romblon ng 130 iba't ibang uri ng ibon kabilang na ang **Talábong** (Rufous-lored Kingfisher) at ang **Banog** (Philippine Hawk-Eagle). Gayundin ng 9 na uri ng *mammal*, 9 na uri ng paniki at 16 na uri ng reptilya.

Tunay na hindi matatawaran ang angking yaman ng lalawigang ito sa usapin man ng yamang-tubig o lupa. Patunay ang mga halimbawa sa itaas na pawang ipinagkaloob ng Poong Lumikha. Salat man sa modernong kagamitan at teknolohiya, nag-uumpapaw naman sa yamang di-mabibili at malilikha ng tao.

Narito naman ang topograpiya at politikal na dibisyon ng apat na bayan ng wikang Onhan na sakop ng pag-aaral.

Bayan	Paglalarawan
	Ang Bayan ng Looc ay matatagpuan sa timog kanluran ng Isla ng Tablas. Ito ay itinuturing na <i>coastal municipality</i> na napaliligiran ng iba't ibang munisipalidad ng Romblon gaya ng Bayan ng Ferrol at Odiongan (kung ang ruta mula dito ay magmumula sa Brgy. Limon Sur at Limon Norte ng Looc) sa hilaga, Bayan ng

Looc	Alcantara sa silangan, Bayan ng Santa Fe sa timog, at Looc Bay sa kanluran. Ito ay may kabuoang sukat na 6,870 na ektaryang lupain batay sa <i>cadastral survey</i> ng Bureau of Lands na binubuo ng 12 barangay: Brgy. Agojo (Agho), Balatucan, Buenavista, Camandag, Guinhaya-an, LimonNorte, Limon Sur, Manhac, Pili, Poblacion, Punta, at Tuguis. Pinakamalaki sa mga ito ang Brgy. Balatucan na mayroong 1,257.90 na ektarya habang pinakamaliit naman ang Brgy. Tuguis na may sukat na 246.63 na ektarya ng lupa lamang. Mayaman ang Bayan ng Looc sa yamang-tubig. Sa katunayan ito ang nagsisilbing sentro ng buhay pangisdaan sa buong lalawigan. Batay sa ulat ng Municipal Engineering Office (2015) ng bayang ito, ilan sa mga kilalang yamang tubig ay ang Talon ng Lumbia ng Limon Norte, Ilog ng Pili ng Brgy. Pili, Ilog ng Looc ng Poblacion, Ilog ng Dumrog ng Brgy. Punta, Ilog ng Balatucan ng Brgy. Balatucan, at Kipot ng Luna ng Limon Sur. Nariyan din ang Talon ng Lumbia ng Limon Norte, Talon ng Pili ng Brgy. Pili, Creek ng Baiyan, Lumbia, Candoroy at Ambulong ng Brgy. Limon Sur, Creek ng Carolina ng Brgy. Poblacion, Creek ng Cabildoc ng Brgy. Manhac, at Creek ng Cogon ng Brgy. Limon Norte. Samantala, mayaman din sa kagubatan ang bayang ito. Ayon sa Department of Environment and Natural Resources, ang 608.83 ektarya ng lupain ng Bayan ng Looc ay maituturing na <i>forest watershed</i> kung saan sakop nito ang mga Brgy. Poblacion, Punta, Tuguis, Limon Sur, at Limon Norte. Samantala, ang siyam na barangay naman nito ay itinuturing na tahanan ng bakawan gaya ng Brgy. Agojo, Balutacan, Buenavista, Camandag, Poblacion, Punta, Guinhaya-an, Manhac, at Tuguis. Kabilang sa mga uring ito ng bakawan ang bakawan lalaki, bakawan bato, bakawan babae, piyapi, pagatpat, tabigi, talisay, at nipa. Sa kabilang banda, ayon sa Bureau of Soils and Water Management (BSWM) ng Looc, ang bayang ito ay mayroong pitong uri ng lupa gaya ng Hydrosol, Lonos Loam, Malalag Faraon, Tuguis Clay, Mogpog Sandy Loam, Sta. Fe Loam, at Sta. Fe Sandy Loam. Ayon naman sa PAG-ASA, nabibilang ang bayang ito sa tinatawag na <i>TYPE IV Climatic Condition</i> o klima na taglay ang maraming pag-ulan at tatlong buwan na tagtuyot. Sa kabilang banda, taong 1990 nang matuklasan ng mga eksperto ang mayamang deposito ng marmol sa mga barangay ng Limon Norte at Tuguis. Bunga nito, nagkaroon ng <i>quarrying activities</i> upang makuha ang nasabing yamang-mineral na ito. Subalit dahil sa kamahalan ng gastusin at mahigpit na kompetisyon ay natigil din ang operasyong ito. Sa kabilang banda, mayaman din ang Bayan ng Looc sa mga tinatawag na non-metallic na uri ng mineral gaya ng buhangin at graba na malaki ang naitutulong sa kabuhayan ng mga lokal na mamamayan.
------	--

Santa Fe	Ang Bayan ng Santa Fe ay itinuturing na isang tangway o lugar na napaliligiran ng yamang tubig. Ito ay matatagpuan sa pinakatimog na bahagi ng Isla ng Tablas sa Lalawigan ng Romblon. Ito ay may layong 51 kilometro mula sa Bayan ng Odiongan, ang sentrong bayan sa Isla ng Tablas at may isang oras na biyahe papuntang Isla ng Caticlan o Boracay gamit ang <i>pump boat</i>. Ito ay binubuo ng 11 barangay na halos lahat ay malapit sa dalampasigan. Ang mga ito ay ang Brgy. Agmanic, Canyayo, Danao Norte, Danao Sur, Guinbirayan, Guintigbasan, Magsaysay, Mat-i, Pandan, Poblacion, at Tabugon. Dalawa sa nasabing barangay ang itinuturing na banwa (bayan)—ang mga Brgy. Poblacion at Guinbiyaran. Samantala, ang bawat barangay dito ay pinaghihiwalay ng mga bundok at burol kung saan pinakatanyag ang Bundok ng Malbog at Burol ng Calatong. Kilala din ang bayang ito sa mayamang tahanan ng mga bakawan. Sa katunayan, ang 112 na ektarya ng lupain ng bayang ito ay taniman ng mga bakawan mula sa Brgy. Mat-i hanggang Brgy. Danao Norte kung saan ang 25% nito ay ginawa nang palaisdaan dahil sa mayamang tirahan na inihahatid nito sa mga isda ng bayan. Narito ang uri ng mga bakawan na matatagpuan sa bawat barangay ng bayang ito. <table data-bbox="516 1024 1339 1549"> <tr> <th>BARANGAY</th><th>URI NG BAKAWAN</th></tr> <tr> <td>Agmanic</td><td>Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Piyape</td></tr> <tr> <td>Canyayo</td><td>Piyape, Baye, Piyape Lake, Pagatpat</td></tr> <tr> <td>Danao Norte</td><td>Pagatpat, Piyape Baye, Piyape Lake</td></tr> <tr> <td>Danao Sur</td><td>Nipa</td></tr> <tr> <td>Guinbirayan</td><td>Nipa, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, piyape</td></tr> <tr> <td>Guintigbasan</td><td>Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Nipa, Talisay</td></tr> <tr> <td>Magsaysay</td><td>Pagatpat, Piyape Lake, Piyape Baye, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Nipa</td></tr> <tr> <td>Mat-i</td><td>Talisay, Nipa, Pagatpat, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Piyape Baye, Piyape Lake</td></tr> </table> Talahanayan 2. Mga matatagpuang bakawan sa bawat barangay sa Bayan ng Santa Fe Kabilang naman sa mga yamang-tubig ng Bayan ng Santa Fe ang Ilog ng Magsaysay, Ilog ng Pandan, Creek ng Manhac, Ilog ng Guinbirayan, Creek ng Guintigbasan, Creek ng Binaluca, at Ilog Tinago kung saan ang mga nabanggit na yamang-tubig na ito ay tumutungo sa Kipot ng Tablas at Dagat ng Sibuyan. Sa kabilang banda, taglay ng Santa Fe ang tatlong uri ng lupa gaya ng Santa	BARANGAY	URI NG BAKAWAN	Agmanic	Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Piyape	Canyayo	Piyape, Baye, Piyape Lake, Pagatpat	Danao Norte	Pagatpat, Piyape Baye, Piyape Lake	Danao Sur	Nipa	Guinbirayan	Nipa, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, piyape	Guintigbasan	Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Nipa, Talisay	Magsaysay	Pagatpat, Piyape Lake, Piyape Baye, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Nipa	Mat-i	Talisay, Nipa, Pagatpat, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Piyape Baye, Piyape Lake
BARANGAY	URI NG BAKAWAN																		
Agmanic	Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Piyape																		
Canyayo	Piyape, Baye, Piyape Lake, Pagatpat																		
Danao Norte	Pagatpat, Piyape Baye, Piyape Lake																		
Danao Sur	Nipa																		
Guinbirayan	Nipa, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, piyape																		
Guintigbasan	Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Nipa, Talisay																		
Magsaysay	Pagatpat, Piyape Lake, Piyape Baye, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Nipa																		
Mat-i	Talisay, Nipa, Pagatpat, Bakhaw Baye, Bakhaw Lake, Piyape Baye, Piyape Lake																		

Fe Loam, Sandy Loam, at Hydrosol. Kung saan ang 74% ng kabuoang sukat ng lupa ng bayang ito ay itinuturing bilang Sandy Loam Type at ang 21% naman ay binubuo ng Santa Fe Loam na mainam na taniman ng niyog, palay, mais, iba't ibang uri ng prutas at halamang-ugat. At ang natitirang 5% naman ay binubuo ng hydrosol na mainam na maging palaisdaan.

Narito ang talahanayan ng mga uri ng lupa sa Santa Fe at ang sakop na mga barangay nito.

URI NG LUPA	SUKAT AT LOKASYON (Ektarya)	PAGGA-GAMITAN
Santa Fe Loam	1,300 (Guinbirayan, Guintigbasan)	Niyog, palay, mais, halamang-ugat at bungang-kahoy
Santa Fe Sandy Loam	4,485 (Mat-i, Pandan, Canyayo, Poblacion, Danao Sur & Norte, Magsaysay, Tabugon and Agmanic)	Limitadong pagsasaka, pastulan, niyog
Hydrosol	275 (Parts of Mat-i, Canyayo, Pandan, Guinbirayan, Agmanic & Tabugon)	<i>Palaisdaan</i>

Talahanayan 3. Uri ng lupang matatagpuan sa Santa Fe, Romblon

Sa kabilang banda, ang *minimum* at *maximum* na temperatura sa bayang ito ay nasa pagitan ng 20°C tuwing buwan ng Pebrero dahil sa hanging amihan hanggang 35°C sa panahon ng tag-init—mga buwan ng Marso hanggang Mayo.

Taglay rin ng bayan ng Santa Fe ang pagkakaroon ng *non-mineral resources*. Sa katunayan, matatagpuan sa kagubatan ng bayang ito ang iba't ibang uri ng **balagon (vine/baging)** gaya ng **nito**, **huwag**, **pari-pari**, **rattan**, **hipgid**, at **bulacawe** at puno ng **kawayan** na kalimitang ginagamit sa paglalala ng mga basket, plato, kasangkapan sa bahay, pandekorasyon, at ibang bagay na magagawa gamit ang mga ito. Nariyan din ang **kugon** at **nipa** na makikita sa Brgy. Canyayo na ginagamit naman sa paggawa ng **pawid** na nagsisilbing pangunahing materyales sa pagbuo ng bubong at dingding ng ginagawang bahay. Mayaman din sa **gugo** (ang bayang ito na kalimitan namang ginagamit bilang panghalili sa *shampoo*). Ito ay makikita sa kagubatan ng Brgy. Magsaysay. Nariyan din ang mayamang *seagrasses (lusay)* ng bayang ito na matatagpuan sa Brgy. Mat-i hanggang Brgy. Danao Norte. Kabilang sa mga varayti nito ang kulay berde, kulay brown, at

	kulay pulang <i>sea grasses</i> na nagsisilbing tahanan ng iba't ibang uri ng yamang-dagat gaya ng seganidae, teraponadde, lunanidae, mugiidae, alimango, hipon, at iba pa. Nariyan din ang iba't ibang uri ng isda gaya ng seganidae (burawis) na yaman ng Santa Fe, karurong/kalulong (Moorish idol /Zanclidae/ Parrot fish/scaridae), alibangbang (Butterfly fish Chaetodontidae), uros (Damsel fish/ Pomacentridae), baghak/inid (Grouper/Serranidae) biyargon (Rabbitfish/ Seganidae), at gurayan/bungtan (Goatfish/Mullidae). Nagsisilbi ring itlogan ng pawikan ang mga baybayin ng iba't ibang barangay sa bayang ito kabilang na ang Canyayo, Agmanic, Tabugon, Guinbirayan, Guintigbasan at Danao Norte.
San Andres	Ang bayan ng San Andres ay may layong 346 kilometro mula sa timog ng Maynila at 35 kilometro mula sa bayan ng San Agustin, Romblon. Ito ay binubuo ng labintatlong barangay kung saan nahahati sa dalawang kategorya—ang iraya (<i>upland barangays</i>) at baybay (<i>coastal barangays</i>). Kabilang sa una ang Brgy. Marigondon Norte (Marinorte), Marigondon Sur (Marisur), Victoria, Pag-alad, Jun Carlo, at Doña Trinidad. At tinatawag naman na baybay ang mga Brgy. Agpudlos, Linawan, Calunacon, Poblacion, Mabini, Tan-agan, at Matutuna. Taglay nito ang anim na uri ng lupa gaya ng Laylay Sandy Loam, Mogpog Clay Loam, Tuguis Clay Loam, Lonos Loam, Hydrosol, at Malalag Faraon Complex. Taglay din ng Bayan ng San Andres ang iba't ibang uri ng mineral gaya ng ginto, <i>nickel</i>, at <i>copper</i>. Nariyan din ang mga sinasabing non-metal gaya ng <i>gemstone</i>, <i>limestone</i>, at <i>marble</i>. Mayaman din ang bayang ito sa mga bakawan na nagsisilbing tahanan ng iba't ibang uri ng isda, <i>amphibians</i>, reptilya, mga insekto, at ibang anyo ng <i>marine organisms</i>. Sa katunayan sa kabuoang sukat ng dalampasigan (coastline) ng bayang ito na 8, 576.80, ang limampung ektarya nito ay nananatili bilang taniman ng mga bakawan na may iba't ibang uri gaya ng Bakawan Lalaki, Bakawan Babae, Pagatpat, Piapi, Tabigi, Nipa, at Bakawan Bato. Samantala, bukod sa bakawan, taglay din ng San Andres ang mayamang lusay (<i>seagrasses</i>) na nagsisilbing tahanan, pagkain, at itlogan ng iba't ibang varayti ng suso, alimango, litug/kayog (<i>scallop</i>), at malaking tulong sa buhay ng dugong na may siyentipikong termino na <i>Dugong-dugon</i>.
	Matatagpuan ang Bayan ng Alcantara sa timog-silangang bahagi ng Isla ng Tablas, kung saan sa hilaga nito ay matatagpuan ang Bayan ng Sta. Maria, Bayan ng Looc sa kanluran, at Bayan ng Santa Fe sa timog. Ito ay may kabuoang sukat na 9,514 ektaryang lupain na binubuo ng labindalawang barangay gaya ng Brgy.

Alcantara	Bonlao, Bagsik, Calagonsao, Camili, Comod-om, Gui-ob, Lawan, Madalag, Poblacion, San Isidro, San Roque, at Tugdan. Nakatuon ang pamumuhay ng bayang ito sa agrikultura at pangingisda. Sa katunayan, ang 5,302 ektarya ng lupain ng bayang ito ay nakalaan sa pagsasaka at pagtatanim. Sa kabilang banda, ang <i>clay</i> , <i>loam</i> , at <i>sandy</i> ang tatlong uri ng lupa na taglay ng bayang ito. Ito rin ay may dalawang uri ng klima, ang tagtuyot na nagsisimula sa buwan ng Enero hanggang Abril at tag-ulan na nagsisimula sa buwan ng Mayo hanggang Disyembre. Gaya ng ibang bayang Onhan, mayaman din ang Alcantara sa yamang mineral gaya ng copper (Camili, Tugdan, Calagonsao), ginto (Camili, Tugdan, at Calagonsao), bakal (Camili, at Tugdan), white clay (Camili at San Isidro), graba at buhangin (Gui-ob, Lawan, Tugdan, at Calagonsao).
-----------	---

Demograpiya

Batay sa ulat ng National Statistics Office (NSO) noong taong 2015, tinatayang nasa 292,781 ang kabuoang populasyon ng Lalawigan ng Romblon kung saan nangunguna dito ang Bayan ng Odiongan na nakapagtala ng kabuoang bilang ng populasyon na 45,367 na sinundan naman ng Bayan ng Romblon na mayroong 38,758 na bilang ng populasyon. Itinuturing naman na may pinakamaliit na bilang ng populasyon ang Bayan ng Concepcion na nakapagtala lamang ng 4,037. Samantala, pumalo naman sa 81,665 ang kabuoang bilang ng populasyon mula sa pitong bayan ng wikang Onhan kung saan ang Bayan ng Looc ang nakapagtala ng pinamalaking bilang ng. Ibig sabihin, kahit 7 sa 17 bayan ang nagsasalita ng Onhan (mayorya sa bilang ng bayan), wala pa rin sa 1/3 ng kabuoang populasyon ng buong lalawigan ang Onhan kung kaya masasabing mas nakapangyayari pa rin sa demograpiya, politika, at ekonomiya ang Asi at Romblomanon.

Narito ang bilang ng populasyon sa pitong bayan ng wikang Onhan sa mga taong 2007, 2010, at 2015.

Bayan ng Onhan	2007	2010	2015	Ranggo
Alcantara	15,370	15,428	16,351	3
Ferrol	6,395	6,802	6,964	7
Looc	20,787	21,841	22,262	1
San Andres	14,120	15,028	15,889	4
San Jose	9,428	10,294	10,881	5
Santa Fe	16,315	15,700	16,098	2
Sta. Maria	7,520	7,683	8,508	6

Talahanayan 4. Mga Bayan ng Ohnan

Sa mga bayang ito, malinaw na maraming tagapagsalita nito ay naninirahan sa bayan ng Looc—ang itinuturing na sentro ng kalakalan at kabuhatan sa mga bayan ng komunidad ng Onhan. Pumangalawa ang Bayan ng Santa Fe, na di naman matatawaran ang matahimik na pamumuhay na nakaugat sa kalikasan gaya ng agrikultura at pangingisda. May pinakamaliit na bilang naman ang Bayan ng Ferrol na dating sakop ng Bayan ng Odiongan. Samantala, sa kabuoan ay makikita na pawang pagtaas sa bilang ng populasyon ang nagaganap sa pitong bayan ng wikang Onhan sa kabila ng pangingibang-bayan o bansa ng ilang Onhan. Walang pagbaba na naganap kung ang datos na ito ang pagbabatayan. Sa ganitong kalagayan, ang pagtaas ng bilang ng populasyon sa mga lugar na ito ay nangangahulugan din ng pagtaas ng bilang ng mga gumagamit ng wikang Onhan. Subalit batay sa obserbasyon ng mananaliksik at pahayag ng mga kinapanayam, laganap na rin ang paggamit ng wikang Filipino dahil na rin sa ito ang wika ng midya sa ating lipunan, wika ng edukasyon sa buong lalawigan ng Romblon, at wika ng mga Filipinong migrante na piniling manatili na lamang sa Romblon. Sa ganitong sitwasyon, hindi nila ito itinuturing na suliranin sapagkat para sa kanila mahalagang matuto rin ng wikang Filipino, habang pinapanatili at pinatatatag ang wikang Onhan. Naniniwala sila na magaganap ito kung paiigtingin ang Onhan bilang wika sa pagtuturo sa mga paaralan at sa pamamagitan ng pagtuturo ng Onhan sa mga bata sa tulong ng mga magulang upang ganap na mapanatili at di mawala. Samantala, makikita naman sa ibaba ang mga talahanayan na nagpapakita ng populasyon ng bawat barangay na bumubuo sa bayan ng Alcantara, Looc, San Andres, at Santa Fe.

DEMOGRAPIYA NG BAWAT BARANGAY NG BAYAN NG ALCANTARA (2018)

BARANGAY	KABUOANG BILANG NG POPULASYON
Bonlao	1283
Calagonsao	1280
Camili	1681
San Roque	1036
Comod-on	970
Gui-ob	1490
Madalag	1360
Poblacion	2183
San Isidro	1099
Tugdan	2808
Bagsik	1021
Lawan	722
Kabuoan	16, 933

Talahanayan 5. Bilang ng populasyon ng bawat barangay ng Alcantara

**DEMOGRAPIYA NG BAWAT BARANGAY NG BAYAN NG SAN
ANDRES (2015)**

BARANGAY	KABUOANG BILANG NG POPULASYON	BILANG NG KABAHAYAN
URBAN		
Poblacion	1,563	336
Sub-Total	1,563	336
RURAL		
Agpudlos	1,317	285
Linawan	1,444	318
Calunacon	1,681	385
Mabini	1,421	329
Pag alad	1,292	268
Jun Carlo	613	140
Dona Trinidad	614	142
Marigondo Sur	1,191	230
Marigondon Norte	1,003	220
Matutuna	1,404	287
Tan-agan	1,683	397
Victoria	663	132
Sub-Total	14,326	3,133
Kabuoan	15,889	3,469

Talaanayan 6. Bilang ng populasyon at kabahayan ng bawat barangay ng San
Andres

DEMOGRAPIYA NG BAWAT BARANGAY NG BAYAN NG LOOC (2015)

BARANGAY	KABUOANG BILANG NG POPULASYON	BILANG NG KABAHAYAN
URBAN		
Poblacion	3, 370	911
Sub-Total	3,370	911
RURAL		
Agojo	1, 753	333
Balatucan	1,088	218
Buenavista	1, 409	286
Camandag	2, 007	375
Guinhaya-an	1, 534	321
Limon Norte	1, 980	398
Limon Sur	2, 468	506
Manhac	1, 368	315
Pili	1, 072	253

Punta	2, 995	558
Tuguis	1, 218	206
Sub-Total	18, 892	3, 769
Kabuoan	22, 262	4, 680

Talahanayan 7. Bilang ng populasyon at kabahayan
ng bawat barangay ng Bayan ng Looc

**DEMOGRAPIYA NG BAWAT BARANGAY NG BAYAN
NG SANTA FE (2015)**

BARANGAY	KABUOANG BILANG NG POPULASYON	BILANG NG KABAHAYAN
Guinbirayan	1,714	416
Poblacion	2,342	549
Sub-Total	4,056	965
Agmanic	1,729	379
Canyayo	1,552	338
Danao Norte	1,200	292
Danao Sur	751	185
Guintigbasan	741	180
Magsaysay	1,409	321
Mat-i	1,191	259
Pandan	1,360	324
Tabugon	2,109	468
Sub-Total	12,042	2,746
Total	16,098	3,711

Talahanayan 8. Bilang ng populasyon at kabahayan
ng bawat barangay ng Santa Fe

Sa pagsusuri, mapapansin sa mga datos na ang Brgy. Poblacion ng bawat bayang Onhan ay taglay ang pinakamataas na bilang ng populasyon. Ang ganitong sitwasyon ay bunga ng ekonomikong salik. Marahil nakikita ng mga lokal na mamamayan ang oportunidad na mayroon sa mga Poblacion gaya ng pagkakitaan/negosyo, maaayos na mga paaralan, kalapitan sa mga klinika o ospital, at simbahan o bahay-sambahan. Sa katunayan lantad ang kakulangan ng pagkakakitaan ng mga mamamayan na naninirahan sa mga rural na barangay. Iba sa mga Brgy. Poblacion na bukod sa sentro na ng kabuhayan ay taglay din ang maayos na sistema ng transportasyon at komunikasyon.

Sa ganitong kalagayan, mahihinuha na mas maraming tagapagsalita ng wikang Onhan ang matatagpuan sa mga Brgy. Poblacion sa bawat bayan ng Onhan. Subalit di rin maikakaila na naaapektuhan na rin ang katatasan sa pagsasalita ng Onhan ng mga mamamayang naninirahan sa mga Brgy. Poblacion partikular na ang mga bata at kabataan dahil sa kaunlarang taglay nito. Halimbawa, dahil sa maayos na sistema ng komunikasyon, ang mga kabahayan ay

may kani-kaniya nang *cable system* na ang kadalasang programa ay nasa wikang Ingles at Filipino. Dahil lantad sila sa ganitong sitwasyon, di maikakailang naapektuhan nito ang kahusayan nila sa wikang Onhan. Nariyan din ang malaking epekto ng mga dayuhang (Filipino man o banyaga) naninirahan sa Poblacion ng bawat bayan ng Onhan na kalimitang kinakausap ng isang Onhan gamit ang wika ng mga dayuhan gaya ng Filipino at Ingles. Bunga ng ganitong sitwasyon, maaaring makalilimutan na ng mga bata/kabataang Onhan ang mga bokabularyo ng kanilang katutubong wika kung hindi mababantayan. Ang pangyayaring ito ay pinatotohanan ng mga nakapanayam na matatanda sa pananaliksik na ito. Ayon sa kanila, ang ganitong pangyayari ay bunsod ng pagiging babad ng mga bata/kabataan sa midya na ang kalimitang ginagamit ay wikang Filipino bilang wika ng iba't ibang programang binubuo ng mga *media practitioner*. Dagdag pa ang madalas ding paggamit ng wikang Filipino bilang wika sa sistema ng edukasyon sa mga paaralang Onhan.

Sa larangan ng Lingguwistika, ito ay tinatawag na “language attrition” kung saan ang isang katutubong tagapagsalita ay maaaring maging banyaga sa kaniyang sariling wika bunga ng pagkatuto at madalas na paggamit ng pangalawang wikang kaniyang sinasalita. Ayon nga kay Monika Schmid ng University of Essex, isang dalubwika at mananaliksik sa ganitong penomenong pangwika na binanggit ni Sophie Hardach (2018), ang ganitong kalagayan ay hindi lamang nangyayari sa mga dayuhang nanirahan na sa isang komunidad. Maaari din itong mangyari sa isang indibiduwal na talagang natuto na ng pangalawang wika. Sa katunayan, sa oras na matuto ng pangalawang wika ang isang tao, nagsisimula na ring magkaroon ng kompetisyon sa una at pangalawang wika. Samantala, ang ganitong penomena ay madaling maipaliwanag sa kaso ng mga batang Onhan. Dahil sa kanilang murang edad ang kanilang utak ay mas mabilis makapag-adapt sa mga bagong impormasyong pumapasok. Sa katunayan, hangga’t hindi pa nakaabot sa edad na 12 ang isang bata, mas madali siyang matuto ng pangalawang wika na maaaring maging sanhi ng paghina o tuluyang pagkawala ng kaniyang kaalaman sa kaniyang unang wika.

Terminong Onhan na may Kaugnyan sa Heograpiya

Onhan	Filipino	Onhan	Filipino
Norte/kanaway	Hilaga	Sidlangan/surubatan	Silangan
Katulungdan	Kanluran	Sur	Timog
Hangin	Hangin	Patag	Kapatagan
Lugta	Lupa	Lawod	Dagat
Suba	Ilog	Libuo/Danao	Lawa
Parayan	Palayan	Sapa	Sapa
Bakuntor	Bukid	Bakhaw	Bakawan

Talahanayan 9. Terminong Onhan sa Heograpiya

PAGKAKAKILANLAN NG PANGKAT

Identidad ng Pangkat

Sa usapin ng pagkakakilanlan, litaw na ang katawagan nila sa kanilang sarili ay nakabatay sa bayan na kanilang pinagmulan. Batay sa suri ng mananaliksik, laganap ang paggamit ng mga katagang "anon", "hon", at "non" bilang pantukoy sa mga taong nakatira sa lalawigan ng Romblon. Halimbawa, sa mga taga-Alcantara ay tinatawag nila ang kanilang sarili bilang "Alcantaran**HON**, Looc**NON** naman sa Looc, San Andres**NON** naman sa San Andres, at Santa Fen**HON** naman ang tawag ng mga mamamayan ng Santa Fe sa kanilang sarili. Samantala, tinatawag naman silang Romblomanon ng mga tagalabas sa lalawigang ito sapagkat ito ang kolektibong pagtawag sa lahat ng mga mamamayan na nakatira sa lalawigan ng Romblon. Sa kabilang banda, malinaw sa mga Romblomanon (mamamayan ng Romblon) na ang kanilang etnisidad ay tunay na nakasandig sa pagiging Bisaya. Ayon nga kay Esquejo (2015) ang ganitong mga katawagan sa mga mamamayan ng isang lugar ay kalimitang katangian ng mga mamamayan ng kapuluan ng Bisaya tulad ng Akea**NON**, Hiligay**NON**, Capiz**NON**, at Sugbuha**NON**. Bilang karagdagan, maipapaliwanag din kung bakit mas itinuturing ng mga Romblomanon na sila ay isang Bisaya bagaman naging kabilang sa Rehiyong IV (Timog Kataglugan) dahil sa pagkakahawig din nito sa mga wika sa Bisaya. Sa katunayan, kung ang pagbabatayan ay ang datos ng Etnologue (2015) tinatayang ang wikang Onhan na sinasalita ng 85,000 ng mamamayan ng Romblon ay hawig ng 70% sa wikang Odionganon (Bantoanon/Asi), 93% sa wikang Aklanon, at 85% sa wikang Caluyanun ng Antique. Ang mga nasabing wika ay itinuturing bilang bahagi ng wikang Bisaya sa kabuoan. Samantala, ayon naman kay Lobel (2002), ang wikang ito ay kabilang sa klasipikasyon o sangay ng mga wika sa kanlurang Bisaya gaya ng wikang Kiniray-a, Aklanon, Bulalakawnon, at iba pang mga wika na sinasalita sa isla ng Semirara at Cuyo at ibang bahagi ng Palawan.

Kung kasaysayan naman ang pagbabatayan, masasabing tunay na Bisaya ang identidad ng mga mamamayan ng Romblon sapagkat naging sub-province ito ng Capiz mula taong 1907 hanggang 1918 at naging bahagi rin ang lalawigang ito ng teritoryo ng Panay sa ilalim ng pamumuno ni Gobernador Tomas Confesor at ng Free Panay Guerilla Forces Military District ni Heneral Macario Peralta noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig (Esquejo 2015). Sa kabuoan, hindi maipagkakailang ang mga Romblomanon ay tunay na Bisaya magmula sa usapin ng wika, kultura, o maging sa kasaysayan.

Isa rin sa pamantayan ng identidad ng mga Romblomanon gaya ng Onhan ay ang kanilang apelyido. Sa katunayan, sa maraming pagkakataon, makikilala ang isang Romblomanon kung siya ay Onhan, Asi, o Ini batay sa apelyidong dala-dala niya. Halimbawa, sa Alcantara at San Andres, pawang letrang "G" ang

apelyido ng mga naninirahan dito gaya ng Galicia, Galicha, Gacula, Gado, Gabayno, Gaytano, Garido, at Galindez. Batay sa teorya ni Esquejo (2015), lumilitaw na nakaklasipika ang mga apelyido sa Romblon sang-ayon sa wikang ginagamit nito. Halimbawa, laganap ang wikang Asi sa mga bayan ng Banton, Concepcion, Corcuera, Calatrava at Odiongan kung saan ang mga apelyido ay kalimitang nagsisimula sa letrang “F” gaya ng Fajilan, Falamig, Fajutnao, Festin at iba pa. Sa kaso ng wikang Onhan na kinabibilangan ng bayan ng Alcantara, Ferrol, Looc, San Andres, San Jose, Santa Fe, at Sta. Maria lantad ang apelyidong nagsisimula sa letrang “G” at puro letrang “M” naman nagsisimula ang apelyido ng mga mamamayang sinasakop ng wikang Romblomanon (Ini) gaya ng bayan ng Cajidiocan, Romblon, Magdiwang, San Agustin, at San Fernando. Ang ganitong kaayusan ay bunga ng pamamaraan ng mga Espanyol na makontrol ang mga mamamayan sa sistema ng pagbubuwis.

Samantala, bukod sa apelyidong kanilang dala-dala, ang mga mamamayan ng komunidad ng Onhan ay nagkakakilala rin sa pamamagitan ng mga bansag na ibinigay sa kanila ng mismong komunidad na kanilang kinabibilangan. Kadalasan, ang bansag na ito ay bunga ng hanapbuhay na nakakabit sa taong pinatutungkulan. Halimbawa nito ay ang sumusunod: Milang Magsusuman, Niding na Prinsipal, Elizabeth na Manghihilot, Anneleng Albularyo, o si Konsehal. Sa ganitong sitwasyon, mas mabilis na nakikilala ng komunidad ang kanilang kapitbahay.

Mga Terminong may Kinalaman sa Pangalan ng Pangkat

Narito ang katawagan ng mga mamamayan ng Alcantara, Looc, Santa Fe, at San Andres sa kanilang wika at sa sarili.

Bayan	Katawagan sa mga Mamamayan	Katawagan sa Wika
Alcantara	Alcantaranhon	Onhan/Bisaya
Looc	Loocnon	Loocnon/Inonhan
San Andres	San Andresnon	Onhan/Bisaya
Sta. Fe	Sta. Fenhon	Onhan/Bisaya

Talahanayan 10. Katawagan sa Wika at Mamamayan sa mga bayang Onhan

Samantala, sa pagtatanong-tanong na isinagawa ng mga mananaliksik sa mga mamamayan ng komunidad sa panahon ng kanilang pananatili sa lugar, mas tinatawag nila ang kanilang wika bilang Bisaya kaysa sa Onhan. Tanging mga nakapag-aral lamang na naturuan na sa paaralan ang nagsasabing ang wika nila ay Onhan o kapag binanggit lamang ito ng mananaliksik. Subalit sa kabuoan, mas madalas nilang sabihing Bisaya ang kanilang wika.

Kasaysayan ng Onhan sa Lalawigan ng Romblon

Marahil isa sa malaking katanungan ng mga nag-aaral ng kasaysayan, kultura, at lipunan ng Romblon ay kung paano nga ba dumating ang Onhan sa lalawigang ito o saan nagmula ang katawagang Onhan sa mga taong nagsasalita nito. Ayon sa naganap na panayam ng mga mananaliksik kay Esquejo (2018), ang mga Onhan ay una pang dumating sa mga Asi. Sa katunayan, sumunod ang Onhan sa mga Ati at Mangyan. Samantalang, ayon kay Meñez (1998) isang gurong Asi na tubong Odiongan na nakapagsulat ng lokal na kasaysayan ng kanilang bayan na binanggit ni Esquejo (2015) sa kaniyang artikulong pinamagatang "Mula Panay tungong Romblon: Ang Boyong bilang Tagapagtatag ng mga Banwa ng Tablas", ika-16 at ika-19 na siglo nang dumayo ang mga Nayon at Onhan Bisaya sa lalawigan ng Romblon mula Panay. Sinasabing sila ay pami-pamilyang sumakay ng bangka at nagsagawa ng pagkakaingin, pagtatanim, at pag-aani at saka muling bumabalik ng Panay. Dahilan kung kaya't hindi agad sila nakabuo ng sariling komunidad sa lalawigang ito. Samantala, sa tuwing tatanungin sila ng mga kababayan nila sa Panay sa panahon ng kanilang pagbabalik tungkol sa kung saan sila nagmula ay deretsahan naman nilang sinasagot ang mga ito ng "nayon" na ang ibig sabihan ay bahagi ng Tablas (kung saan matatagpuan ang sentro ng mga banwa). May nagsasabi rin naman ng "onhan" na katunog ng "unahan" na nangangahulugang bahagi ng Tablas (kung saan malayo pa sa mga sentro ng mga bayan). Dahil dito, nagbunga ito ng pagkakaroon ng dalawang pangkat na Onhan Bisaya at Nayon Bisaya na hindi nagtagal ay nakilala na lamang bilang Onhan Bisaya gayundin ang kanilang wikang sinasalita.

Sa kabilang banda, negatibo ang naging paglalarawan ni Meñez (1998) sa Onhan Bisaya. Ayon sa kanya:

"Ang lebel ng kultura at katalinuhan ng mga Unhan Bisaya (Onhan) ay maikukumpara sa mga Mangyan. Sila ay ignorante, mahiyain, at paurong. Sila ay mga tamad at gaya ng mga manggagawa at magsasaka sila ay di maaasahan kaya naman sila ay di sang-ayon sa kaunlaran ng Odiongan. Mahilig sila sa pamahiin at naniniwala sa konsepto ng malas at suwerte. Sa katunayan, ipinagpapaliban muna nila ang pagtatanim sa kanilang mga palayan upang hintayin muna ang tinatawag nilang masuwerteng araw ng pagtatanim gaya ng kabilugan ng buwan o kung tuwing hibas. Bago magtanim o mag-ani ng kanilang palay, isang albularyo ang kanilang iniimbitahan upang magsagawa ng seremonya sa palayan na tinatawag nilang "Tuna" o "simula". Mahilig din silang mag-alay ng kung ano-ano sa tuwing sila ay maghuhukay ng dike upang di mabulabog ang masamang espiritu. Pangkaraniwan din sa kanila ang magdala ng anting-anting na naglalaman ng mga bawang, ugat, uling, luya, at mga buto bilang proteksiyon sa mga aswang o masasamang espiritu."

Dagdag pa rito, ayon kay Esquejo (2015), itinuturing din ni Meñez (1998) na negatibong ugali o katangian ng mga Onhan ang hilig nila sa paghahanda ng pagkain tuwing okasyon gaya ng pagsasagawa ng nobena (siyam na araw na padasal) kapag may sakit ang miyembro ng pamilya at magpapakain sa ika-siyam na gabi, **pangopong** o araw ng pasasalamat isang beses isang taon tuwing panahon at pagkatapos ng anihan, at **pasukat** o anibersaryo ng kamatayan ng isang miyembro ng pamilya.

Ang ganitong mababang pagtingin ni Meñez na isang taga-Odiongan ay bunga ng hindi magandang karanasan niya sa mga Onhan Bisaya.

Kasaysayan ng mga Bayan ng Wikang Onhan

Maikling Kasaysayan ng Looc

Ayon sa tala, sinasabing mga Ati (Aeta) ang unang nanirahan sa Brgy. Agojo, Looc mula sa Panay at sinundan ito ng mga Mangyan mula sa Mindoro (may nagsasabing ang mga Mangyan ay buhat din sa lalawigan ng Romblon). Doon ay magkasama silang namuhay dala ang magkaibang kultura at paniniwala.

Ayon kay Herminigildo A. Javier mula sa kaniyang librong di nailathala, ito ay unang pinamahalaan ni Inggo Bayon (Bayonne) sa loob ng 25 taon mula taong 1630 hanggang 1655. Subalit nang maging pinuno si Soli-an, isang Mangyan ay nilisan ng mga Ati ang bayang ito at nagtungo sa Layog na kilala ngayon bilang Bayan ng Santa Fe upang doon na manirahan.

Makalipas ang pangyayaring ito ay inukupa naman ng mga Bisaya mula sa Panay (Antique at Aklan) ang Bayan ng Looc at ang katimugan ng Isla ng Tablas. Sa bayang ito ay sinasabing una silang bumuo ng komunidad sa Buenavista. Hanggang sa paglipas ng panahon ay dumating na rin ang mga Tagalog mula sa Batangas, Cavite, at Tayabas noong 1815 na dala-dala ang kanilang kakayahan sa pagnenegosyo, salapi, at mga paninda gaya ng tela, palakol, pang-araro, at alak upang ipagpalit sa mga unang naninirahan sa lugar hanggang sa di-nagtagal ay kinilala ang mga dayong bilang mga nakatataas sa lipunan dahil karamihan sa kanila naging may-ari ng mga lupain sa bayang ito. Ayon naman kay Esquejo (2018), nangyari ang pagdating ng mga Tagalog sa Bayan ng Looc noong 1870 matapos pumutok ang Bulkang Taal noong dekada 1870 kung saan kasama rin pinuntahan nila ang Bayan ng Odiongan.



Larawan 4. Bahay Pamahalaan ng Bayan ng Looc

Sa kabilang banda, batay sa isinulat ni Celestino Carreon (walang petsa), naging guro at punongguro sa pampublikong paaralan at isa sa mga lokal ng Looc, sinasabing ang pangalan ng bayang ito ay mula sa salitang "lo-oc" na sa wikang Onhan ay nangangahulugang "choke" o "paglunok".

Ayon sa kuwentong-bayan na nagpasalin-salin na sa mga mamamayan ng bayang ito, matatandaan na sa kasaysayan ay hindi maganda ang imaheng nabuo ng mga Moro. Sa katunayan, kilala sila sa pagnanakaw at panggugulo sa komunidad. Hanggang isang araw ay dumating na ang kinatatakutan ng mga taga-Looc. Narating ng mga Moro ang bayang ito sakay ng kanilang sasakyang-pandagat. Sinasabing sa mga oras na ito ay puno ng kaba ang puso ng mga mamamayan. Hindi maipaliwanag ang kanilang nararamdamang takot bunga ng mga naririnig nilang katangian ng mga Moro.

Sa kabila nito ay nagpatuloy lamang sila sa pagdarasal. Dahil sa samang panalangin, isang higante na nagngangalang Talabukon ang nagpakita upang sila ay iligtas sa kapahamakan. Ayon sa kuwento, di umanoy isa-isang "ni-looc" o sinakal ni Talabukon ang mga Moro upang hindi makapanggulo sa tahimik na bayang ito. Ang takot at kabang nararamdaman ng mga mamamayan ay napalitan ng saya at tagumpay. Dahil sa pagsakal/pag-looc ni Talabukon sa mga kaaway ay namutawi sa mamamayan nito ang salitang "lo-oc". Simula noon, ang bayang ito ay nakilala bilang bayan ng Looc. Batay sa pa rin sa mga kuwento, ang mga paa ni Talabukon ay matatagpuan sa Kawit Point at sa Agojo Point na hanggang ngayon ay makikita pa rin sa bayang ito.

Sa kabilang banda, nilinaw naman ni Esquejo (2015) na hindi basta-basta higante si Talabukon kundi isang **“boyong”** na may marangal na katayuan sa mga taga-Panay subalit itinuring na kriminal ng mga Español. Sa katunayan, ayon sa kasaysayang pasalita, si Talabukon ay isang “boyong” na mula sa lalawigan ng Panay na nagawi sa bandang timog ng Tablas kung saan matatagpuan ang isang look. Ayon kay Vicente Villan (1998) ang “boyong” ay hindi negatibo gaya ng paniniwala ni Meñez (1998) sa halip positibo ang tunay na kahulugan nito na nangangahulugang umiikot at umiinog. Maituturing silang mga bayani ng bayan dahil sa hindi sila nagpasakop sa kapangyarihan ng mga mananakop na Español at pagtutol sa kaayusang kolonyal.

Samantala, gaya ng paniniwala ng mga taga-Looc sa kasalukuyang panahon, si Talabukon ay kilalang may kakayahang makapanggamot ng mga karamdaman, pagkakaroon ng malinaw na mata, at pagpapalit ng anyo bilang isang higante (Cordova 2012). At nang minsang umatake ang mga Moro mula sa timog agad na humingi ng tulong ang mga tao kay Talabukon at sa pamamagitan ng kaniyang pag-aanyong higante ay agad niyang napuksa ang masamang plano ng kalaban sa pamamagitan ng pag-looc o pagsakal sa kanila. Bunga nito binigyang-pugay si Talabukon ng mga taong-saksi sa pangyayaring ito. Hindi nagtagal ang lugar na ito ay pinangalanang Looc dahil sa pag-looc niya sa mga nasabing Moro (Esquejo 2015).

Sa kabilang banda, kung noon ang salitang “boyong” ay titulo ng pagdakila at kabayanihan sa sinaunang Panayanhon. Ngayon ito ay itinuturing na napakaderogatoryong salita na iniuugnay sa taong puno ng kasamaan gaya ng mananamam, manghaharang, bandido, kawatan, brigada, at mamamatay-tao (Esquejo 2015).

Maikling Kasaysayan ng Santa Fe

Pinaniniwalaang ang mga Ati ang unang nanirahan sa Bayan ng Santa Fe, Romblon. Sa katunayan, nagsimula silang mamuhay dito noong Panahong Paleolitiko. Ayon sa kasaysayan, nagmula sila sa Panay (Nayon) at Isla ng Carabao. Unang nakilala ang Santa Fe sa pangalang Catolog. Taong 1620 isang “boyong” na nagngangalang Francisco Geguillan mula sa Antique ang tumakas sa nasabing lalawigan dahil sa takot sa parusang ipapataw sa kaniya ng pamahalaang Espanya sa pagpatay niya sa kaniyang sariling anak. Gamit ang “baroto” o bangka dumaan siya sa Kipot ng Tablas kung saan hatinggabi na siya nakarating sa dalampasigan ng Brgy. Poblacion ng Bayan ng Santa Fe. Dahil sa nakakapagod na paglalakbay, nakatulog siya nang buong gabi at nang magising ay sumigaw siya ng “Aycatologtakon” at mula noon ang lugar na ito ay tinawag niyang Catolog na may literal na kahulugang “lugar kung saan nakatulog”.

Hindi nagtagal ay nakilala niya ang ilang mga Ati na kaibigan din niya sa Dalanas, Antique kung saan tinulungan siyang magtayo ng sariling bahay at

tinuruang magkaingin, magtanim ng palay, mais, kamote, at mga gulay. Hanggang sa dumating ang panahong dinala na ni Francisco sa bayang ito ang kaniyang pamilya mula sa Antique at tuluyan nang nanirahan sa Catolog. Ang pangyayaring ito ay sinundan ng paninirahan ng iba't ibang mamamayan mula sa Antique at Panay (Aklan). Nariyan na ang tatlong mangingisda na dahil sa malakas na alon dulot ng bagyo ay nakarating sa Catolog. Sa kanilang ilang araw na pamamalagi sa lugar, napansin nila ang malusog at mayamang sakahan at kakaunti pa ang mababait na naninirahan dito. Dahil dito, nagdesisyon silang mamalagi na lang sa lugar kasama ang kani-kanilang pamilya. Dito nagsimulang lumaki ang populasyon sa Catolog at ng ibang baryo ng bayang ito.

Samantala, katulad sa Bayan ng Looc, naniniwala din ang mga mamamayan ng Santa Fe sa kuwentong-bayan tungkol sa pinagmulan ng kanilang lugar. Pinaniniwalaan na mayroong isang maganda, maputi, at mabait na babae na nagngangalang Fe. Dahil sa katangiang ito ni Fe, hindi maikakailang halos lahat ng mamamayan sa bayang ito ay namangha sa taglay nitong kagandahan at kabutihan. Subalit, isang araw ay tinamaan siya ng isang malubhang karamdaman. Iba't ibang mangaggamot ang nagtangkang gamutin si Fe subalit wala ni isa man sa kanila ang nagtagumpay. Bunga nito, siya ay namatay sa murang edad pa lamang. Ang kamatayang ni Fe ay nagdulot nang labis-labis na kalungkutan sa mga mamamayan. Upang hindi makalimutan ang kaniyang katauhan at manatili sa alaala ng mga mamamayan, pinangalanan ang lugar ng Fe. Ang salitang SANTA ay ikinabit sa pangalang Fe bilang pag-alaala nila sa taglay niyang katangian. Sa pagsusuri, ang ginawang ito ng mga mamamayan ng Santa Fe ay isang anyo ng pagsasakapangyarihan dahil sila mismo ang nagdeklara kay Fe bilang Santa at hindi ang Simbahang Katoliko.

Taong 1876 nang ganap na maging pueblo ang bayan ng Santa Fe sa bisa ng kapangyarihan ng pamahalaan ng Espanya at si Macario Solano ang unang naging gobernadorcillo nito. Mula noon iba't ibang patakarang pang-ekonomiya at pampamahalaan ang ipinatupad sa bayang ito. Ang ilan ay mabubuti subalit karamihan ay panlalamang sa mga Filipino. Subalit noong mawala sa kapangyarihan ang mga Espanyol bunga ng pagkakatalo sa *Filipino-American War* noong 1898 unti-unti na ring nanghina ang konsepto ng *pueblo*. Sa katunayan, ito ay ganap nang nilisan ng mga Espanyol at mamamayan ng Sta. Fe kung saan ang una ay bumalik sa Espanya at ang huli ay nagtungo na sa kani-kanilang mga bukirin at sakahan. Magkaganoon pa man, mayroon pa ring ilang mga Espanyol ang piniling manatili sa bayang ito at nag-asawa ng mga Filipino. Ilan sa mga ito ay sina Lucas Carralero, Domingo Lopez, Joaquin Villar, at Francisco Casas na pare-parehong nagtayo ng kani-kanilang mga negosyo upang mabuhay. Dahil sa pangyayaring ito, ang Santa Fe ay itinuring bilang "The Little Spanish Town". Subalit noong 1906 sa ilalim ng pamamahala ng mga Amerikano, ang bayan ng Santa Fe ay naging baryo sa kadahilanang hindi sapat ang kita ng bayang ito upang ituring bilang munisipalidad. Dahil dito, ang bayan ng Santa Fe ay naging sakop na ng Bayan ng Looc at pinamunuan ng isang Teniente del Barrio. Taong 1946 nang muling maging bayan ang Santa Fe sa bisa ng Republic

Act No. 38 sa inisyatiba ni Kong. Modesto Formilleza (Socio-Economic and Physical Profile of Santa Fe, Romblon 2017).


“Republic Act No. 38, Sec. 2. A new municipality to be known as the municipality of Santa Fe which shall comprise the barrios of Agcogon, Guimbarayan, Lanas and Santa Fe, formerly comprised within the municipality of Looc prior to the enactment of Commonwealth Act Numbered Five hundred eighty-one, is hereby created.”

Maikling Kasaysayan ng San Andres

Ang bayan ng San Andres ay matatagpuan sa kanlurang bahagi ng Isla ng Tablas. Ito ay unang nakilala bilang Bayan ng Parpaguha na ang pangalan ay mula sa uri ng isang di pangkaraniwang ibon. Hindi nagtagal ay nakilala ang bayang ito bilang "Bayan ng Salado". Naganap ang pagbabagong ito nang minsang bumisita si Don Jose de Teran, upang siyasatin ang buong komunidad bilang bahagi ng kaniyang trabaho at responsibilidad sa pamahalaan ng Espanya. Dahil sa labis-labis na kapaguran ay ipinag-utos agad ng nasabing Espanyol sa *guardia civil* na bigyan siya ng isang basong tubig na maiinom.

Kaagad namang kumuha ng maiinom sa poso ang nasabing *guardia civil*. Subalit hindi nagustuhan ng nasabing Espanyol ang lasa ng tubig kung kaya't sinigawan niya ang *guardia civil* ng "salado" na nangangahulugang salty/maalat. Bunga nito, naglabas ng isang opisyal na kautusan ang pamahalaan ng Espanya na ang lugar na ito ay tatawagin bilang Bayan ng Salado. Sa kabilang banda, isang makasaysayang pangyayari ang naganap sa Bayan ng Salado na nagpabago rin ng pangalan nito. Isang maimpluwensiyang tao na nagngangalang Rufino Leaño na naging unang pari ng relihiyong *Philippine Independent Church* sa bayang ito ang inakusahan ng kasong kriminal ng isang maimpluwensiyang Espanyol na nagngangalang Don Barcelo.

Dahil sa nasabing akusasyon, nakulong ang una sa lalawigan ng Capiz at nagtagumpay ang huli. Matapos ang dalawang taon, inapela ni Leaño ang kaniyang kaso nang bumisita si Gobernador-Heneral Eulogio Despujol sa nasabing lalawigan at hindi naman siya nabigo. Napatunayan ng batas na si Leaño ay walang sala kaya kaagad pinalaya sa piitan. Dahil sa kabutihang ito ni Gobernador-Heneral Despujol kay Leaño ay gumawa siya ng isang petisyon na ipangalan ang noon ay bayan ng Salado sa pangalan ng nasabing gobernador. Dahil dito, ang bayan ng Salado ay nakilala bilang Bayan ng Despujol.



Larawan 5. San Andres Municipal Map at Parpagayu Park Marker



Larawan 6. Bahagi ng Parpagayu Park sa Bayan ng San Andres

Nabago ang pangalang ito nang matapos na ang pamamahala ng mga Espanyol sa . Sa katunayan, nang maging pangulo ng si Pangulong Carlos P. Garcia ay hiniling ng mga mamamayan nang noon ay bayan ng Despujol na baguhin ang pangalan ng kanilang bayan bilang protesta sa di-makatarungang trato ng mga Espanyol sa kanilang komunidad at sa sa kabuoan. Noong Hunyo 18, 1961 ay nilagdaan ni Pangulong Garcia ang Republic Act 3358 na nagpapalit sa Despujol bilang San Andres. Ang pangalang San Andres ay mula sa patron ng bayan na nagsisilbi ring patron ng mga mangangisda.

Maikling Kasaysayan ng Alcantara

Ang bayan ng Alcantara ay ang ikalabintatlong bayan ng lalawigan ng Romblon na naitatag sa bisa ng *Executive Order* Blg. 427 na nilagdaan ni dating Pangulong Carlos P. Garcia noong Marso 21, 1961. Ito ay matatagpuan sa hilagang bahagi ng bayan ng Sta. Maria, silangang bahagi ng bayan ng Looc, hilagang bahagi ng bayan ng Santa, Fe at sa kanlurang bahagi ng Romblon Pass.



Larawan 7. Marker ng Bayan ng Alcantara

Ayon sa kasaysayan, ito ay unang naging bahagi ng bayan ng Looc at unang nakilala bilang "Visita de Lawan" o "Lauan" (mababang antas ng parokya na nakabatay sa bilang ng mga nabinyagang populasyon) na itinatag ni Gaspar Guevarra bilang pamayanan ng mga migranteng Panayanhon sa isang lokasyong malapit sa dagat. Subalit dahil sa pag-atake ng mga Moro, ang mga unang mamamayan ng komunidad na ito ay lumipat sa kasalukuyan nitong lokasyon. Sa paglipas ng panahon, ang lugar na ito ay nakilalang Alcantara bilang pagkilala sa nagawang pag-unlad ng dati nitong *cabeza de barangay* na nagngangalang Don Ciriaco Alcantara. Subalit matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig, tinangka ng mga mamamayan ng komunidad na humiwalay sa bayan ng Looc upang makapagsarili at maging isang ganap na bayan ng Romblon. Dahil sa ganitong adhika, gumawa ng panukala si dating Kinatawan Modesto F. Formilleza na nagsasaad ng pagiging bayan ng nasabing komunidad. Bagama't ito ay nakalusot sa Mababang Kapulungan, nabigo namang makapasa ito sa Senado. Subalit hindi pa rin sumuko ang mamamayan nito. Sa katunayan, sinundan ni Kinatawan Jose D. Moreno ang naging yapak ni Formilleza na magsagawa ng panukala sa kongreso. Subalit gaya ng naging kapalaran ni Formilleza, ang panukalang ito ni Moreno ay di rin nagtagumpay sa Senado (Esquejo 2015).

Sa kabila ng mga di-matagumpay na hakbang ng mga nasabing mambabatas ay nagpatuloy pa rin ang mga mamamayan ng Alcantara na maitanghal ang komunidad na ito bilang isang nagsasariling bayan. Kaya naman sa pangunguna ni dating Gobernador Manuel Solidum at Jose Moreno (kabayak ni Luz Dalida na isang taga-Alcantara), idinulog nila ang nais ng mga mamamayan ng Alcantara kay dating Pangulong Carlos P. Garcia. Sa kabutihang-palad, ang hiling ng mga mamamayan ng Alcantara sa pangunguna ng mga nabanggit na opisyal ay pinakinggan ni Pangulong Garcia. Kaagad nagpalabas ito ng kautusan na nagtatalaga sa Alcantara bilang isang ganap na bayan ng lalawigan ng Romblon. Ito ay sa bisa ng Executive Order no. 427 na nilagdaan noong Marso 21, 1961.

Sa kasalukuyan ang bayang ito ay patuloy na namumunga sa iba't ibang aspektong buhay magmula sa kabutihan ng mga mamamayan nito hanggang sa makukulay na tradisyon ng bayang ito.

SITWASYONG PANGWIKA

Katangian ng Wikang Onhan

Hindi maipagkakaila ang katotohanan na ang ay isa sa may pinakahitik at mayamang lugar kung bilang at bilang ng mga wika lamang ang pag-uusapan. Batay sa huling tala ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa kanilang Atlas ng mga Wika ng (2015), tinatayang mayroong 130 na mga wika ang ating bansa. Samantala sa tala naman ng *Ethnologue of Summer Institute of Linguistics* (SIL: 2018) makikitang aabot sa 187 ang lahat ng wika sa buong kapuluan kung saan 183 sa mga ito ang nananatiling buhay subalit 4 naman sa mga ito ay tuluyan nang namatay. Sa lahat ng mga wikang nananatiling buhay, 175 sa mga ito ay kilala bilang mga katutubong wika.

Ang Onhan ay isa sa 130 wika na tinutukoy ng Komisyon sa Wikang Filipino at isa sa tatlong wikang katutubo kasama ng wikang Romblomanon (Ini), at Asi na sinasalita sa lalawigan ng Romblon. Ang wikang ito ay kilala rin sa mga katawagang Inonhan at Bisayang Loocnon na miyembro ng pamilyang Austronesyanong wika.

Ayon sa mga pag-aaral, malaki ang kaugnayan ng Onhan sa mga wikang nakagisnan at kultura ng mga naninirahan sa Kabisayaan. Sinasabi ring *genetically related* ang wikang Onhan sa iba pang magkakamag-anak na wika na nakahanay dito gaya ng wikang Aklanon ng Aklan; Pandan, Kinaray-a, Gimaras ng Aklan; Bulalakaw, Dispoholnon (San Andres), Looknon, Alcantaranon ng

Gitnang-Hilaga; at Datagnon, Santa Teresa, Semirara, Kuyonon ng Kuyan; Isama pa rito ang sinasalita ng ilang pamayanang naninirahan sa isla ng Mindoro, at Palawan (Javier, 2012). Hindi rin mapapasubalian na ang wikang ito ay may pagkakatulad sa wikang Asi at Romblomanon bunga ng pananatili ng mga wikang ito sa iisang lalawigan (Lobel, 2002).




Figura 2. Family Tree ng Wikang Austronesyano na nagpapakita ng posisyon ng wikang Onhan at Romblomanon. Batay sa larawan na mula kay Lobel (2002) makikitang ang Onhan gaya ng wikang Kiniray-a, Aklanon, Malaynon, Caluyanun, at Cuyonon ay kapuwa nabibilang sa West

Sa kabilang banda, Onhan o Inonhan ang ginagamit na unang wika ng karamihang sa naninirahan sa mga bayan ng San Andres (Dispoholnon), Sta. Maria, Ferrol, Looc (Looknon), Alcantara (Alcantaranon), Santa Fe (Sta. Fenhon), at San Jose (Hambilanon/Carabao Island). Ito ang pangunahing wikang kanilang ginagamit sa pang-araw-araw nilang pakikipagtalastasan sa kanilang kapuwa Onhan at sa mga gawain gaya ng pagbili sa tindahan, kumustahan, pagdarasal at pagninilaynilay. Patunay dito ang pag-aaral na isinagawa ng Bayan ng Looc tungkol sa bilang ng mga nagsasalita ng kanilang wikang Onhan. Ayon sa nasabing pag-aaral, 81.03% ng kabuoang populasyon na 20,787 noong 2007 ay nagsasalita ng Onhan (Loocnon) bilang kanilang katutubong wika.

**Bilang ng Populasyon ng Bayan ng Looc
Batay sa Kanilang Katutubong Wika**

KATUTUBONG WIKA	POPULASYON	PORSIYENTO
Loocnon	16, 844	81.03
Tagalog/Filipino	2, 878	13.85%
Hiligaynon	221	1.06
Aklanon	130	0.62
Cebuano	29	0.14
Iba pang mga Wika	685	3.30
Kabuoan	20, 787	100%

Talahanayan 11. Bilang ng Populasyon ng Bayan ng Looc
batay sa kanilang sinasalitang wika

Subalit binanggit din sa pag-aaral na malaki na rin ang impluwensiya ng wikang Tagalog (Filipino) sa mga tagapagsalita ng wikang Onhan dahil sa mga migranteng mula sa kalapit na lalawigan gaya ng Batangas, Mindoro, Marinduque, Romblon, at Palawan na naninirahan na sa kanilang lugar at ang pagiging wika ng midya. Sa katunayan, ito ay pinatunayan ng mga kinapanayam na tunay nang naging madalas na rin ang paggamit ng wikang Filipino sa kanilang mga bayan lalo na ng mga bata at kabataan. Gayon pa man, nanatili pa ring malakas ang wikang Onhan sa buong komunidad.

Narito ang iba pang mga salitang Onhan na masusing tinipon. Maaaring sumangguni sa talaan sa ibaba upang makita ang pagkakatulad at varyant sa mga salita sa iba't ibang lugar kung saan sinasalita ang wikang Onhan:

FILIPINO/ INGLES	ONHAN (Alcantara)	ONHAN (Looc)	ONHAN (San Andres)	ONHAN (Santa Fe)
atay/liver	Atay	Atay	Atay	Atay
baba/chin	Sulang	Sulang	Sulang	Sulang
baga/lungs	Baga	Baga	Baga	Baga
balat/skin	Panit	Panit	Panit	Panit
balikat/ shoulder	Abaga	Abaga	Abaga	Abaga
bibig/mouth	Baba	Baba	Ba-ba	Baba
bituka/intestines	Tinae	Tina-e	Tina-e	Tinae
braso/arm	Braso/Butkon	Braso/ Butkon	Butkon	Braso
buhok/hair	Buhok	Buhok	Buhok	Buhok
bukung- bukung/ ankle	Buku-buko	Bukung- bukong	Bukung- bukong	Buko-buko
buto/bone	Tul-an	Tul-an	Tul-an	Tul-an

daliri sa paa/toe	Tud-lo	Tud-lo	Tud-lo	Tud-lo
daliri/finger	Tudlo	Tudlo	Tudlo	Tudlo
dibdib/chest	Dughan	Dughan	Dughan	Dughan
dila/tongue	Dila	Dila	Dila	Dila
dugo/blood	Dugo	Dugo	Dugo	Dugo
hita/leg	Hita	Pa-a	Pa-a	Batiis/Pa-a
ilong/nose	Ilong	Irong	Irong	Ilong
kamay/hand	Alima	Alima	Alima	Alima
katawan/body	Lawas	Lawas	Lawas	Lawas
kilay/eyebrow	Kilay	Kiray	Kiray	Kilay
labi/lip	Bibig	Bibig	Bibig	Bibig
lalamunan/throat	Tutunlan/ Puwak/Tila-ok	Tila-ok	Puwak	Tutunlan
leeg/neck	Liog	Le-og	Li-og	Leog
likod/back	Likod	Likod	Likod	Likod
mata/eye	Mata	Mata	Mata	Mata
mukha/face	Uyahon	Uyahon	Uyahon	Uyahon
ngipin/tooth	Ngipon	Ngipon	Ngipon	Ngipon
noo/forehead	Dahi	Dahi	Dahi	Dahi
paa/foot	Siki	Siki	Siki	Siki
palad/palm	Palad	Palad	Palad	Palad
pigi/buttocks	Pano-ok	Pano-ok/ Balakang	Panook	Balakang
pilikmata/ eyelashes	Milok	Mirok	Pirok	Milok
puki/vagina	Bilat/Puyas/ Pipi	Bilat/Puyas/ Pipi	Bilat/Puyas/ Pipi	Bilat/Puyas /Pipi
puso/heart	Tagipusuon/ Puso	Tagiposo-on	Puso/ Tagipusuon	Puso
sakong/heel	Buko-buko	Sakong/ Buol	Buol	Buol/Tiil
siko/elbow	Siko	Siko	Siko	Siko
suso/breast	Suso	Suso	Suso	Suso
tadyang/rib	Gusok	Gusok	Gusok	Gusok
tainga/ear	Talinga	Talinga	Talinga	Talinga
talampakan /sole	Dapa-dapa	Dapa-dapa	Dapa-dapa	Dapa-dapa
titi/penis	Buto	Buto	Buto	Buto
tiyan/belly	Tiyan	Tiyan	Tiyan	Tiyan
tuhod/knee	Tuhod	Tuhod	Tuhod	Tuhod
tumbong/anus	Buli/Kibot	Buli/Kibot	Buli/Kibot	Buli/Kibot

Talahanayan 12. Terminong Onhan sa Bahagi ng Katawan

FILIPINO/ INGLES	ONHAN (Alcantara)	ONHAN (Looc)	ONHAN (SanAndres)	ONHAN (Santa Fe)
isa/one	Isya	Isya	Isya	Isya
dalawa/two	Dalwa	Dalwa	Darwa	Dalwa
tatlo/three	Tatlo	Tatlo	Tatlo	Tatlo
apat/four	Ap-at	Ap-at	Ap-at	Ap-at
lima/five	Lima	Lima	Lima	Lima
anim/six	An-om/An-um	An-om	An-om	An-om
pito/seven	Pito	Pito	Pito	Pito
walo/eight	Walo	Walo	Walo	Walo
siyam/nine	Siyam	Siyam	Siyam	Siyam
sampu/ten	Napulo	Pulo/Napulo	Napulo	Pulo
dalawampu/ twenty	Binte/Baynte	Beynte/Binte	Baynte	Baynte/Binte
sandaan/hundred	Isang gatos	Isang gastos/ Sanggatos	Isang gatos/ Sanggatos	Isang gatos/ Sanggatos
libo/thousand	Libo/Isang libo	Libo/Isang libo	Libo/Isang libo	Libo/Isang libo

Talahanayan 13. Terminong Onhan sa Bilang o Numero

FILIPINO/ INGLES	ONHAN (Alcantara)	ONHAN (Looc)	ONHAN (San Andres)	ONHAN (Santa Fe)
anak/child	Unga/Onga	Onga	Unga	Unga
anak/offspring	Unga/Onga	Onga	Unga	Unga
asawa/spouse	Asawa	Asawa	Asawa	Asawa
asawang babae/ wife	Asawang baye	Asawa babaye	Asawa nga baye	Asawang baye
balo/widow	Balo	Balo	Balo	Balo
kapatid/sibling	Manghod (nakakabatang kapatid)	Manghod (nakaba- batang kapatid)	Manghod (nakaba- batang kapatid)	Manghod (nakaba- batang kapatid)
matandang babae/ old woman	Gulang nga baye Mal-am nga baye	Mal-am nga baye	Mal-am nga baye	Mal-am nga baye
matandang lalaki/old man	Gulang nga laki Mal-am nga laki	Mal-am nga laki	Mal-am nga laki	Mal-am nga laki
nanay/mother	Nanay	Nanay	Nanay	Nanay
pamilya/family	Pamilya	Pamilya	Pamilya	Pamilya
tatay/father	Tatay	Tatay	Tatay	Tatay

Talahanayan 14. Terminong Onhan sa Katawagan sa Pamilya

FILIPINO/ INGLES	ONHAN (Alcantara)	ONHAN (Looc)	ONHAN (San Andres)	ONHAN (Santa Fe)
hayop/animal	Hayop	Hayop	Hayop	Hayop
ibon/bird	Pispis	Pispis	Pispis	Pispis
uwak/crow	Uwak	Uwak	Uwak	Uwak
inahin/tandang	Mus-an/agak	Manok	Mus-an/agak/ Manok	Manok
buwaya/ crocodile	Buaya	Buaya	Buaya	Buaya
igat/eel	Sili (Ilog) Pananglitan (Dagat)	Sili (Ilog) Pananglitan (Dagat)	Sili (Ilog) Ubod (Dagat)	Sili (Ilog) Pananglitan (Dagat)
palaka/frog	Paka/Pangka	Pangka	Pangka	Paka/Pangka
ahas/snake	Sawa	Sawa	Sawa	Sawa
baboy/pig	Baboy/ Bangulos	Baboy	Baboy/ Banguros	Baboy
aso/dog	Ayam/ Asngab	Ayam/ Asngab	Ayam/Asngab	Ayam
unggoy/monkey	Amo	Amo	Amo	Amo
kalabaw/ carabao	Karabaw	Karabaw	Karbaw	Karbaw
usa/deer	Usa	Usa	Usa	Usa
daga/rat	Langgam/A mbo	Langgam	Ambo	Langgam/ Ambo
pagong/turtle	Bao	Bao	Bao	Bao
bulate/worm	Lago	Lago	Lago	Lago
lamok/ mosquito	Lamok/ Namok	Lamok/ Namok	Lamok/ Namok	Lamok/ Namok
kuto/louse/ lice	Kuto/Kuslad	Kuto	Kuto/Kuslad	Kuto
anay/termite	Anay	Anay	Anay	Anay
paruparo/ butterfly	Alibangbang	Alibangbang	Paruparo/ Alibangbang	Alibangbang
gagamba/ spider	Lamang	Damang	Damang	Lamang
Pagong/turtle	Bao	Bao	Bao	Bao
bulate/worm	Lago	Lago	Lago	Lago

Talahanayan 15. Terminong Onhan sa Hayop

Mapapansin sa nabanggit na talaan na may nagaganap na pagbabagong morpoponemiko sa mga salita. Sa katunayan, litaw na may tatlong varyants na nagpapalitan sa loob ng mga salitang ginagamit ng mga Inonhan gaya na lamang

ng ponemang /d/, /l/, at /r/. Halimbawa nito ay ang kilay na kilay sa bayan ng Alcantara at **kiray** naman para sa ibang bayan gaya ng Looc, at San Andres. Gayundin ang salitang **bangulos** (baboy) sa Alcantara at **banguros** naman sa San Andres at Looc. Ang salitang **lamang** (gagamba) sa Alcantara at Santa Fe at **damang** naman sa Looc at San Andres. Nariyan din ang salitang **bayran** ng Alcantara at **baydan** naman sa San Andres. Samantala, may nagaganap ding pagkakaltas sa ilang bokabularyo ng wikang Onhan. Buhay na halimbawa nito ang salitang **karbaw** ng San Andres at Santa Fe at **karabaw** naman sa Alcantara at Looc. Sa pagsusuri, may dalawang uri ng pagbabagong morpoponemiko ang nagaganap sa diyalekto ng wikang Onhan. Sa katunayan litaw sa unang halimbawa ang pagbabago ng ponema at ang pangalawa naman ay pagkakaltas ng ponema. Magkaganoon pa man, bagaman may pagkakaiba sa baybay ang diyalektong Onhan ng San Andres, ito naman ay ganap pa ring nauunawaan ng mga isang Alcantaranhon, Loocnon, at Santa Fenhon. Hindi ito nagiging sagabal sa komunikasyon o pakikipagtalastasan nila sa isang San Andresnon. Sa katunayan, karamihan sa mga ispiker ng Onhan ay naniniwalang pare-pareho lamang ang pinagmulan ng kanilang katutubong wika.

Samantala, sa usapin naman ng pagbigkas, masasabing ang mga Alcantaranhon, San Andresnon, Santa Fenhon, at Loocnon ay kapuwa taglay ang malaming na pagbigkas ng mga salita sa wikang Onhan. Kapansin-pansin din sa wikang Onhan na may mga salitang iba ang pagbigkas kaysa sa baybay nito. Halimbawa, ang apelyidong **Galin** na ang baybay ay “i” ay binibigkas ng malumanay bilang **Galen**. Nariyan din ang salitang **Agojo** na binibigkas bilang **Agho**.

Bunga ng migrasyon ng ibang Onhan mula sa Tablas ay nadala ng mga mamamayan nito ang Onhan sa mga karatig probinsiya gaya ng Oriental Mindoro at Occidental Mindoro partikular na sa mga bayan ng San Jose, Bulalacao, Mansalay, at Bongabong (Ethnologue 2015). Dahil sa ganitong penomenon, may tendensiya na ang wikang ito ay maaaring mamayagpag sa nasabing mga bayan o kaya naman ay tuluyan nang makalimutan ng mga ispiker ng Onhan ang kanilang wika at tuluyan nang maasimila ang wika ng Oriental at Occidental Mindoro partikular na ang mga bata. Ang mga ito ay nasa kamay na mismo ng mga Onhan kung papaano nila mapapanatili ang kanilang wika bilang kanilang pagkakakilanlan.

Mga Pang-araw-araw na Ekspresyon, Pahayag, at mga Tanong sa Kulturang Filipino

Narito naman ang dokumentasyon ng ilang pang-araw-araw na ekspresyon o pahayag sa wikang Onhan.

	INGLES	FILIPINO	ONHAN SAN ANDRES	ONHAN ALCANTARA
1	Good morning	Magandang umaga	Maayong aga!	Maayong aga!
2	Good afternoon	Magandang hapon	Maayong hapon!	Maayong hapon!
3	Good evening	Magandang gabi	Maayong gab-i!	Maayong gab-i
4	Thank you	Maraming Salamat	Abu nga Salamat/Salamat gid	Abu nga Salamat
5	Thank you very much	Maraming-maraming Salamat	Babu guid nga Salamat	Babu guid nga Salamat
6	Come here	Halika dito	Mali ja	Male odi
7	Visit me	Dalawin mo ako	Bisitaha ko	Ayani ako odi
8	Visit us	Dalawin mo kami	Bisitaha kami	Ayani kami odi
9	I want to go to Romblon	Gusto kong pumunta sa Romblon	Gusto nakon mag-ayan sa Romblon	Gusto nakan mag-ayan sa Romblon
10	I am hungry	Nagugutom ako Ako ay nagugutom	Ginagutom ko!	Ginagutom takan/Nagutom ako
11	Where are you going?	Saan ka pupunta?	Diin kaw maayan?	Diin kaw maayan?
12	I don't want to drink	Ayaw kong uminon	Indi ko'g inom!	Indi ko mag-inom
13	I don't want to eat	Ayaw kong kumain	Indi ko'g kaon	Indi ko magkaon
14	What is your name?	Ano ang pangalan mo?	Anong pangaran nimo?	Ano imo pangalan?
15	How old are you?	Ilang taon ka na?	Pilang tu-ig ron kaw?	Pilang tu-ig lon kaw?
16	Where do you live?	Saan ka nakatira?	Diin kaw maistar?	Diin kaw naga-istar?
17	How are you?	Kumusta ka na?	Kamusta ron kaw?	Kamusta lon kaw?
18	I love you	Mahal kita	Palangga tikaw	Palangga tikaw
19	I love you too	Mahal na mahal kita	Palangga gid tikaw	Palanggang-palangga tikaw
20	I am in love with you	Umiibig ako sa iyo	Naila ko sa imo	Naila ako sa imo
21	You are mine	Ikaw ay akin	Akon ikaw	Ikaw ay akon

22	I hate you	Galit ako sa iyo	Hangit ko sa imo!	Hangit ako sa imo
23	You are beautiful	Maganda ka	Guwapa kaw	Guwapa kaw
24	You are handsome	Guwapo ka	Guwapo kaw	Guwapo kaw
25	You are sexy	Seksi ka	Seksi timo	Seksi kaw-a
26	You have a beautiful body	Maganda ang iyong katawan	Kanami imong lawas	Sadya imo lawas
27	Kiss me	Halikan mo ako	Hadu-i ko	Hadu-i ako
28	Hug me	Yakapin mo ako	Kupkupi ko	Yakapa ako
29	Look into my eyes	Tumingin ka sa mata ko	Tanaw sa akong mata	Tan-aw sa akon mata
30	I want to see	Gusto kitang makita	Gusto tikaw makita	Gusto nakan kaw makita
31	I want to kiss you	Gusto kitang halikan	Gusto tikaw-hadu-an	Gusto nakan kaw hadu-an
32	I want to hug you	Gusto kitang yakapin	Gusto tikaw kup-kupan	Gusto nakan kaw yakapon
33	Don't worry	Huwag kang mag-alala	Indi magproblema	Ayaw maglibog
34	Take care	Mag-ingat ka	Kay-ad!	
35	I'm scared	Nagtatakot ako	Hadlukan ko!	Nahadlok takan
36	I want you	Gusto kita	Gusto tikaw!	Gusto tikaw!
37	I want to stay in Romblon	Gusto kong manatili sa Romblon	Gusto nakon magtinir sa Romblon	Gusto nakon mag-istar sa Romblon
38	I am too young	Napakabata ko pa	Bata-bata pa ko	Unga pa ako
39	I believe	Naniniwala ako	Gapati ko	Nagapati ako
40	Do you love me?	Mahal mo ako?	Gusto nimo ko?	Palangga ba nimo ako
41	Get lost	Umalis ka	Halin jan!/Halin!	Panaw ikaw
42	I miss you		Naminga ko!	Ako ay nahidlaw
43	I am happy	Masaya ako	Gana-gana ko!	Nalipay ako
44	I am sad	Malungkot ako	Malungkot ako!	Nagasubo ako
45	I am sick	Maysakit ako	Gapanamanog ko!	Maysakit takon
46	Do you understand?	Nauunawan mo ba? Naiintindihan mo ba?	Naintindihan nimo?	Naintindihan ba nimo?
47	I am sorry	Paumanhin	Pasensiya!	Pasensiya
48	Please, give me some	Bigyan mo ako ng tinapay	Taw-i ko it tinapay	Taw-e ako it tinapay

	bread			
49	Who is your mother?	Sino ang nanay mo?	Sin-o mong nanay?	Sin-o ang nanay nimo?
50	Who is your father?	Sino ang tatay mo?	Sin-o mong tatay?	Sin-o tatay nimo?
51	How many siblings do you have?	Ilan kayong magkakapatid?	Pila kamo mag-maranghod?	Pila kamo magmanghod?
52	Where do you study?	Saan ka nag-aaral?	Diin kaw gaeskuwela?	Diin kaw maeskuwela?
53	Wait for me	Hintayin mo ako	Hulata ako	Hulata ako
54	I want to know you	Gusto kitang makilala	Gusto tikaw makilala	Gusto nakon kaw makilala
55	You are very nice.	Napakabuti mo.	Mayad gid timo!/ Buot gid timo!	Sadya guid timo
56	Don't cry.	Huwag kang umiyak.	Ayaw magtangis.	Ayaw magtangis

Talahanayan 16. Pang-araw-araw na Ekspresyon sa Onhan

Aspekto ng Pandiwa at Paglalapi sa Wikang Onhan

Narito ang ilang talâ ng mga salitang nagpapakita ng iba't ibang aspekto ng pandiwa sa wikang Onhan.

FILIPINO	ONHAN	PANG-KASALUKUYAN (Present Tense)	PANG-HINAHARAP (Future Tense)	PANG NAGDAAN (Past Tense)
Kain	Kaon	Gakaon	Makaon	Kumaon
Halik	Hado	Gahado	Mahado	Naghado
Tanim	Tanom	Gatanom	Matanom	Nagtanom
Kanta	Kanta	Gakanta	Makanta	Nagkanta
Sayaw	Saot	Gasaot	Masaot	Nagsaot
Iyak	Tangis	Gatangis	Matangis	Nagtangis
Tawa	Kadlaw	Gakadlaw	Makadlaw	Nagkadlaw
Lakad	Panaw	Gapanaw	Mapanaw	Nagpanaw
Inom	Inom	Gainom	Mainom	Nag-inom
Talon	Lukso	Galukso	Malukso	naglukso
Basa	Basa	Gabasa	Mabasa	Nagbasa
Hugas	Hugas	Gahugas	Mahugas	Nakahugas
Banlaw	Banlaw	Gabanlaw	Mabanlaw	Kabanlaw
Gapang	Kamang	Gakamang	Makamang	Kakamang
Haplos	Hipo	Gahipo	Mahipo	Kahipo

Hawak	Kapot	Gakapot	Makapot	Makaptan
Tayo	Tindog	Gatindog	Matindog	Nagtindog
Ngiti	Kadlaw	Gakadlaw	Makadlaw	Kakadlaw
Palakpak	Palakpak	Gapalakpak	Mapalakpak	Nagpalakpak
Pindot	Pindot	Ipindot	Pinindot	napindot
Masahe	Hilot	Gahilot	Mahilot	Kahilot
Sulat	Sulat	Gasulat	Masulat	Kasulat
Tingin	Tan-aw	Gatan-aw	Matan-aw	Tinan-aw
Mano	Besa	Gabesa	Mabesa	Nagbesa
Higop	Sigop	Gasigop	Masigop	Kasigop
Sara	Sara	Gasara	Masara	Nasara
Dinig	Pamati	Gamati	Mapamati	nagpamati
Kuha	Buol	Gabuol	Mabu-ol	Nabu-ol
Lipad	Lupad	Galupadpad	Malupad	Naglupad
Sunog	Sunog	Gasunog	Masunog	Nagsunog
Subo	Timo	Gatimo	Matimo	Nagtimo
Dukot	Kuot	Gakuot	Manguot	Nagkuot
Linis	Limpyo	Galimpyo	Manglimpyo	Naglimpyo
Tahi	Tahi	Gatahi	Manahi	Nagtahi
Biyak	Buka	Gabuka	Mabuka	Nagbuka
Alulong	Banghol	Gabanghol	Mabanghol	Nagbanghol
Nguya	Usang	Gausang	Mausang	Nag-usang
Ulat	Balita	Gabalita	Mabalita	Nagbalita
Hila	Bira	Gabira	Mabira	Nagbira
Akyat	Saka	Gasaka	Masaka	Nagsaka
Tikim	Samit	Gasamit	Masamit	Nagsamit
Pulot	Pulot	Gapulot	Mapulot	nagpulot
Halukay	Ukay	Gaukay	Mang-ukay	Nag-ukay
Bunot	Gabot	Gagabot	Magabot	Naggabot
Sabit	Sab-it	Gasab-it	Masab-it	Nagsab-it
Baba	Panaog	Gapanaog	Manaog	Nanaog
Sagi	Saplid	Ginsaplid	Manaplid	Nanaplid
Halakhak	Alak-ak	Gaalak-ak	Maalak-ak	Nag-alak-ak
Higa	Higda	Gahigda	Mahigda	Naghigda

Talahanayan 17. Aspekto ng Pandiwa at Paglalapi sa Onhan

Sa usapin ng aspekto ng pandiwa at paglalapi, makikita na ang “ga” ang nagsisilbing palatandaan na ang isang salita ay nasa anyong pangkasalukuyan (present tense), at ang “ma” ang palatandaan na ang isang salita ay nasa anyong panghinaharap (future tense). Samantalang, makikita naman sa aspektong pangnagdaan ang iba’t ibang palatandaan gaya ng paggamit ng “nag”, “ka” at “na”.


Onhan Bilang Wika ng Pagkatao ng mga Mamamayan Nito

Tunay na wala nang sasarpap o sasaya kapag wikang sarili ang ginagamit ng isang tao sa pakikipag-usap sa kaniyang kapuwa. Sa katunayan, bukod sa mabilis na nagkakaintindihan ang magkakausap at naipahahayag ang nais sabihin ay mas tumatama ito sa puso ng bawat isa. Ayon nga kay Bienvenido Lumbea (2007), ang wika ay parang hininga. Gumagamit tayo ng wika upang kamtin ang ating mga pangangailangan. Gayundin, binanggit ni Alfonso Santiago (2003) na ang wika ay sumasalamin sa mithiin, lunggati, pangarap, damdamin, kaisipan o saloobin, pilosopiya, kaalaman at karunungan, moralidad, paniniwala, at mga kaugalian ng tao sa lipunan (Geronimo, Taylan, at Petras 2016). Sa pagsusuri, ang wika at pagkatao ay hindi mapaghihiwalay. Sa katunayan, salamin ito ng iyong katauhan.

Sa sarbey na isinagawa ng mananaliksik sa 120 mamamayang Onhan (30 kada bayan) gamit ang *convenience sampling* na pamamaraan, lumilitaw na ang wikang Onhan ay buhay na buhay sa mga komunidad na sinasalita ito. Sa katunayan, batay sa pagtatanong-tanong ng mananaliksik, ang wikang ito ang itinuturing na unang wika ng mga mamamayan nito at ang wikang Filipino naman na kalimitang natututuhan na sa paaralan at impluwensiya ng midya ang kanilang itinuturing na pangalawang wika. Ang unang wika ay tinatawag din bilang "wikang sinuso sa ina o inang wika" dahil ito ang unang wikang natutuhan ng bata. Ayon sa pag-aaral, may iba't ibang teorya na maaaring magpaliwanag kung paano natututo ng wika ang isang bata. Ilan sa mga ito ang Teoryang Behaviorism at Social Constructivism. Ang **Teoryang Behaviorism** ay likha ni Burrhus Frederick Skinner. Batay sa teoryang ito, ang wika ay natatamo sa pamamagitan ng pagkokondisyon at panggagaya ng bata sa kaniyang naririnig at nakikita sa paligid na kaniyang ginagalawan. Samantalang, ipinaliliwanag naman ng **Social Constructivism** ni Lev Vygotsky na natututuhan ng bata ang wika sa pamamagitan ng pakikisalamuha sa mga tao sa kaniyang kapagiliran (Zafra 2016). Sa ganitong kalagayan, mahihinuha na sa mga kabahayan ng komunidad ng Onhan, ang wikang Onhan marahil ang madalas gamitin ng mga nakatatandang miyembro ng pamilya na nagsilbing unang tagapagturo sa mga batang Onhan upang ganap nilang maunawaan ang wika ng kanilang bayan. Maaaring ginagaya nila ang mga salitang nariinig o dili kaya naman ay bunga ng kanilang pakikisalamuha sa mga taong nakapaligid sa kaniya.


Kaugnay nito, malinaw na ang wikang Onhan ay ang wikang kanilang palaging ginagamit sa pang-araw-araw nilang pakikipagtalastasan sa kapuwa nila Onhan. Sa katunayan, batay sa isinagawang sarbey ng mananaliksik, kalimitan nila itong ginagamit sa pakikipag-usap sa kanilang (1) tahanan, (2) kaibigan, at (3) kapitbahay. Bagaman ginagamit din nila ito sa pakikipag-usap sa opisyal ng pamahalaan (transaksiyon sa pamahalaan), guro at kamag-aaral (transaksiyon sa paaralan), sinasabi pa rin ng mga kalahok na mas madalas nilang gamitin ang wikang Filipino sa pakikipag-usap sa transaksiyon sa paaralan at pamahalaan gayundin sa kapuwa Romblomanon na iba ang wika sa kanila o sa mga dayuhan

sa kanilang komunidad liban na lamang kapag ang kausap ng isang Onhan na nagtatrabaho sa munisipyo ay kapuwa Bisayang Onhan. Sa ganitong sitwasyon makikitang itinuturing ng mga Onhan ang wikang Filipino bilang pormal na wikang angkop gamitin sa transaksiyon sa pamahalaan.




Tsart 1. Wikang Ginagamit sa Pakikipag-usap sa Iba't ibang Entidad

Sa kabila ng karunungan ng mga Onhan sa wikang Filipino, buhay na buhay pa rin ang wikang Onhan sa kaibuturan ng kanilang pagkatao sapagkat sa muling pagtatanong-tanong ng mga mananaliksik, lumalabas na ang wikang Onhan ang wikang kanilang ginagamit sa mga sumusunod na gawaing intrapersonal na komunikasyon gaya (1) pagdarasal, (2) pagmumuni-muni, (3) pag-iisip, (4) pangangarap, at (5) panaginip. Sa pagsusuri, balidasyon ito ng sinabi ng dakilang dalubwika na si Alfonso Santiago (2003) na ang "wika ay sumasalamain sa mithiin at lunggati ng isang tao". Makikita na sa kailaliman ng pag-iisip ng isang Onhan, mas naniniwala sila na matatamo nila ang kanilang ninanais gamit ang wikang gamay at malapit sa puso nila. Mabilis makapag-isip at tumatama sa puso.



Tsart 2. Wikang Madalas Ginagamit sa Iba't ibang Gawain

Samantala, sa usapin ng paggamit ng *social media* at pagte-text, lumalabas na mas ginagamit nila ang wikang Filipino sa pagpo-post ng istatus sa iba't ibang *social media applications* at pagte-text kahit pa ang kanilang kausap ay kapuwa Onhan. Sa pagbasa, marahil tinitingnan nila ang ganitong mga espasyo bilang isang espasyong nangangailangan ng pormal na pakikipagtalastasan at nakikita nila na mas akma ang wikang Filipino bilang midyum sa ganitong anyo ng komunikasyon. Hindi rin maikakaila na ang ganitong penomenon ay bunsod ng malawakang paggamit ng Filipino bilang midyum sa pagtuturo sa mga paaralang Onhan.



Tsart 3. Wikang Madalas Ginagamit sa Pakikipagkomunikasyon gamit ang Teknolohiya

Sa kabilang banda, batay sa panayam, sa larangan ng politika, wikang Onhan naman ang ginagamit ng mga Bisayang Onhan sa lokal na antas ng pangangampanya upang suyuin ang boto ng mga kapuwa Onhan. Patunay ito na mas naipapahayag ng isang Onhan ang kaniyang saloobin at aspirasyon tungo sa ganap na pagkakamit ng kaniyang layunin. Bukod pa rito, maaaring nakikita ng isang politiko na mahalagang maiugnay niya ang kaniyang sarili sa buong komunidad ng Onhan gamit ang wikang mas nauunawaan ng nakararami. Gayundin, nakikita niya itong oportunidad upang gamitin ang bentahe at retorika ng wikang ito at upang maiwasan niya ang pagkakamali sa pagbanggit ng salitang Tagalog o Ingles (di niya gamay) na maaaring ikapahamak o ikatalo niya sa eleksiyon. Ingat na ingat sila sa pagbibitiw ng mga salita o pahayag sapagkat batid nila ang kapangyarihan ng wika upang maimpluwensiyahan ang isang indibidwal. Ayon nga kay Neil Corlett (2013) sa kanyang artikulong pinamagatang “Language and Politics” na ang maling pili ng salita ng isang politiko sa panahon ng kaniyang pangangampanya ay maaaring makapagpalubog ng kaniyang karera. Para naman kay Pamela Constantino (2008) na binanggit ni Tomas U. Santos sa kaniyang artikulong “Pulitika ng wika, Wika ng Pulitika” nasa wika ang mga kaisipang bumubuo sa lawak ng gawaing politikal kaya naman ginagamit ang

wika ng mamamayan upang magkaroon ng pampolitikang kontrol ang isang politiko sa kaniyang mga nasasakupan.

Kasiglahan ng Wikang Onhan

Sa kasalukuyang panahon na mabilis ang pagbabago sa mundo, bukod sa pagbibigay halaga sa kalikasan, kultura, at tradisyon ay dapat mapahalagahan din ang wika ng isang komunidad lalo na't marami nang wika sa mundo ang namamatay. Tandaan na ang pagkamatay ng wika ay maaaring simula ng pagkabura ng pagkakakilanlan ng isang lahi. Ayon sa United Nations Educational, Scientific, and Cultural Organization (2003) ang pagkamatay ng wika ay bunsod ng iba't ibang internal at eksternal na puwersa. Kabilang sa internal ang negatibong pagtingin ng mga tao sa kanilang sariling wika at kultura bunga na rin ng diskriminasyong ipinapataw sa kanila ng kanilang kapuwa. Sa katunayan, marami ng katutubo sa mundo ang ibinabaon sa limot ang kanilang wika at kultura sa paniniwalang ito ang daan tungo sa pantay na pagtingin na kanilang inaasam. Ang masaklap pa, itinuturing nila ang kanilang wika bilang paurong at impraktikal ng gamitin sa iba't ibang larangan. Ang ganitong pagtingin ay bunsod ng tinatawag na *socioeconomic pressure* mula sa isang dominanteng komunidad pangwika.

Samantala, ilan naman sa halimbawa ng eksternal na salik ay ang pandarahas ng militar sa mga gumagamit ng isang partikular na wika bunsod ng polisiya ng pamahalaan, ekonomikong salik, relihiyon, kultura, at polisiyang pang-edukasyon. Ang mga ito ay pawang malaki ang kontribusyon sa kamatayan ng isang wika. Sa katunayan, ang pandarahas ng mga awtoridad sa mga katutubo upang palayasin sila sa kanilang lupaing ninuno ay tanda rin ng pagkamatay ng kanilang wika bunga ng pagkakawatak-watak ng kanilang lahi. Ayon nga kay Dr. Ricardo Nolasco na binanggit ni Chad De Guzman (2018), bumabalik sa isyu ng lupa ang pagkawala ng lengguwahe. Sa katunayan, kung marami sa mga katutubo ang tinanggalan ng lupang tinubuan, mamamatay talaga ang wika. Wala silang teritoryo, wala silang kapangyarihang pang-ekonomiya, wala silang kapangyarihang pampolitika. Nilalamon sila ng katabing kultura at katabing wika. Hindi puwedeng mabuhay ang isang wika kapag walang lupang tinubuan. Sa kabilang banda, may mga wika rin naman sa mundo ang lubos na napapangalagaan. Sa kaso ng , matatag pa rin ang wikang Tagalog, Ilokano, Bikolano, Cebuano, Hiligaynon, at iba pa. Patunay rito ang 2010 Census ng Populasyon at Kabahayan sa ng Philippine Statistics Authority kung saan lumabas sa nasabing pag-aaral na libo-libo hanggang milyon-milyong kabahayan pa rin ang gumagamit ng mga nasabing wika.

Pero paano nga ba masusukat na matatag o malapit nang mamatay ang isang wika? Kaugnay nito naglabas ang UNESCO (2003) ng panukat at deskripsiyon para malaman na ang isang wika ay masigla pang nagagamit sa komunidad o tunay nang nanganganib.

DEGREEE	INTERGENERATIONAL LANGUAGE TRANSMISSION
SAFE	<i>language is spoken by all generations; intergenerational transmission is uninterrupted</i>
VULNERABLE	<i>most children speak the language, but it may be restricted to certain domains (example home)</i>
DEFINITELY ENDANGERED	<i>children no longer learn the language as mother tongue in the home</i>
SEVERELY ENDANGERED	<i>language is spoken by grandparents and older generations; while the parent generation may understand it, they do not speak it to children or among themselves</i>
CRITICALLY ENDANGERED	<i>the youngest speakers are grandparents and older, and they speak the language partially and infrequently</i>
EXTINCT	<i>there are no speakers left</i>

Talahanayan 18. Panukat at Deskripsyon ng Kasiglahan ng Wika

Kaugnay nito, sa kaso ng wikang Onhan, natitiyak ng mananaliksik na ito ay nabibilang sa “ligtas” o “safe” na kategorya. Sapagkat ito ay wikang sinasalita at ginagamit pa ng lahat ng henerasyon sa nasabing komunidad. Patunay dito ang sarbey, pagtatanong-tanong, at obserbasyon na ginawa ng mananaliksik. Madalas gamitin ng mga matatandang Onhan ang wikang ito sa kanilang pang-araw-araw na gawain at pakikipag-usap sa kapuwa Onhan. Ito rin ang wikang bitbit ng mga bata sa kanilang pakikipag-usap sa mga magulang at pakikipaglaro sa kanilang kapuwa batang Onhan sa pang-araw-araw. Gayundin, bagaman ang Filipino at Ingles ang nagsisilbing midyum ng pagtuturo sa mga paaralan sa komunidad ng Onhan, nagagamit pa rin naman ang Onhan kung kinakailangang ipaliwanag ng guro ang mga mahihirap na konsepto. Wikang Onhan din ang ginagamit sa mga paskil at pabatid na may katumbas sa Filipino at wikang Onhan din ang ginagamit sa misa at pangangampanya. Magkaganoon pa man, dapat pa ring bantayang mabuti ang kalagayang ito ng wikang Onhan dala ng mga salik na maaaring makapagpahina dito sa hinaharap gaya ng midya at sosyo-ekonomikong salik. Tandaan na sa lumabas sa nasaigawang sarbey na wikang Filipino na ang madalas gamitin ng mga Onhan sa pakikipagkomunikasyon gamit ang teknolohiya. Kaya naman ipinapayong dapat ang mismong mga komunidad na nagsasalita nito ay magsagawa rin ng mga proyekto o programang makapagpapalusog sa wikang ito. Bukod sa pagdodokumento, maaaring maglunsad ang pamahalaan at paaralan ng mga patimpalak sa pagsulat ng anyong panitikan sa wikang Onhan na bukas sa lahat ng mamamayan, partikular na sa mga bata. Maaari ring magtayo ang komunidad na ito ng isang Center for Onhan Studies na magsisilbing pangunahing institusyon na magtataguyod sa kagalingan ng wikang ito.

ESTRUKTURA NG KOMUNIDAD

Pamilyang Onhan

Ang pamilya ang batayang yunit ng isang lipunan. Sa katunayan, ito ay itinuturing bilang pinakapayak na anyo ng isang organisasyong-panlipunan na nakatuon sa paghubog ng bawat kasapi nito. Gaya sa ibang lipunang Filipino, mababatid sa mga komunidad ng Onhan ang malalim na pagpapahalaga sa ugnayan ng pamilya. Sa katunayan, ang buhay ng mga komunidad na ito ay umiikot sa usapin ng pamilya. Kaugnay nito, maituturing na "*extended family*" ang karamihan sa mga pamilyang naninirahan sa komunidad ng mga Onhan. Bukod sa nanay, tatay, at mga anak gaya ng ate-**manang**, kuya-**manong**, at bunso-**kamanghuran nga laki/baye**, ang isang tipikal na pamilyang Onhan ay kinabibilangan din ng lolo-**Tay gulang**, lola-**Nay gulang** at maging tito-**angkol** o tita-*auntie* sa ilang pagkakataon.





Figura 3. Estrukturang Pamilyang Onhan


Tulad din sa ibang komunidad, ang ama ang nagsisilbing *padre de familia* na siyang nangunguna sa pagbibigay ng kabuhayan para sa buong pamilya at pagbuo ng mga desisyong mabibigat ukol sa pamilya. Tipikal na gawain ng ama ng pamilya ang magtrabaho para sa kabuhayan ng pamilya sa pamamagitan ng pagsasaka, pangingisda, o maging pangingibang bayan o bansa. Sa katunayan, batay sa pagtatanong-tanong na isinagawa ng mananaliksik, lahat ay nagsasabing pangunahing tungkulin ng ama ang maghanapbuhay para sa kaniyang pamilya. Samantala, lumabas din sa nasabing sarbey na malaki ang gawaing nakaatang sa ina. Batay sa resulta, lahat sila ay naniniwala na bukod sa pagtulong sa ama ng tahanan sa paghahanapbuhay ay tungkulin din ng ilaw ng tahanan ang mag-alaga ng mga anak at gumawa ng mga gawaing bahay para sa pamilya. Sa pagsusuri, makikita na sa komunidad ng Onhan ay buhay na buhay ang tiwala sa kakayahan ng mga ina ng tahanan. Balidasyon ito sa paniniwala na pagdating sa pangangalaga sa/ng pamilya, lahat ay gagawin ng isang ina na tunay na mapagkalinga.

Sa kabilang banda, bagaman may bigat ang pagdedesisyon ng ama para sa pamilya ay hindi naman isinasantabi ang opinyon ng ina sa pagbuo ng mabibigat na desisyon sa pamilya. Sa katunayan, pinakikinggan din ang boses ng ina sa komunidad ng Onhan lalo na kung ang usapin ay tungkol sa pamamalakad sa tahanan at pagpapalaki ng mga anak. Patunay dito ang 100% resulta ng sarbey na isinagawa ng mananaliksik ukol sa tanong na sino ang nagdedesisyon sa pamilya. Kung saan lumabas na magkatulong ang mga magulang sa pagdedesisyon ng usaping pampamilya. Sa kabuoan, masasabing may taglay na kapangyarihan ang isang babae sa pamilya at komunidad ng Onhan. Kinikilala ang kanilang kakayahan bilang isang tao at di-isinasantabi ang kanilang naitutulong para sa pamilya o kanilang komunidad. Binabasag ang nakasanayan sa isang patriyarkal na lipunan gaya ng na ang ama at ama lamang ng tahanan ang dapat magdedesisyon sa mga mabibigat na usapin at ang ina ay dapat lamang pagtuonan ang pagdedesisyon sa mga tipikal na pangangailangan ng pamilya gaya ng pagkain sa araw-araw o mga gawaing bahay. Ito ay maaaring ihalintulad sa sinaunang panahon na kalagayan ng mga kababaihan sa lipunang Filipino na kung saan bago pa man dumating ang mga mananakop na Espanyol, kinikilala na sila sa lipunan sa katauhan ng isang “babaylan”. Ayon nga kay Salazar (1999), may tungkulin na sila sa lipunan lalo na sa usapin ng pangangalaga sa kultura, relihiyon, medisina, at iba pang kaalamang-bayan na may kaugnayan sa kalikasan. Samantala, kung usapin ng wika, batay sa datos, malaki na rin ang impluwensiya ng ina sa paghubog ng unang wika ng bata sapagkat bahagi na rin siya ng pagdedesisyon sa pamilyang Onhan.



Tsart 4. Pagdedesisyon sa Pamilyang Onhan

Inaasaahan naman sa mga anak ang magbigay ng buong paggalang at pagmamahal sa kanilang mga magulang na nagpalaki at kumalinga sa kanila. Sa katunayan, nang tanungin ng mananaliksik sa pamamagitan ng sarbey kung may responsibilidad ang mga anak sa pag-aalaga ng magulang sa kanilang pagtanda. Mayorya ay sumang-ayon na may responsibilidad ang mga anak sa kanilang mga magulang sa panahon ng pagtanda nito.



Tsart 5. Responsibilidad ng Anank sa Magulang sa Panahon ng Pagtanda

Sa usapin naman ng responsibilidad ng mga anak, batay sa sarbey na isinagawa ng mananaliksik, 100% ang nagsabing tatlo sa pangunahing tungkulin ng mga anak o magkakapatid ang (1) mag-aral nang mabuti, (2) tumulong sa gawaing-bahay, at (3) mag-alaga ng mga nakababatang kapatid. Samantala, ang panganay ay inaasahan na magsisilbing katuwang ng mga magulang sa pagpapalaki sa kaniyang mga nakababatang kapatid. Kung kinakailangan ay inaasahan din siyang maging katuwang ng mga magulang sa pagtatrabaho. Ang anak na panganay na babae ay maaaring maging katuwang ng ina, samantala, katuwang naman ng ama ang panganay na lalaki. Patunay dito ang resulta ng sarbey ng mananaliksik na pangunahing tungkulin ng anak ang tumulong sa kanilang mga magulang sa gawaing bahay/trabaho bukod sa magsipag sa pag-aaral. Ang ganitong estruktura sa tahanan ay nagpapatunay lamang sa komunidad ng Onhan na mayroon silang pagpapahalaga sa responsibilidad bilang bahagi ng miyembro ng pamilya. Samakatuwid, buhay na buhay ang konsepto ng *division of labor* sa tahananang Onhan.

"Oo, mayroong na-schedule yan. Mayrong ikaw naka-assign magsaing ka for a certain number of days yan. Ikaw ang taga-pakain ng baboy na alaga, ikaw ang taga-luto, ikaw ang taga-hugas ng pinggan pagkatapos ng kain, uso pa (division of labor) sa bawat member ng family.....

Yan sa iba ang magsasaing, iba ang magluluto, iba ang maghahain. Kukuha ng mga ano sa kawayan ng tubig pupunta sa ilog. Ikaw ang magsalok ng tubig, pupunuin mo yung tapayan ng tubig, mga duties."

---Niding Tacasa, Dating Prinisipal sa Pampublikong Paaralan sa Looc

Sa usapin naman ng pagdidisiplina sa mga anak, lahat naman ay nagsabing hindi makatutulong ang paninindak, o pisikal na pananakit sa kanila. Bagkus sila ay naniniwala na ang pakikipag-usap at pagbibigay ng responsibilidad ay ang mga epektibong pamamaraan upang madisiplina ang isang batang Onhan.



Tsart 6. Epektibong Pagdidisiplina sa Anak

Sa pagtingin naman sa mga matatanda, mataas ang paggalang na ibinibigay ng mga Onhan sa kanila. Batay sa isinagawang pagtatanong-tanong, lumalabas na simula pagkabata ay ikinikintal na ng mga nakatatandang Onhan sa kanilang mga anak ang kahalagahan ng paggalang sa mga nakatatanda bilang bahagi ng sosyalisasyon. Bagaman hindi na uso ang sinaunang kultura ng paghalik sa kamay ng matatanda, naipapakita naman ito sa pamamagitan ng wastong pakikitungo at pakikipag-usap sa kanila. Sa usapin ng wika kalimitang ginagamit ang "manang" at "manong" sa pakikipag-usap sa nakatatandang kapatid na babae at lalaki. Gayundin, ginagamit nila ang katagang "tay gulang" o "nay gulang" sa pakikipag-usap ng mga bata sa kanilang mga lolo at lola. Samantala, ang paggalang ay dala pa rin ng mga Onhan hanggang sa kamatayan at naipapakita ito sa pamamagitan ng pakikiramay o pakikipaglamay (pamilasyon) at pagbisita sa mga yumao sa araw ng mga patay. Bukod sa mga ito, nakikita ang pinakadiwa ng paggalang ng isang Onhan sa kaniyang kapuwa Onhan lalo na ang nakatatanda sa kaniya sa pamamagitan ng pagsunod sa awtoridad ng tahanan.

Komunidad ng Onhan

“Actually, dito sa amin a-, magkakamag-anak ang tao e. Mga ano din naman karamihan e magkamag-anak. A, hindi naman gaanong magulo kami rito.”

---Mayor Arsenio Gadon ng Bayan ng San Andres

Litaw na litaw sa mga komunidad ng Onhan ang konsepto ng kamag-anakan. Patunay dito ang pagiging magkakalapit ng kanilang mga bahay.

Samantala, bakas din sa komunidad ng wikang Onhan ang pagtutulungan at pagdadamayang ng magkakapitbahay, magmula sa usapin ng kabuhayan hanggang sa usapin ang kamatayan. Sa katunayan, ang mga mangingisdang magkakapitbahay ay nagbibigayan ng kani-kanilang nahuling isda kung may sobra man. Makikita rin ang ugaling ito ng mga mamamayan ng Onhan sa usapin ng mga pagdiriwang na mayroon sa bawat komunidad gaya ng "Talabukon Festival" ng Bayan ng Looc kung saan ang mga mamamayan ay nagtutulungan upang maging matagumpay ang nasabing pagdiriwang. Nariyan din ang konsepto ng "Sandukan" ng Bayan ng San Andres kung saan malayang nagbibigayan ng ulam ang mga magkakapitbahay at "Bugsayan Festival", "Pangoma Festival", at Engkanto Festival" ng Santa Fe kung saan magkakasama at nagkakaisa ang mga mamamayan ng Santa Fe sa pagsasaayos nito tungo sa ikagaganda ng pagdiriwang bilang pasasalamat sa kalikasan at Diyos. Sa ganitong kalagayan, makikita na buhay na buhay pa rin sa komunidad ng Onhan ang konsepto ng bayanihan. Isang ugaling Filipino na nangangahulugan ng pagtutulungan sa komunidad nang walang hinihintay na kapalit. Sa ganitong sistema, makikita ang espirituwal na pagkakaisa at kooperasyon ng bawat isa na nakaugat sa konsepto ng "malasakit". Sa lipunang Filipino, ang "bayanihan" ay ang nagsisilbing ubod (core) ng kulturang Filipino.

" Nagtutulungan pa rin. Gaya ngayon, isang programa ng mga Senior, Bayanihan. Kung saan ang mag-presidente ng barangay ng Senior gapangaybigan sa ano. Ang lahat ng mga presidente mag-ano kung ano ginagawa nila para matulungan sila.... Nagbabayanihan ang Looc. Barangay to barangay yan nagtutulungan."

---Niding Tacasa, Dating Prinisipal ng Looc

Bukod sa pagtutulungan, buhay na buhay din sa komunidad na ito ang konsepto ng "pagdadamayang o pakikidalamhati". Patunay dito ang **pagnonobena** (siyam na araw na padasal) kapag may sakit ang miyembro ng pamilya at may patay na kapamilya at magpapakain sa ika-siyam na gabi, at **pasukat** o anibersaryo ng kamatayan ng isang miyembro ng pamilya. Sa ganitong mga gawain, naipapakita ng Onhan sa kaniyang kapuwa Onhan ang pakikiramay. Ito ay nagwiwika na nauunawaan ng isang Onhan ang pakiramdam ng kaniyang kapuwa. Sa ganitong kalagayan, makikita ang konsepto ng "kapuwa" at di ng sarili bilang isa o hiwalay na entidad sa iba. Ito ay isa sa mga kahanga-hangang ugali na taglay ng mga Filipino—pagyakap at pag-unawa sa iba bilang kapamilya.

Sa pagsusuri, makikita sa dalawang pananaw ang konsepto ng pakikipagkapitbahay ng mga Onhan. Ito ay ang lantad at di-lantad na pakikipagkapitbahay. Lantad sapagkat makikita mo ang panlabas na anyo ng ugnayang panlipunan tulad ng **sandukan**, pagtulong sa pagsasaayos ng kapistahan o mga pagdiriwang at iba pang mga gawaing kaugnay nito. Ang di-lantad na pakikipagkapitbahay naman ay inilalarawan ng magandang saloobin sa kapitbahay at kahandaang tumulong sa panahon ng kagipitan. Ito ay maaaring

maipakita sa pamamagitan ng moral na suporta, at suportang emosyonal (Panopio at Santico-Rolda 1992).

Samantala, taliwas sa paniniwala at bansag ng mga sinaunang Espanyol, at kapuwa Filipino gaya ng mga Asi (gaya ng banggit ni Mateo Meñez), ang Onhan ay masisipag na mga indibidwal. Nagsisimula ang kanilang pagtatrabaho sa madaling araw kung saan ang mga mangingisda at magsasaka ay maaagang gumigising upang pumalaot sa dagat upang mangisda at pumunta sa kani-kanilang bukirin upang magsaka at magtanim ng mga gulay. Kadalasan nagsisimula ito ng alas-dos o alas-kuwatro ng madaling araw. Patunay dito ang testimonya ng mga mangingisda/namamahala sa pangisdaan ng kanilang bayan gaya nina Miguel Taytay, Susan Noche, Lucille Gregorio, Francisco Gacu Galin, at Mario Galasinao. Maaaga ring gumigising ang mga Onhan na ang kabuhayan ay pag-aalaga ng mga hayop gaya ng baboy, baka, kalabaw, bibe, at mga kagaya nito. Makikita mo rin sa komunidad ng Onhan na maagang nagsisimula ang araw ng mga nagtitinda sa palengke magmula sa nagtitinda ng kakanin, gulay, karne, isda, at maging mga prutas. Sa katunayan, sa gabi o madaling araw pa lang ay nagluluto na ng panindang kakanin o ulam (suman o sarsa) ang mga nagtitinda nito nang sa ganoon ay makahabol sa almusal ng mga tao. Patunay dito ang kuwento ni Aling Mila ng bayan ng Looc na limang taon nang nasa ganitong uri ng negosyo. Ang ganitong maagang paggawa ng nakararaming mamamayan ng Onhan ay nagpapatunay na masigla ang komunidad na ito sa kabila ng maliit na kita at kahirapan ay nagagawang itaguyod ang pamilya sa pamamagitan ng iba't ibang pagkakakitaan. Binabasag din nito ang maling paniniwala na sila ay tamad o walang pangarap sa buhay. Sa usaping ito, sa halip na tingnan ang katamaran batay sa pangkat na kinabibilangan, mas mainam na tingnan ito bilang “pang-indibidwal” na katangian o kagustuhan.



Larawan 8. Kasama si Ate Mila, Magsusuman at Magtitindang Onhan



Larawan 9. Babaeng Mangingisdang Onhan

Sa usapin naman ng pagtanggap ng bisita, masasabing magiliw ang mga Onhan. Sa katunayan, batay sa aming karanasan, hindi sila nagdalawang-isip na makipagdayalogo sa amin kahit pa kami ay mga dayuhan sa kanilang bayan at wala pang anumang impormasyon na ibinibigay. Sa loob ng sampung araw na pakikisalamuha ng mga mananaliksik sa mga Onhan ay hindi naramdaman ng mga ito ang anumang pagkainis ng mga Onhan bagkus buong giliw nilang inasikaso sa pamamagitan ng pag-alalay sa amin. Sa katunayan, di nila itinuturing na abala ang aming pagtungo doon. Malaya din silang nag-imbata at nagbigay ng matutuluyan at pagkain sa mga mananaliksik at buong giliw na inimbitahan sa kapistahan ng kanilang mga bayan. Ilan sa mga ito ay sa katauhan nina May Noval, ang Tourism Officer ng Looc, Dolphy Gabayno, taga-San Andres at mag-aaral ng Romblon State University na nagsilbing tulay namin sa komunidad, Emma Gregorio ang Agriculturist ng Looc, Nay Gulang Niding Tacasa, retiradong prinsipal ng Looc, Gng. Mary Bulosan, ang namamahala at may-ari ng Seaside Inn sa Alcantara, Rey Trinidad, ang Agricultural Technologist ng Santa Fe, Francisco Galin, Konsehal ng bayan ng Alcantara, Gng. Jellie Mayor, Guro ng Alcantara National High School, G. Charles Andres ang Agriculturist ng Santa Fe, at Rachelle Gaytano, ang Tourism Officer ng Alcantara. Ang ganitong katangian ng mga Onhan ay mababakas bilang pangkalahatang katangian ng mga Filipino. Ayon nga kina Panopio at Santico-Rolda (1992), ang mga dayuhang dumarating sa isang lugar ay itinuturing ng mga Filipino bilang espesyal. Binibigyang-halaga sa pamamagitan ng pagiging magiliw sa mga panauhin.



Larawan 10. Si Gng. May Noval, Puno ng Depto. ng Turismo ng bayan ng Looc



Larawan 11. Ang mga Magsusuman ng bayan ng Looc

Isa pa sa naobserbahan ng mga mananaliksik ay ang pantay na pagtingin ng mga Onhan sa kasarian. Sa katunayan, ang mga kababaihang Onhan ay hindi nagpapakita ng *entitlement* bilang babae. Halimbawa, sa loob ng halos dalawang linggong pananatili doon, napansin ng mga mananaliksik na hindi uso ang pagbibigay ng upuan sa mga babaeng sumasakay ng pampublikong sasakyan. Gayundin, hindi naman ito hinihiling o ipinadarama ng mga kababaihang Onhan na kailangan nila iyon. Sa pagsusuri, makikita ang katatagan ng babaeng Onhan. Makikita ang kanilang mataas na pagkilala sa lakas at kakayahan ng kababaihang Onhan sa kabuoan.

Narito naman ang ilang paglalarawan ng mga Onhan sa kanilang bayan at mamamayan

"Siguro sa mamamayan muna, ang mga tao dito ay masasabi kong parang basta nagkakaisa dito kapag pinatawag mo pag may mga okasyon madaling malapitan. Tahimik 'yung lugar namin – peaceful di katulad sa ibang bayan na kapag may eleksiyon may mga nakawan. Dito oo politiko pero pagkatapos ng eleksiyon yung mga nanalo magkaibigan pa rin. Halimbawa, nanalo sa kabilang Partido hayon nagsasama-sama pa rin kami. Nagkakaisa pa rin. Ang mga tao dito ay masayahin. Kase tuwing fiesta dito ang saya namin. Kahit saang barangay."

---Francisco Galin, Konsehal ng Bayan ng Alcantara

SISTEMA NG PAMAMAHALA

Estruktura ng Pamamahala

Nakaayon sa pambansang pamamahala ang sistema ng pamamahala ng mga komunidad ng wikang Onhan. Sa katunayan sumusunod ang bawat komunidad sa kung ano ang sinasabi ng Local Government Code ng 1991. Ang pamamahala ay nagsisimula sa barangay na itinuturing bilang batayang yunit-politikal na nagsisilbing katuwang ng pambansang pamahalaan sa pagpapalano at pagpapatupad ng mga polisiya, plano, proyekto, at iba pang gawain ng komunidad. Ang bagay na ito ay nasusulat sa Ikatlong Libro ng Local Government Code sa , Seksiyon 384.

"As the basic political unit, the Barangay serves as the primary planning and implementing unit of government policies, plans, programs, projects, and activities in the community, and as a forum wherein the collective views of the people may be expressed, crystallized and considered, and where disputes may be amicably settled."

Ang bawat barangay ay binubuo ng punong barangay, pitong kagawad, isang SK Chairman, ingat-yaman, at kalihim ng barangay kung saan ang mga opisyal na ito ay inaasahan na bumubuo ng isang lupon tungo sa pagpapanatili ng kapayapaan sa komunidad na tatawaging Lupon ng Tagapamayapa sang-ayon na rin sa Seksiyon 387 B. Ilan sa mga gampanin ng lupon ang sumusunod: (1) gawin lahat ng paraan upang magkasundo ang magkabilang panig (2) magpulong ng regular upang makapagpalitan ng idea ang mga miyembro at ang mga mamamayan ng barangay tungkol sa usapin ng pagsasaayos ng gusot at pagpapanatili ng kapayapaan. Gayundin, upang makapagbahagi ang bawat miyembro ng kanilang saloobin, suhestiyon o posibleng solusyon sa mga usapin, at (3) ipatupad ang kanilang kapangyarihan o tungkulin sang-ayon sa itinadhana ng batas.

“So, sa barangay merong mga tanod. Dito sa ano...may mga pulis din. Sila-sila ang nangangasiwa ng *peace and order situation* dito sa aming bayan. Di gaano ang mga problema dito kase may *peace and order*. ”

---Arsenio Gadon, Mayor ng Bayan ng San Andres



Larawan12. Kasama si Mayor Gadon ng bayan ng San Andres

Samantala, sa mga nabanggit na opisyal ng barangay, ang kapitan ng barangay ay inaatasan na ipatupad ang lahat ng mga ordinansa at batas na maaaring ilapat sa komunidad, pangunahan ang operasyon ng Katarungang Pambarangay at itaguyod ang pangkalahatang kagalingan ng mga mamamayan ng barangay samantalang inaasahan namang lilikha ng mga ordinansa ang bawat miyembro ng kagawad ng barangay at katulong ng punong barangay sa pagpapanatili ng kapayapaan.




Figura 4. Estructura ng Pamahalaang Barangay ng Onhan

Sa panahon ng kaguluhan sa barangay, inaasahan na ipatutupad ng mga opisyal na ito sa pangunguna ng punong barangay ang patas na pagtingin sa usapin tungo sa pagbuo ng makatarungang desisyon. Sa komunidad ng wikang Onhan, kalimitan na nagiging problema ng barangay ang alitan sa pagitan ng magkakapitbahay gaya ng pakikiapid ng asawang lalaki o babae sa kanilang kapitbahay o kumpare-kumare, alitan bunga ng away ng mga anak, at/o panggugulo bunga ng labis na kalasingan. Kaugnay nito, malaki ang gampanin ng Pangkat ng Tagapagkasundo sa ilalim ng Lupon ng Tagapamayapa.

Samantala, ang sistema ng barangay na ito ay nakapaloob din sa kung ano ang patakarang pinaiiral ng munisipalidad na binubuo ng alkalde, bise-alkalde, mga kagawad ng Sangguniang Bayan, kalihim ng Sangguniang Bayan, ingat-yaman, assessor, inhinyero, akawntant, doktor, at civil registrar ng munisipalidad sang-ayon sa Kabanata II, Seksiyon 443 ng Local Government Code ng kung saan ang alkalde ang nagsisilbing puno ng bayan na ang pangunahing tungkulin ay (1) suriin ang mga pangunahing programa, serbisyo, proyekto, at iba pang gawaing pang-munisipalidad, (2) ipatupad ang mga batas at ordinansa na nabuo ng sangguniang bayan, (3) gamitin sa pinakamaayos at tapat na pamamaraan ang salapi ng bayan para sa pagpapatupad ng mga proyekto ng bayan partikular na sa *agro-industrial development* na magpapaunlad sa kabuhayan ng kaniyang nasasakupan, (4) tiyakin na ang mga serbisyo at proyekto ng bayan ay napapakinabangan ng taumbayan, at (5) gamitin ang kapangyarihan sang-ayon sa itinalaga ng batas. Ginagampanan naman ng bise-alkalde ang pagiging *presiding officer* ng Sangguniang Bayan sa bawat ordinansa o pulong na kanilang isasagawa at magsilbing kapalit ng alkalde sakaling bakante ang posisyon nito. Samantala, tungkulin naman ng miyembro ng Sangguniang Bayan ang lumikha ng mga ordinansa at mga batas na pumapabor sa kagalingan ng sambayanan at kapayapaan ng buong munisipalidad. Sakop din nila ang bumuo ng mga parusa at multa sa mga lalabag sa bawat ordinansa. Narito ang isang halimbawa ng estruktura ng pamamahala sa isang munisipalidad ng Onhan.




Figura 5. Estruktura ng Pamahalaang Bayan ng Onhan

Sa kabuoan, masasabing payapa ang sistemang politikal sa mga komunidad ng Onhan. Walang anumang malubhang di-magandang pangyayari ang nagaganap dito bunga ng alitan sa politika. Sa kabilang banda, bagama't nakapagtala ng mga krimen ang pamunuan ng pulisya sa bawat komunidad ng Onhan, ang mga ito ay maituturing pa na mababa. Halimbawa, batay sa ulat ng Looc Municipal Police Station noong 2015, nakapagtala lamang ng 103 *crime incidence* ang pulisya sa loob ng apat na taon (mula taong 2011 hanggang 2015). Ilan sa mga krimeng ito ay ang sumusunod:

1. Pagnanakaw
2. Pagpatay
3. Seksuwal at Pisikal na Pang-aabuso
4. Pagbabanta sa Buhay nang may Buhay

Tala ng Krimen sa Bayan ng Looc (2011-2015)

Mula sa Looc Municipal Police Station (2015)

KRIMEN	2011	2012	2013	2014	2015	KABUOAN
Pagnanakaw	6	1	1	0	0	8
Pagpapatay	6	2	2	1	1	12
Homicide	2	1	3	1	0	7
Panggagahasa	1	3	4	2	2	12
Illegal na Pagdadala ng Baril/Armas	1	1	0	0	0	2
Parricide	0	0	0	0	0	0
Infanticide	0	0	0	0	0	0
Frustrated Muder	2	0	2	0	1	5
Frustrated Homicide	0	0	1	0	0	1
Attempted Murder	1	0	0	0	1	2
Pagbabanta	1	1	1	1	3	7
Pandurukot	1	1	1	0	6	9
Malicious Mischief	0	0	1	0	1	2
Physical Injury	6	6	2	2	6	22
Violence Against Women and Children	0	1	2	0	0	3
Trafficking in Person	0	0	0	0	1	1
RIR in Homicide	0	0	0	0	1	1
Direct Assault upon an Agent of Person with Authority	0	0	0	0	1	1
Qualified Trespass to Dwelling	0	0	0	0	2	2
R.A. 7610	0	0	0	0	2	2
R.A. 9165	0	0	0	0	2	2

Estafa	0	0	0	0	1	1
Carnapping	0	0	0	0	1	1
KABUOAN	27	17	20	7	32	103

Talahanayan 19. Tala ng Iba't ibang Krimen sa Bayan ng Looc

Samantala, higit na mababa ang naitalang *crime incidence* ng pulisya ng bayan ng Santa Fe batay sa ulat nito noong 2017 para sa taong 2015-2016. Sa katunayan sa loob ng dalawang taon, mayroon lamang itong kabuoang bilang na 57 na krimen (27 noong 2015 at 30 noong 2016) kung saan 34 dito ay krimeng gawa ng kalalakihan at 23 naman ay krimeng gawa ng kababaihan.

Tala ng Krimen sa Bayan ng Santa Fe (2015-2016)

Mula sa Santa Fe Municipal Police Station (2015)

BARANGAY	TYPE OF CRIME	2015		2016		KABUOAN
		M	F	M	F	
AGMANIC	Physical Injury	1				1
	Frustrated Homicide	1		1		2
	Direct Assault to the Person in Authority/Resisting Arrest	1				1
	Murder					0
	Attempted Rape				1	1
CANYAYO	Threat		1			1
	Rape in Relation to R.A. 7610		1			1
	Qualified Theft	1				1
	Attempted Homicide			1		1
DANAO NORTE	Rape (Art. 266-A RC & R.A. 8353) (PERSONS)				1	1
DANAO SUR	Rape in Relation to R.A. 7610		1			1
	Violation of R.A. 9262 (VAWC)		1			1
GUINBIRAYAN	Robbery	1				1
	Less Serious Physical Injury		1			1
	Frustrated Homicide	1		1		2
	Grave threat			1		1
	Slander				1	1
	Violation of R.A. 9262 (VAWC)			1		1
	Violation of R.A. 7610			1		1

BARANGAY	TYPE OF CRIME	2015		2016		KABUOAN
		M	F	M	F	
	(Child Abuse Act)					
GUINTIGBASAN	Illegal Logging	1				1
	Murder			1		1
	Homicide			1		1
	Frustrated Homicide			1		1
MAGSAYSAY	Cattle Rustling					0
	Homicide	1				1
	Theft		1			1
	Violation of R.A. 4136					0
	Robbery				1	1
	Violation of R.A. 7610 (Child Abuse Act)			1		1
	Attempted Rape			1		1
	Rape (Art. 266-A RC & R.A. 8353) (PERSONS)		1		1	2
MAT-I	Malicious Mischief					0
	Alarm and Scandal					0
	Resistance and Disobedience to a Person in Authority	1				1
	Violation of R.A. 7610 (Child Abuse Act)		1			1
	Frustrated Homicide			1		1
	Physical Injury			1		1
	Rape (Art. 266-A RC & R.A. 8353) (PERSONS)				1	1
	Kidnapping and Serious Illegal Detention				1	1
PANDAN	Attempted Homicide	1				1
	Robbery			1		1
	Violation of R.A. 4136					0
POBLACION	Carnapping (MC)	1				1
	Trespass to Dwelling		1			1
	Libelous Remarks		1			1
	Theft		1			1
	Violation of P.D. 1602 (Illegal Gambling)			1		1
	Physical Injury	1				1
	Alarm and Scandal					0
	Violation of R.A. 7610		1			1

BARANGAY	TYPE OF CRIME	2015		2016		KABUOAN
		M	F	M	F	
	(Child Abuse Act)					
	Robbery			2		2
	Frustrated Parricide			1		1
	Violation of R.A. 4136					0
	Malicious Mischief			1		1
	Illegal Possession of Firearms			1		1
	Resistance and Disobedience to a Person in Authority			1		1
TABUGON	Rape in Relation to R.A. 7610		2			2
	Violation of R.A. 7610 (Child Abuse Act)		1			1
	Grave threat			1		1
	Violation of R.A. 9262 (VAWC)				1	1
KABUOAN		1 2	1 5	2 2	8	57

Talahanayan 20. Tala ng Iba't ibang Krimen sa Bayan ng Santa Fe

Sa kabuoan masasabing tunay na mapayapa ang komunidad ng Onhan. Patunay rito ang mga mababang datos ng insidente ng krimen sa bawat bayan. Ang ganitong estadistika ay repleksiyon nang maayos at epektibong programa ng Philippine National Police sa mga komunidad na ito gaya ng pagpapatrol gabi-gabi sa buong bayan, *checkpoints and inspections* sa mga pambansang daanan, *security assistance at information and education campaigns*. Gayundin, ito ay tanda na ang mga mamamayan ng Onhan ay mabubuti at mapayapa.

Pagiging Lider

Malaki ang gampanin ng pinuno ng isang komunidad upang manatiling maayos ang buong sistema ng lipunan. Ang isang maayos na komunidad ay repleksiyon ng pamumuno ng isang maayos na pinuno. Kaya naman sa pagpili ng isang pinuno mahalagang ito ay pag-isipang mabuti nang sa ganoon ay hindi magsisi sa bandang huli. Sa kaso ng mga Onhan, batay sa isinagawang pagtatanong-tanong ng mga mananaliksik karamihan sa kanila ay nagbigay ng tatlong pangunahing katangiang dapat taglayin ng isang lider. Ilan sa mga ito ang sumusunod:

✚ **May takot sa Diyos.** Ang isang lider na may takot sa Diyos ay nangangahulugan na ang kaniyang desisyong gagawin bilang pinuno ay naaayon sa kagustuhan ng Panginoon. Dahil siya ay may takot sa Diyos inaasahan na hinding-hindi siya gagawa ng anumang bagay na labag sa kautusan ng Panginoon gaya ng pagnanakaw, pagpatay, pagmamalupit, panloloko, at iba pang gawain na di-makatarungan para sa sambayanan. At dahil Panginoon ang sentro ng kaniyang pamumuno, hindi-hindi niya pababayaan ang kaniyang nasasakupan at gagawin ang lahat ng makakaya sang-ayon sa kagustuhan ng Panginoon.

✚ **Matapat at mapagkakatiwalaan.** Mahalagang ang isang lider ay tapat sa kaniyang inakong tungkulin at responsibilidad upang maging ama o ina ng kaniyang nasasakupan. Ang isang lider na matapat sa kaniyang salita ay nangangahulugan ng isang maunlad na pamayanan sapagkat gagawin niya ang kaniyang makakaya upang tupdin ang kaniyang binitiwang mga pangako sa panahon ng panliligaw sa kaniyang nasasakupan. Bukod sa pagiging tapat, mahalagang mapagkakatiwalaan mo rin ang isang pinuno sapagkat ang yaman at kaunlaran ng iyong bayan ay ipagkakatiwala mo sa isang taong handang maglingkod nang walang anumang hinihinging kapalit. Tanda ng isang mapagkakatiwalaang lider ang isang *track record* o kaligiran na walang bahid dungis ng anumang panloloko o panlilinlang.

✚ **May Paninindigan.** Maituturing na matapang ang isang lider na may tindig sa isang isyung kinahaharap ng kaniyang nasasakupan. Sa pamumuno, mahalagang may paninindigan ang isang pinuno sa bawat desisyon na kaniyang gagawin. Nililinaw na dapat ang desisyong ito ay naaayon sa kapakanan ng nakararami at hindi sakop nito ang paninindigan sa isang desisyong makasarili o taliwas sa batas ng tao at batas ng Diyos. Paninindigan sa bayan at di sa iilan. Ang pangako at kombiksiyon ang malapit na naglalarawan ng kahalagahan ng paninindigan. Ang isang opisyal ng pamahalaan ay hindi makasariling naglilingkod sa kaniyang nasasakupan. Bagkus nagpapakita ng integridad sa kabila ng katiwalian at kabulukang laganap sa paligid, ay may paninindigan. Napapaloob sa paninindigan ang paggalang at pagmamalasakit, pagtulong sa panahon ng kagipitan o pagdamay, pakikipagkaibigan at pakikipagkapuwa (Panopio at Santico-Rolda, 1992).

Ang ganitong mga katangiang ibinigay ng mga Onhan na hinahanap nila sa kanilang lider ay maaaring repleksiyon at impluwensiya din ng kani-kanilang kinabibilangang relihiyon. Buhay na buhay ito sa kaso ng mga kasapi sa Iglesia Filipina Independiente (IFI) o Aglipay kung saan ang relihiyong ito ay itinuturing na may makabayan at progresibong oryentasyon. Sa katunayan, isang aral na maaaring makuha mula sa mga Aglipayano o tagasunod nito ay ang paniniwalang, “Kung tunay na mahal mo ang Diyos, dapat mahal mo rin ang bayan mo.” *Pro Deo et Patria*, para sa Diyos at para sa Bayan (Chua 2012). Hindi naman mapapasubalian na malaki rin ang impluwensiya ng panawagan ng mga pinuno

ng Simbahang Katolika sa mga kasapi nito ukol sa tamang pagpili ng pinuno ng bayan. Patunay dito ang inilabas na pahayag ni Archbishop Socrates Villegas (2016) ukol sa tamang pagpili ng isang kandidato. Aniya,

“Ang mga Katolikong tapat sa paghahari ni Kristo ay hindi dapat pumili ng kandidato na may paninindigang ilalagay sa panganib ang ating bayan, at higit pa roon, ay wawasakin ang moralidad nito. Hindi natin maaaring iproklama si Kristo bilang Hari kung kasabay nito ay tinatanggap natin ang pamumuno ng isang tao na ang isip, pananalita, at kilos ay taliwas sa pamumuno ni Hesukrist. Ngunit lagi nitong pinapaalala sa mga Katolikong botante na ang pagboto ay hindi lamang obligasyon bilang mamamayan, ngunit higit pa, ito ay lantad na deklarasyon ng kaniyang pag-ibig sa Diyos. Ito ang aming apela sa inyo, mga kapatid na Katoliko, sa darating na eleksiyon.”

Ang katangiang "may takot sa Diyos" ay repleksiyon na ang mga Filipino ay may mataas na pagkilala sa dakilang lumikha. Matatandaan na noon pa man, malaki na ang tiwala ng mga Filipino sa lumikha ng uniberso. Sapagkat para sa kanila, ang sino mang nananalig sa panginoon ay hindi nito pababayaan at sino mang tatalikod sa kaniyang kagustuhan ay tiyak na magbubunga ng di-maganda.

"Mabuting lider may takot sa Diyos, **kapwangan** ibig sabihin matulungin ka sa kapuwa mo sa mga tao. Siyempre, galante ka, ganoon. Para sa akin, siyempre, ako bilang opisyal, siyempre takot kang gumawa nang masama kasi unang-una ay may batas tayo ng simbahan at batas ng Diyos. Di ba ibigin mo 'yung kapuwa mo iyon kasi o kaya ang Diyos doon siya ang ga-guide sayo sa pamumuno. E, kung wala ka (paniniwala sa Diyos) paano ang takbo ng utak? Dahil wala, wala kang takot gumawa dito ng masama, wala kang takot na gumawa doon ng masama. Tapos siyempre kung wala kang takot sa Diyos gagawa ka ng masama. Mga ganon? Importante unang-una yung takot sa Diyos."

---Francisco Galin, Konsehal ng Bayan ng Alcantara

Ang **kapwangan** ay salitang Onhan na katumbas ng pakikipagkapuwa sa wikang Filipino. Ang kapwangan ay maipapakita sa pagiging magiliw at mabuting tao sa kapuwa. Handang tumulong sa kapuwa sa pamamagitan ng paglilingkod sa abot ng makakaya. Nakaugat din ito sa konseptong ang pag-ibig sa kapuwa ay pag-ibig sa Diyos.

Samantala, ang katangiang "matapat at mapagkakatiwalaan" ay maaaring produkto ng karanasan ng mga Filipino sa usapin ng pamumuno. Matatandaan na mula pa noong panahon ng pamumuno ni Bonifacio hanggang sa kasalukuyang panahon ay subok na ang katangiang ito sa mga namuno sa ating bansa. Ang

ganitong lunggati o aspirasyon ay patuloy pa ring pinanghahawakan ng mga Filipino partikular na ng mga Onhan sa paniniwalang ang pagiging matapat ay instrumento sa kaunlaran ng isang bayan. Maaaring nag-ugat din ito sa pilosopiyang Filipino na "Ang pagsasama ng tapat ay pagsasama ng maluwa".

Patuloy pa ring hinahanap ng mga Onhan sa isang lider ang may "paninindigan" sa bayan at di sa iilan sapagkat produkto din ito ng kasaysayan—na marami sa mga lider ng ating bansa, lokal man o pambansa ay nag-iiba ang katapatan at paninindigan matapos makaupo at makuha ang kapangyarihan. Para sa mga Onhan ang lider na walang paninindigang pangambayanan ay di tunay na pinuno.

Samantala, batay rin sa mga nakapanayam ng mananaliksik, at sa pag-aaral ni Dr. Esquejo (2015), isang salik din ang wikang ginagamit ng isang kandidato upang manalo sa posisyong kaniyang inaasam. Sa katunayan, madalas pinipili ng mga Romblomanon ang isang lider na kanilang katulad sa wika. Sa ganitong sitwasyon, mas mataas ang tendensiyang manalo ang isang kandidatong katulad ng wika ng nakararaming botante.

Sa kabilang banda, para sa mga Onhan ay di-mabuting katangian ng isang pinuno ang (1) pagiging tiwali, (2) mayabang, at (3) walang paninindigan para sa bayan. Ang ganitong katangian ng lider ay siyang ayaw din ng mga botanteng Filipino sa kabuoan. Sa katunayan, ayon sa resulta ng pag-aaral ng Social Weather Stations (2018), 25% ng 1,440 na sumagot sa nasabing sarbey ang nagsasabing isa sa katangian ng lider na kanilang hinahanap ay hindi tiwali. Ito ang nangunang katangian na gusto nila sa isang lider ayon sa nasabing sarbey.

SISTEMANG PANGKABUHAYAN

Pagsasaka at Pangangisda Bilang Kabuhayan

“Ay, merong buwan din siguro. Katulad ngayon nag-start ito noong yung huli a. Ngayon kase, kung doon sa amin, doon sa barangay namin sa San Isidro ngayong itong week halos napakamaraming isda. Kagabi nga e yung isang bangkang de motor nga halos naka-15 kgs mahigit pa kuwan pero kung kuwan kase kapag amihan yung buwan ng October yan start yan November, December, January halos inaabot pa ng March yan. Di ka makapalaot masyado kase pagma-ano kase dito malakas pag habagat naman dito. A, ganito, maganda ang kuwan magandang mangisda kapag habagat dito. Kaya nagstart naman itong habagat noong mga 3 years. Noong nakaraang 3 yrs kase parang nagbago na ngayon e. Dapat April-May habagat na yan e. Pero itong last 2 years natin last 3 o last 2. May ay amihan pa rin. Kaya parang yung tinatawag namin na pati itong dagat

ay nag-*climate change* na rin. Bakit kaya gumanon? Kase tuwing Mayo yan, ‘pag piyesta ng barangay namin andyan na ‘yung kumbaga kuwan na panahon na ng tinatawag naming **sinaw-ad, kamado, sulì** yan yung mga dalagang-bukid nga isda. Yung mga pula. Yung mga di ba yung dalagang-bukid pula yon? Yan ang yung nahuhuli sa *hook-and-line*. E, ito ngayon lang. Itong June lang nag-start na na parang nagbago na yung klima. ”

---Francisco Galin, Konsehal ng Bayan ng Alcantara/Mangingisda

Tubig at lupa ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ng mga komunidad ng wikang Onhan. Para sa kanila ito ang nagsisilbing balon ng pagkain, bukal ng salapi, at buhay sa kabuoan. Ayon nga kay Mayor Gadon ng Bayan ng San Andres (2018), nakasandig ang komunidad ng wikang Onhan sa agrikultura kung saan pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan ang pagniniyog, paggugulay, pagkokopra, pag-aalaga ng mga hayop, at pangingisda. Ang ganitong impormasyon ay sinusugan naman ni Gng. Emma Gregorio, Agricultural Technologist ng Looc (2018), sa pagbanggit ng iba’t ibang barangay sa Looc na taglay ang kaunlaran ng pagsasaka. Patunay rito ang pagiging bahagi ng mga barangay Limon Sur, Limon Norte, Punta, at Tugisat Brgy. Agojo sa Agrarian Reform Communities ng Looc (LILIPUT ARC at AGOJO ARC) kung saan sa mga barangay na ito, karamihan ng populasyon ay magsasaka, nagtatrabaho sa sakahan, at may-ari ng sakahan.

BARANGAY	BILANG NG MGA MAGSASAKA
Limon Sur	106
Pili	71
Limon Norte	25
Punta	9
Tuguis	16
Camandag	15
Balutacan (Sitio Alagakit)	15
Balutacan (Sitio Bagong Silang)	15
Limon Norte (Sitio Lumbia)	25
Buenavista (Sitio Talaba)	22

Mula sa Municipal Agriculture Office ng Looc (2015)

Talahanayan 21. Bilang ng mga Magsasaka sa Bayan ng Looc



Larawan 13. Tipikal na mga Sakahan sa Komunidad ng Onhan

Samantala, upang mapaunlad ito at ganap na makatulong sa mga mamamayan ay naglaan ang pamahalaang lokal ng Looc ng pondo upang pangalagaan ang kabuhayang ito at makalikha pa ng iba pang mga trabaho na mula rito gaya ng Turismo. Sa katunayan, limang barangay sa bayang ito ang pinangangalagaan at itinuturing ng pamahalaan bilang *Network of Protected Areas for Agricultural and Agro-Industrial Area for Development* gaya ng Brgy. Agojo, Buenavista, Limon Norte, Limon Sur, at Pili. Hindi rin naman nagkulang ang lokal na pamahalaan ng Looc sa pagbibigay ng tulong sa mga magsasaka nito. Sa katunayan, binibigyan sila ng mga binhi sa ilalim ng programang palit-binhi, ng mga kagamitan sa pagsasaka gaya ng traktora, *driers* at *threshers*, gayundin ng mga libreng *seminar* at *training* upang maging malay ang mga magsasaka sa siyentipikong pamamaraan ng pagsasaka nang sa ganoon ay ganap na umunlad ang kabuhayang ito.

Gaya ng Bayan ng Looc, pagsasaka rin ang nangingibabaw na kabuhayan sa Bayan ng Santa Fe. Sa katunayan, ayon sa Municipal Agriculture Office ng bayan, kabilang sa *major crops* ng bayan ang niyog, palay, at saging. Sa mga nabanggit, niyog ang itinuturing bilang *primary crops* dahil sa mataas na produksiyon nito na umaabot sa 500 metric tons kada ektarya kung saan ang bunga nito na ginagawang kopra ay kalimitang ibinebenta sa Lungsod ng Lucena dahil taglay nito ang mga pasilidad sa paggawa ng langis. Ibinebenta ng mga magsasaka ang niyog na ito sa halagang 10 hanggang 12 piso kada bao samantala umaabot naman sa halagang 15 hanggang 35 piso kada kilo ang bentahan ng kopra sa bayan.



Larawan 14. Larawan ng mga magkokopra
at Proseso ng Pagkokopra sa komunidad ng Onhan

Bawat barangay naman ng bayan ng Santa Fe ay may tanim na palay. Bagaman may apat na irigasyon sa bayang ito, isa lamang ang gumagana rito. Ito ay matatagpuan sa Barangay Magsaysay na may sakop na 55.40 ektarya ng lupang sakahan. Samantala, nagkakahalaga naman ng 800 hanggang 1,000 piso ang kada kaban ng palay at 2,200 hanggang 2,300 naman ang kada kaban ng bigas. Gaya ng nabanggit, itinuturing ang saging bilang isa ring mahalagang produkto ng pagsasaka sa Santa Fe. Ito ay may tatlong uri gaya ng **saba**, **latundan**, at **lakatan** na inaani sa bawat barangay. Kung saan ang **saba** ang may pinakamataas na produksiyon na umabot sa 213.43 metric tons noong 2016. Matatagpuan din sa bayang ito ang iba pang produkto ng pagsasaka gaya ng mangga (na may tatlong uri gaya ng pico, carabao, at Indian), lime, kasoy, rambutan, kape, lupa, watermelon, ampalaya, *sponge gourd*, mais, *long beans*, kalabasa, talong, labanos, repolyo, at pipino. Samantala, makikita sa talahanayan sa ibaba ang isang komparatibong presentasyon ng mga produkto ng pagsasaka ng Santa Fe sa mga taong 2015 at 2016 batay sa ulat ng Municipal Agriculture Office.

MAJOR CROPS	Erya (Ektarya)			Volyum ng Produksiyon		
	2015	2016	Tumaas/Bumaba	2015	2016	Tumaas/Bumaba
Palay	322.05	322.05	-	4,023.8	3,252.14	Bumaba
Niyog	2,180.880	2,180.880	-	1,090,440.15	1,090,440.15	-
Saging	52.724	86.6677	Tumaas	107	160.5	Tumaas

Talahanayan 22. Volyum ng Produksiyon ng Produktong Agrikultura sa Santa Fe

Gaya sa bayan ng Looc, suportado rin naman ng munisipalidad ng Santa Fe ang pagsasaka bilang kabuhayan. Patunay rito ang pagbibigay ng mga libreng buto ng gulay at mga punong namumunga sa mga magsasaka na mula sa Department of Agriculture Regional Field Office (DARFO) at Office of the Municipal Agriculturist.

Ayon naman sa ulat ng Departamento ng Agrikultura (2012) ang mga sumusunod na produksiyong pang-agrikultura ang kalimitang nagsisilbing kabuhayan ng mga mamamayan ng San Andres:

PRODUKTO	SUKAT NG PINAGTATAMNAN
Niyog	373.04
Palay	250

Saging	19.92
Mais	6.91
Root Crops	7.33
Citrus	1.16
Gulay	1.14
Kasoy	32.67
Guyabano	16.75
Pinya	2.06
Palm leaves	10.17
Tiger grass	40.67
Lanzones	2

Talahanayan 23. Volyum ng Produksiyon
ng Produktong Agrikultura sa Bayan ng Santa Fe

Narito naman ang komparatibong talâ ng produksiyon ng mga sumusunod na produkto ng pagsasaka sa bayan ng San Andres:

PRODUKTO NG PAGSASAKA	ERYA/AREA			VOLYUM NG PRODUKSIYON		
	2014	2015	2016	2014	2015	2016
Niyog	4400	4450	4479	1056	1074	1075
Palay	579	575	570	2026	2012	2052
Saging	275	280	286	82.5	84	85.8
Mais	52	55	61	104	137	152
Root Crops	75	82	91	150	164	182
Mangga	78.25	80	83	2934	3000	3112
Gulay	12	13.4	15	7.2	8.04	9.0
Tiger Grass	117	119	120	585	595	600
Pili Nut	300	300	300	-	-	-
Palm Leaves (Nipa)	52	52	54	5.2	5.2	5.4

Talahanayan 24. Volyum ng Produksiyon
ng Produktong Agrikultura sa Bayan ng San Andres

Narito naman ang imbentaryo ng paghahayupan sa bayan ng San Andres batay sa datos ng munisipyo nito.

URI HAYOP	PRODUKSIYON		
	2014	2015	2016
Kalabaw	540	568	430
Baka	1200	1320	1450
Kami	750	720	700
Baboy	2300	2380	1000
KABUOAN	4790	4988	3580

Talahanayan 25. Volyum ng Produksiyon ng
Paghahayupan sa bayan ng San Andres

Sa usapin naman ng pangingisda, nakilala ang bayan ng Looc bilang “Fish Basket” hindi lamang sa komunidad ng Onhan bagkus sa buong lalawigan ng Romblon kung saan ang Looc Bay ang itinuturing bilang *major fishing ground* ng bayan. Sa katunayan, ayon sa mga matatandang mamamayan nito, ang malaking bilang ng produksiyon ng isda at iba pang yamang-dagat ay nagmumula dito. Samantala, ang mga Brgy. Agojo, Balatucan, Buenavista, Camandag, Guinhayaan, Limon Norte, Limon Sur, Manhac, Pili, Poblacion, Punta, at Tuguis ay kabilang sa tinatawang na *municipal seawaters* ayon sa Municipal Agriculturist’s Office ng Looc.

Nakatulong naman nang husto sa mga maliliit na mangingisda ang pagpapatayo ng Looc Fish Port at Feeder Fort ng munisipalidad ng Looc. Gayundin ang pagpapatayo ng "Fish Sanctuary" na may lawak na 52.71 ektarya noong taong 1998. Ito ay nagsilbing tahanan ng mga isda at iba pang yamang-tubig. Ang proyektong ito ay buong-pusong sinuportahan ng lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pinansiyal, lakas-paggawa, at teknolohiya. Mas napangalagaan din ang mga yamang-tubig matapos maipatayo ang nasabing santuwaryo. Mahigpit ding ipinatupad ang Batas Republika Blg. 8550 na kilala bilang *National Fisheries Code* upang palakasin ang mga ordinansa ng pamahalaan na may kaugnayan sa pangangalaga sa yamang-tubig. Bunga nito, ipinagbawal ang ilegal na pangingisda, mga panghuli ng isda na diakma gaya ng "basnig", *net*, *spear gun*, dinamita, at pangingisda gamit ang *cyanide*. Samantala, sa pamamagitan ng Bantay Dagat na binubuo ng isang daang miyembro ay lalo pang napaigting ang pangangalaga sa yamang-dagat ng bayan ng Looc. Bunga naman ng pagkakalikha ng Looc Bay Mariculture Development Park Project (LBMDPP) nabuksan ang iba pang kabuhayan na pinakinabangan ng mga mamamayan ng komunidad. Patunay rito ang pagbubukas ng mga negosyo gaya ng *aquaculture* ng bangus, tilapia, lapu-lapu, hipon, alimango, *lobsters*, at *seaweeds*.



Larawan 15. Tipikal na larawan ng komunidad ng pangisdaan sa Onhan

Samantala, nakatulong naman nang husto sa ekonomiya ng pangingisda ang pagtatala ng pangalan ng mga mangingisda at mga kagamitan sa pangingisda. Sa katunayan, dahil sa ganitong patakaran ay namomonitor ang mga ilegal na mangingisda at ilegal na sistema ng pangingisda. Ang ganitong patakaran ay nagbukas ng mas malusog na pangingisda sa bayan ng Looc. Tingnan sa ibaba ang listahan ng mga *motorized* at di-*motorized* na bangkang ginagamit sa pangingisda sa bayang ito.

BARANGAY	BILANG NG BANGKANG DE-MOTOR (2016)	BILANG NG MGA BANGKANG DI DE-MOTOR (2016)
Agojo	171	3
Balatucan	5	3
Buenavista	47	19
Camandag	44	12
Guinhay-an	16	6
Limon Norte	0	0
Limon Sur	0	1
Manhac	40	41
Pili	2	0
Poblacion	68	4
Punta	64	3
Tuguis	16	5
KABUOAN	473	97

Talahanayan 26. Bilang ng mga bangka sa bayan ng Looc

Narito naman ang distribusyon ng mga *registered* na mangingisda kada barangay kada taon sa bayan ng Looc.

BARANGAY	2010	2011	2012	2013	2014	2015	2016
Agojo	185	231	297	419	16	16	23
Balatucan	13	28	14	78	24	23	2
Buenavista	109	104	79	289	55	56	4
Camandag	87	138	67	243	9	9	15
Guinhaya-an	10	74	18	86	8	4	3
Limon Norte	0	23	31	47	2	2	0
Limon Sur	4	1	14	40	1	1	0
Manhac	103	109	81	173	14	0	24
Pili	8	2	4	36	0	0	0
Poblacion	53	48	55	178	15	10	12
Punta	60	61	26	256	18	4	12
Tuguis	30	68	58	238	21	2	1
KABUOAN	662	887	744	2,083	183	127	96

Talahanayan 27. Bilang ng mga Rehistradong Mangingisda sa bayan ng Looc

Narito naman ang listahan ng mga yamang dagat na nakukuha sa karagatan ng komunidad ng Onhan partikular na sa Bayan ng Looc.

Abano	Bad-as	Bansa	Bokawon
Alimango	Bagoo	Bayanban	Bolao
Alimasag	Bagudlong	Bayang	Bolinao
Aloy	Balakasi	Bayangon	Borawis
Amorok	Balanak	Bayat	Busalog
Ampahan	Balangawan	Bilong-bilong	Dorado
Angsuhan	Balitos	Bisogo	Dalagang Bukid
Asohos	Bangus	Bogaong	Dalangoang

Talahanayna 28. Uri ng Isda sa Komunidad ng Onhan



Larawan 16: Iba't ibang Uri ng Isdang at yamang dagat na nahuhuli sa Karagatang Onhan



Larawan 17. Iba pang larawan ng Yamang-Tubig sa Komunidad ng Onhan

Samantala, sa komunidad ng Onhan, ang mga yamang dagat na ito ay nauuri sa iba't ibang kategorya na nakabatay sa halaga ng isda.

PRIMARYANG KLASE NG ISDA (Php 200.00)	SEKUNDARYANG KLASE NG ISDA (Php 150.00)	IKATLONG KLASE NG ISDA (Php 100.00)
Lapu-lapu	Biyangon	Ilak
Maya-maya	Buraw	Pak-an

Blue Marlin	Bulaw	Karurog
Malalaking Mamsa	Burawis	Surahan
Yellow pin	Gigi	Bulinao
Dugso	Tulingan	Ito
Talakitok	Bukawon	Pakol
Pampano	Bangus	Liwit/Espada
Manamburaw	Bisugo	Tulahaw
Tangi-ge	Sap-sap	Iliw
	Timbungan	Hamalit
	Patambak	Tambankiyaw
	Tambilawan	Lupoy
	Balanak	Amorok
	Maliit na Mamsa	Tunong
		Busalog
		Umay
		Suga
		Padi
		Katatungan
		Oros

Talahanayan 29. Presyo ng Isda sa Komunidad ng Onhan

Bukod sa mga nabanggit na uri ng isda mayaman din ang komunidad ng Onhan sa *crustaceans* at *mollusks*. Ilan sa mga ito ang sumusunod:

CRUSTACEANS	MOLLUSKS
Alimango	Pasyak
Kasag	Litug
Kuday	Imbaw
Dawat	Kayog
Kalampay	Baka-baka
Baraw	Sikad-sikad
Suahi	Kilapot
Putian	
Bagulan	
Pugita	

Talahanayan 30. Uri *Crustaceans* at *Mollusks* sa Komunidad ng Onhan

Sa kabuoan, ang pagkakatatayo ng nasabing mga programa sa pangangisda ay nagbigay ng malaking kontribusyon sa sosyo-ekonomikong kalagayan ng mga mamamayan sa Looc partikular na sa mga mangangisda.

Bukod sa pagsasaka at pagtatanim, nagsisilbi ring kabuhayan ng mga taga-San Andres ang pangangisda. Sa katunayan, ayon sa ulat ng MPDC ng bayang ito, tinatayang mayroong kabuoang sukat na 19.427 na ektaryang lupain na nagsisilbing palaisdaan ng buong bayan na pawang matatagpuan sa Brgy.

Poblacion, Agpulos, Linawan, Mabini, Matutuna, at Tan-agan kung saan kalimitan nakukuha dito ang alimango, hipon, tilapia, at iba pang tubig-tabang na isda.

Sa kabilang banda, higit sa pagsasaka at pagtatanim, masasabing mas nakasandig ang mga mamamayan ng Santa Fe sa pangingisda dahil sa mayamang *marine products* na kalimitang matatagpuan sa Santa Fe Bay, Guinbiyaran Bay, Kipot Tablas, at Dagat ng Sibuyan. Ilan sa mga uri ng isdang matatagpuan dito ang *Siganidae* (**burawis**), *Zanclidae* (*Moorish idol*), *Scaridae* (*Parrot fish*), *Chaetodontidae* (*butterfly fish*), *Pomacentridae* (*Damsel fish*), *Serranidae* (*grouper*), *Siganidae* (*Rabbitfish*), *Mullidae* (*Goat fish*), *anchovy*, *Indian sardines*, *mackerel*, *yellow fin tuna*, *flying fish*, *grouper*, *mugil*, *snapper at sail fish*. Samantala, kalimitan namang ibinebenta sa mga bayan ng Looc, Odiongan, San Jose, Panay, Mindoro, Batangas, Cebu, Lucena, at Maynila ang anumang ani. Bukod sa pangingisda, buhay na buhay rin sa Santa Fe ang kultura ng *seaweed farming* na nagsimula pa noong dekada 60 na nagsisilbing alternatibong pinagkakakitaan ng mga mangingisda at magsasaka ng bayang ito. Batay sa ulat ng Municipal Planning and Development Office ng Santa Fe, pangalawa ang bayang ito sa may pinakamalaking produksiyon ng *seaweed farming* sumunod sa Palawan sa buong Rehiyon IV-B o MIMAROPA. Samantala, ang bayan ng Santa Fe ang tanging bayan sa komunidad ng Onhan at buong Romblon ang nagsusuplay ng tuyô at sariwang seaweed sa iba't ibang bahagi ng bansa partikular na ang Cebu, Lucena, at Maynila. Kalimitang ang *seaweed* na ito ay inihahalo sa sorbetes bilang sangkap, ginagawang sabon, *toothpaste*, kendi, gulaman, at *noodles*.



Larawan 18. Tipikal na larawan ng komunidad ng pangisdaan sa Onhan

Nariyan din ang pag-aalaga ng hayop na kalimitan namang ibenebenta sa buong Lalawigan ng Romblon, Isla ng Panay, Batangas, at Lucena.

MGA HAYOP	2011	2012	2013	2014	2015	2016
Kalabaw	808	877	908	609	662	698
Baka	489	551	605	386	272	326
Baboy	2,826	2,964	3,194	1,493	2,216	2,376
Kambing	1,450	1,625	1,741	940	1,195	1,296
Manok	17,456	18,599	19,019	13,384	13,886	14,255
Bibe	541	684	768	567	574	675
Turkey	259	266	292	320	380	459

Mula Office of the Municipal Agriculturist ng Santa Fe

Talahanayan 31. Produksiyon ng Paghahayupan sa bayan ng Santa Fe Mula Taong 2011-2016

Narito naman ang bilang ng mga mamamayan ng Santa Fe na ang kabuhayan ay nakasandig sa pagsasaka at pangangisda.

MAJOR AND MINOR OCCUPATION GROUPS	LOCATION	URBAN	RURAL	TOTAL
FARMERS				
Crop Farmers	Lahat ng barangay	212	1,005	1,217
Poultry Farmers	Lahat ng barangay	646	2,157	2,803
Livestock Farmers	Lahat ng barangay	1,246	3,217	4,463
Vegetable Farmers	Lahat ng barangay	55	267	322
Seaweeds Farmers	Agmanic, Danao Norte, Guinbirayan, Guintigbasan, Magsaysay, Tabugon	65	335	400
FISHERMEN				
*Inland fishermen/fish ponds	Agmanic, Canyayo, Danao Norte, Danao Sur, Guintigbasan, Magsaysay, Mat-i, Pandan, Tabugon	12	20	32
Coastal and deep-sea fishermen	Lahat ng barangay	380	1,811	2,191

Mula sa Office of the Municipal Agriculturist ng Santa Fe

Talahanayan 32. Bilang ng mga Mamamayan ng Santa Fe na Nakasandig sa Pagsasaka at Pangangisda

Negosyo Bilang Kabuhayan

Bukod sa pagsasaka at pangingisda, ang pagnenegosyo ang isa rin sa pinagkukunan ng kabuhayan sa mga komunidad ng Onhan. Nariyan na ang pagtatayo ng mga mamamayan ng retail at wholesalestore gaya ng tindahan ng motor, bisikleta, gamit sa tahanan, appliances, hardware, ukay-ukay, at RTW Shop, tindahan ng groseri, turo-turo, *restaurant*, *boutique*, sanglaan, punerarya, *hotels*, *repair shops*, *resort*, *computer shops*, *lodging-inns*, at iba pang mga establesimyento na kalimitang makikita sa Poblacion ng bayan. Buhay na buhay din ang pagtitinda ng isda, karne, prutas, at gulay bilang isa sa kabuhayan ng mga Loocnon na kalimitang dinarayo ng mga mamamayan ng iba pang komunidad ng wikang Onhan gaya ng Bayan ng Alcantara, Sta. Maria, Santa Fe, at Ferrol upang mamili.



Larawan 19: Larawan ng isang Tiangge at Ukayan sa Komunidad ng Onhan



Larawan 20. Larawan ng isang sari-sari store



Larawan 21. Larawan ng Bigasan bilang Negosyo sa Komunidad ng Onhan



Larawan 23.
Larawan ng Magtitinda ng Prutas



Larawan 22.
Larawan ng Magsusuman sa
Komunidad ng Onhan

Narito ang bilang ng mga negosyo sa bayan ng Looc batay sa ulat ng Municipal Planning and Development Office noong 2015:

URI	COMMERCIAL ESTABLISHMENTS	BILANG
Pagkain	Restaurant	10
	Canteen	10
	Pastry Shop	2
	Bakery	7
	Kakanin Stand	10
	Ihaw-ihaw Stand	9
	Roasted Chicken Stand	3
	Water Refilling Station	6
	KTV Bar	5
	Tindahan ng Karne	13
	Tindahan ng Isda	50
	Tindahan ng Gulay	40
	Tindahan ng Prutas	15
Retail	Tindahan ng Bigas	11
	Tindahan ng Groseri	20
	Sari-sari Store	80
	Dry Goods Store	2
	Botika	8
	Estasyon ng Gasolina	2
	Motorcycle Shop	4
	Bicycle Shop	3
	Home Appliance Center	5
	Hardware	6
	Poultry	6
	Tindahan ng Libro at kagamitan sa Paaralan	6
At iba pa	Resort	12
	Hotel	2
	Lodging Ins	5
	Sanglaan	5
	Punerarya	2
	Beauty Parlor	4
	Patahian	7
	Pagupitan	5
	Auto Repair Shop	1
	Cellphone Repair Shop	4

Talahanayan 33. Mga Uri ng Negosyo sa bayan ng Looc

Narito naman ang talâ ng mga negosyo sa bayan ng San Andres batay sa ulat ng Municipal Planning and Development Office:

Commercial Establishments	Bilang
Sar-sari Store/Tindahan	283
Lodging House	4
Restaurants	9
Panaderya	6
Catering	6
Videoke Bar	5
Computer Shop	5
Machine Copier	4
<i>Ricemill</i>	8

Talahanayan 34. Mga Uri ng Negosyo sa bayan ng San Andres

Narito naman ang talâ ng mga negosyo sa bayan ng Santa Fe batay sa ulat ng Municipal Planning and Development Office:

Uri ng Negosyo	Bilang ng Commercial Establishments (2015)	Bilang ng Commercial Establishments (2016)
Wholesale at Retail Trade	310	226
Hotel, Restaurants, Transportasyon	2	5
Komunikasyon	2	2
Financial inter-mediation	7	8
Real Estate Renting Business	4	6
Edukasyon	1	1
Kalusugan	2	3
At iba pa	32	46

Talahanayan 35. Mga Uri ng Negosyo sa bayan ng Santa Fe

Uri ng Negosyo	Bilang ng Empleado/ Nagtatrabaho	Revenyu (Peso)
Wholesale Trade and Rental	440	13,478,040.00
Banking and Finances	23	4,200,303.75
Real Estate/Construction Service	31	1,142,000.00
Iba Pa	264	4,983,638.00
KABUOAN	758	23,803981.80

Talahanayan 36. Bilang ng Empleyado sa Bawat Uri ng Negosyo

Narito naman ang talâ ng mga negosyo sa bayan ng Alcantara batay sa ulat ng Municipal Planning and Development Office:

URI NG NEGOSYO	BILANG NG NEGOSYO BATAY SA URI
Tubig at Elektrisidad	3
Konstruksiyon	5
Wholesale at Retail Trade	136
Transportasyon	34
Personal Services	3

Talahanayan 37. Uri ng Negosyo sa Bayan ng Alcantara

Sa panahon naman na naghihintay ng ani o muling pagtatanim ang mga magsasaka, paghahayupan, pagtitinda ng kakanin, at konstruksiyon ang kani-kanilang pinagkakakitaan. Ang iba namang mamamayan ng komunidad na hindi bahagi ng mga nabanggit na pinagkukunan ng kabuhayan ay nabibilang naman sa pagtatrabaho sa paaralan, opisina, o dili kaya ay nandarayuhan sa ibang bayan o ibang bansa upang doon humanap ng pagkakakitaan. Samantala, di maikakailang may epekto ang paglago ng negosyo sa komunidad ng Onhan at pandarayuhan ng ilang Onhan sa kanilang wika bunga ng ekonomikong salik. Sa katunayan, dahil sa ang ilang mga negosyante sa mga lugar na ito ay mula sa ibang lalawigan na may ibang wika, kalimitang Filipino ang nagsisilbing tulay na wika nila sa pakikipagtalastasan sa isa't isa. Sa kaso naman ng mga nandarayuhang Onhan, unti-unti na nilang nakakalimutan ang mga bokabularyong Onhan bunga ng dalas ng paggamit nila ng Filipino sa pakikipag-usap sa kanilang mga katrabaho partikular na sa kaso ng mga kabataan.

Terminong May Kaugnayan sa Pangangisda at Pagsasaka

Tunay na ang wika at kultura ay hindi mapaghihiwalay. Sa katunayan, ang wikang sinasalita ng isang lipunan ay nakabatay sa taglay na yaman ng kanilang kapalirigan o batay sa kasaysayan ng kanilang bayan. Buhay na halimbawa nito ang mayamang talasalitaan ng mga mangangisda na nabubuhay sa komunidad na malapit sa yamang-tubig. Nariyan din ang mga salitang nabuo ng mga magsasaka o mga mamamayang ang komunidad ay naka-sentro sa agrikultura. Samakatuwid, sa pag-aaral ng wika ng isang komunidad ay mababakas mo kung anong uri ng lipunan mayroon ito. Sa kaso ng mga komunidad ng Onhan, hindi maikakailang maraming mga terminong may kaugnayan sa pagsasaka at pangangisda ang kalimitang naririnig sa komunidad na ito sapagkat hindi naman lingid sa kaalaman ng lahat na ang bayang ito ay biniyayaan ng yamang lupa at yamang tubig.

Sa usapin ng pangingisda, kalimitan maririnig ang salitang **mano-mano**, **pamingwit**, **pangilaw/panulo**, (pangingisda kung saan gumagamit ang mangingisda ng ilaw na inilalagay sa dagat) **panulingan**, **pangasag**, **largarete**, **pakatang**, at **pantamban**” (pawang mga uri ng lambat na ang katawagan ay nakadepende sa uri ng isdang huhulihin at batay sa sukat ng butas nito) **pangawil** (malaking uri ng kawil (hook) na gamit sa pangingisda na nilalagyan ng pain gaya ng pusit, at maliliit na isda) **pamunit** (maliit na uri ng kawil na nilalagyan ng pain gaya ng pusit at isda), **payaw** at **bislad** (pagdadaing o pagtutuyo ng isda na kalimitang ginagawa ng mga mangingisda kung di mabili ang kanilang isda o may natira sa mga ito). Ang mga nabanggit na mga salita ay pawang may kaugnayan sa mga kagamitan sa pangingisda ng mga mangingisdang Onhan.



Larawan 24. Ang unang dalawang larawan ay uri ng mga lambat na kalimitang ginagamit sa pangingisda



Larawan 25. pamamaraan ng pagbibislad o pagtutuyo

LAMBAT. Kadalasang yari sa mga hiblang naylon, lana, o sutla ang mga lambát. Karaniwang binubuo ang mga matá nitó (o mesh size) sa pamamagitan ng pagbubuhol ng maninipis na hibla. May iba't ibang paraan sa pagpili ng nararapat na gamiting lambát sa pangingisda. Maaaring iayon ito sa klase at sukat ng pangisdaan, sa uri ng isdang huhulihin, at sa kondisyon ng pangingisda. Sa halos lahat ng ito, mainam na gamitin ang lambát na gawa sa sintetikong hibla.

Samantala, sa larangan ng pagsasaka o pagtatanim, nariyan ang konsepto ng *first cropping* at *second cropping* na kapuwa tumutukoy sa yugto ng pagtatanim at pag-aani. Nariyan din ang mga termino ukol sa mga kagamitan at pamamaraan sa/ng pagsasaka gaya ng konsepto ng **mano-mano** o pagsasaka gamit ang araro at **de-motor** gamit ang traktor. May mga terminong Onhan din sa pamamaraan ng hatian ng kita ng magsasaka at ng may-ari ng lupang sinasaka. Ilan sa mga ito ang **tersya** (uri ng hatian ng magsasaka at may ari ng lupa kung ang isang parte (bulto/kaban) ay napupunta sa may-ari at ang dalawa parte ay napupunta sa magsasaka) at **talangday** (uri ng hatian na kalimitang napupunta sa may-ari ay dalawang parte (bulto/kaban) at tatlo sa magsasaka. Nariyan din ang salitang

pagkokopra/kopra na tumutukoy sa proseso ng pagtutuyo ng laman ng niyog sa pamamagitan ng pagbibilad sa araw o pagpapatuyo sa tapahan. Ang **tapahan** ay tinatawag na *drying bin* sa Ingles.

SISTEMA NG EDUKASYON

Ang mga Paaralan sa Komunidad ng Onhan at ang Antas ng Literasi

Hindi maikakailang malaki ang kakayahan ng edukasyon upang baguhin ang buhay ng isang indibiduwal tungo sa pag-unlad. Sa katunayan, marami nang simpleng tao ang naging matagumpay sa kanilang buhay bunga ng kanilang pagsisikap na nagsimula sa pagtatamo ang edukasyon.

Sa panahong inilagi ng mananaliksik sa mga komunidad ng Onhan, hindi maikakailang, pinahahalagahan ng bawat Onhan ang edukasyon sa paniniwalang ito ay isa sa mga instrumento upang umangat o umunlad sa dahop na pamumuhay. Sa katunayan, ang iba ay lumuluwas pa ng Maynila o mga karatig lalawigan upang doon mag-aral. Sa kabuoan, masasabing mataas ang antas ng literasi sa mga komunidad ng wikang Onhan. Halos lahat ng mga mamamayan ay marunong sumulat, bumasa, at bumilang sa wikang Onhan, Filipino, at maging sa Ingles.

Ang batayang serbisyo at pasilidad patungkol sa edukasyon ay kalimitang ibinigay ng Departamento ng Edukasyon sa pakikipagtulungan sa lokal na pamahalaan ng bawat bayan ng wikang Onhan dahil ito ay nakasaad sa mga batas tungkol sa pagpapaunlad ng sistema ng edukasyon sa bansa at mismong 1987 Saligang-batas ng .

Ayon sa Community-Based Monitoring Survey (2015) ng bayan ng Looc, 96. 73% ng mga mamamayan mula edad 10 pataas ay maituturing na *literate* o mga indibiduwal na marunong sumulat, bumasa, at bumilang. Samantalang ang natitirang 3.72% ay itinuturing na *illiterate* o mga indibiduwal na di-marunong sumulat at bumasa. Ang ganitong kalagayan ay bunga ng labis na kahirapan at iba pang problemang panlipunan—dahilan kung bakit kahit libre ang edukasyon ay di pa rin napag-aral ng mga magulang ang kanilang mga anak.

Batay sa datos, mapapansin na halos lahat ng barangay sa bayan ng Looc ay mayroong paaralang elementarya mula unang baitang hanggang ikaanim na baitang kung saan ang *ratio* ng guro at mag-aaral ay 1:28. Ang ganitong sistema ang dahilan kung bakit ang bayan ng Looc ay may mataas na antas ng literasi.

Nakapagtala naman ng labintatlong paaralang pang-elementarya ang bayan ng San Andres. Labindalawa dito ay pampubliko at isang pribado.



Larawan 26. Paaralang Sentral ng San Andres

Labing-apat na paaralang elementarya naman mayroon ang bayan ng Santa Fe batay sa datos ng Departamento ng Edukasyon noong 2017 na may kabuoang bilang ng mag-aaral na 2,774. Sa nasabing bilang, lima sa isangdaang mga bata na nasa pagitan ng edad 6 hanggang 12 ang hindi dumadalo sa paaralan. Magkaganoon man, ito ay itinuturing pa ring magandang sensoryales ng antas ng literasi sa bayang ito na sa kabila ng kahirapan ng pamumuhay ay nagagawa pa rin ng mga magulang/kaanak ng mga bata ang mapag-aral ang kanilang mga anak upang matutong sumulat, bumasa, at bumilang.

Samantala, malaki pa ring hamon sa lokal na pamahalaan ng Santa Fe na paunlarin ang pasilidad ng mga paaralan sa bayang ito. Sa katunayan, sa labing-apat na paaralang pang-elementarya ay tanging apat sa mga ito ang may palikuran na nasa maayos na kondisyon at tatlo lamang sa mga ito ang may silid-aklatan. Dahil nasa sentro, ang Santa Fe Central Elementary School lamang ang kompleto ang kagamitan at pasilidad gaya ng kompyuter at iba pa.

Sa bayan naman ng Looc, may apat itong paaralang sekondarya kung saan ang tatlo ay pampubliko at ang isa ay pribado. Ang Looc National High School ang itinuturing na pinakamalaking sekondaryang paaralan sa nasabing bayan sa aspekto ng sukat at ng bilang ng populasyon ng mga mag-aaral. Narito ang ilang impormasyon sa mga sekondaryang paaralan sa Looc batay sa datos ng Looc National High School noong 2015:

PAARALAN	SUKAT (SQM)	BILANG NG MGA MAG- AARAL	BILANG NG KLASRUM	BILAN G NG GURO	RATIO NG GURO AT MAG- AARAL
Looc National High School	7,600	1,880	24	68	1:28
Buenavista High School	3,000	255	5	10	1:26
Limon Norte High School (Looc NHS Extension)	3,000	100	5	7	1:14
Sacred Heart High School	1000	58	4	8	1:7

Talahanayan 38. Bilang nga mga Mag-aaral sa Bawat Paaralan sa Looc

May tatlong sekondaryang paaralan naman ang Santa Fe. Ang mga paaralang ito ay ang Santa Fe National High School, Guinbirayan National High School, at Agripino Armedilla Memorial NHS na matatagpuan sa Mat-I, Santa Fe na pinasinayaan lamang noong 2018. Tatlong institusyong pang-sekondarya na rin ang gumagabay sa mga kabataan ng San Andres. Dalawa dito ay pampubliko (San Andres National High School at Tan-agan National High School) at isa ang pribado (Fabella Institute). Bagamat, may maaayos na sistemang pang-edukasyon ang bayan ng Looc sa antas elementarya at sekondarya, wala naman itong paaralan para sa antas kolehiyo. Dahil dito, maraming Loocnon na naghahangad ng tersyaryang edukasyon ang dumadayo pa ng bayan ng Odiongan upang doon mag-aral sapagkat naroroon ang Romblon State University (tanyag na unibersidad sa lalawigan ng Romblon) at Erhard Systems Technological Institute (ESTI).

Samantala, ang iba naman ay lumuluwas ng Maynila o mga karatig lalawigan upang doon ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral. Kalimitan sila ang mga maykaya o nakaaangat ang buhay sa bayang ito. Di gaya ng Looc, mapalad ang mga mamamayan ng mga bayan ng Santa Fe at ng San Andres sapagkat pawang taglay nito ang pagkakaroon ng tersyaryang edukasyon---ang Romblon State University-San Andres Campus na pawang ang mga kurso ay tuon sa edukasyon at kompyuter gaya ng *Bachelor in Education* at *Computer Programming*, at Romblon State University-Santa Fe Campus na ang mga kurso ay tuon naman sa yamang-tubig at edukasyon gaya ng *Bachelor in Elementary Education*, *Bachelor in Secondary Education*, at *Bachelor of Science in Fisheries*. Dahil sa kakulangan ng mga kurso sa nabanggit na mga unibersidad napipilitan

ang iba na lumuwas sa ibang bayan o Maynila upang doon ipagpatuloy ang pagtamo ng kanilang pangarap.



Larawan 26. Ang larawan ng Romblon State University-San Andres Campus
Ang mismong larawan ay mula sa opisyal na FB Account ng naturang unibersidad

Looc National High School, Alcantara National High School, at Tugdan National Hig School bilang mga Instrumento sa Edukasyong Onhan

Ang Looc National High School at Alcantara National High School ay hindi lamang mga sekondaryang paaralan na nagsisilbing pandayan ng isip ng mga kabataang Onhan. Bagkus, ang mga ito ay nagsilbi ring pangalawang tahanan sa kanila na gumabay at humubog sa moral, espirituwal at kognitong aspekto ng pagkatao ng bawat Onhan. Taong 1948 nang maitatag ang ngayon ay tinatawag na Looc National High School. Ayon kay Esquejo (2015) hindi naging madali ang pagkakatatayo ng sekondaryang paaralang ito.

Sa kakulangan ng salapi ng pamahalaang bayan ng Looc ay kinailangan pa nilang kumausap ng mga may-kayang tao sa bayan ng Looc upang maghandog ng lupa na mapagtatayuan ng nasabing paaralan. Ayon sa talâ, unang nilapitan nang dati'y mayor ng bayang ito na si Alkalde Gualberto Marcelo at dating district supervisor na si Constancio Falcutilla sina G. Guillermo Gadaoni at Gng. Vicenta Tan Gelindon subalit hindi agad nakapagdesisyon. Dahil dito, nakipag-usap muli ang dating alkalde sa pamilya Formilleza. Kaagad namang tumugon ang nasabing pamilya at buong-pusong ipinagkaloob ang lima at kalahating ektaryang lupain na pag-aari ng pamilya sa Brgy. Punta. Subalit ang pagpapatayo ng gusali sa lupang

ito ay dinatuloy dahil na rin sa reaksiyon ng taumbayan dahil sa kalayuan nito sa bayan. Sa ganitong pangyayari, muling kinausap ni Alkalde Marcelo sina G. Gadaoni at Gng. Tan-Gelindon at sa pagkakataong ito ay pumayag na sila na ibigay ang kanilang lupa. Dahil sa positibong tugon, sinimulan na ang pagtatayo ng mga gusali sa lupang ito upang magsilbing paaralan ng komunidad ng Onhan. Nagkaroon ng bayanihan. Libreng ipinagkaloob ng mga karpentiro ang kanilang serbisyo upang matuloy ang konstruksiyon nito. Ang mayayamang Loocnon ay nagbahagi naman ng pera para sa mga gastusin at maraming magulang naman ang nagbigay ng libreng kawayan, *rattan*, at iba pang materyales upang matupad ang pinapangarap na paaralan na unang nakilala bilang Looc High School. Taong 1965 nang matapos ang paaralan, tinawag itong Looc National High School sa bisa ng Republic Act 4299 na isinulong ni Jose D. Moreno, dating kinatawan ng probinsiya ng Romblon.

Samantala, unang nakilala ang ngayon ay tinatawag na Alcantara National High School bilang Alcantara Municipal High School (AMHS) na itinatag noong Marso 21, 1967 sa pamamagitan ng pagsisikap nina G. Salustino F. Buhat (dating prinsipal ng Alcantara Pilot Elementary School), G. Pacifico A. Lota (dating district supervisor ng District of Alcantara), Kgg. Felicisimo L. Solidum at Kgg. Isidro L. Solidum (parehong opisyal dati ng Munisipyo ng Alcantara) at ng mga mamamayan ng bawat barangay ng bayan ng Alcantara na nagbigay ng kani-kanilang tulong pinansiyal upang matupad ang pagpapatayo nito. Unang nagbukas ang paaralang ito noong Hulyo 1967 na mayroong 150 na mag-aaral, 4 na full-time at 2 part-time na guro, at apat na klase, (dalawa sa unang taon at dalawa sa ikalawang taon) na nakompleto lamang noong 1968. Sa kabila ng magandang nasimulan, dumating sa puntong hindi na kaya ng AMHS na tustusan ang taunang gastusin ng nasabing paaralan dahil sa kakulangan sa pananalapi. Bunga nito, taong 1976 ng nagdesisyon ang Municipal Council ng nasabing bayan na bumuo ng isang resolusyon na baguhin ang pangalan ng nasabing paaralan mula Alcantara Municipal High School tungo sa pagiging Alcantara Barangay High School na natupad noong 1977. Ang nasabing pagbabago ay ginawa upang ang malaking badyet ng paaralan ay magmula na sa pamahalaan ng at di lamang mula sa badyet ng mismong bayan. Taong 1984 ay muli na namang nabago ang pangalan ng paaralan, mula sa pagiging barangay high school ay naging Alcantara National High School, Looc Annex.


Matapos ang panahon ng ligalig, noong taong 1993 ay ganap na itong nakilala bilang Alcantara National High School nang ilabas ang Division Memorandum Order Bilang 77 s. 1993 na nagsasabing baguhin ang lahat ng pangalan ng *barangay high school* tungong *national high school* (Pijano, Parohinog, Lucidos, at Gallos, 2017)



Larawan 27. Alcantara National High School.
Ang larawan ay mula sa opisyal na Facebook Page ng ALHS

Wikang Filipino at Ingles Bilang Midyum sa Pagtuturo

Malaki ang gampanin ng wika sa pagkatuto ng isang mag-aaral sa nilalaman ng bawat asignatura na kaniyang pinag-aaralan. Sa katunayan, sa wika nakasalalay ang ganap na pagkaunawa ng mga mag-aaral sa mga mahahalagang konsepto ng mga asignaturang kanilang kinukuha. Kaya naman mahalagang isaalang-alang ng mga *stakeholders* ng edukasyon ang wikang gagamitin sa pagsusulat ng mga libro o modyul lalo't higit sa aktuwal na pagtuturo. Sa sarbey na isinagawa ng mga mananaliksik sa ilang mga Onhan na nasa pagitan ng edad 18 hanggang 75 tungkol sa kung anong wika ang ginagamit sa pagtuturo ng mga asignatura gaya ng Matematika, Siyensiya, Araling Panlipunan/Sibika, Values Education, MAPEH (Music, Arts, PE at Health), at Filipino ay lumalabas na mayorya sa mga sumagot ng sarbey na wikang Filipino ang ginagamit ng kanilang mga guro ng mga asignaturang Filipino, Araling Panlipunan, Values Education, at MAPEH at wikang Ingles naman ang kalimitang ginagamit sa pagtuturo ng Matematika at Agham. Subalit nilinaw din ng mga kalahok sa sarbey na ito na madalas ay nagagamit din ang wikang Filipino sa pagpapaliwanag ng mahahalagang konsepto na mahirap ituro o kaya ay mahirap ipaunawa sa wikang Ingles. May mga pagkakataon din na gumagamit din ang mga guro ng wikang Onhan bilang wikang pantulong (bukod sa Filipino) sa pagtuturo ng mga mahahalaga subalit mahihirap na konsepto.



Tsart 7. Wika ng Edukasyong Onhan

Sa ganitong sitwasyon sa edukasyon ng mga Onhan, makikita ang halaga ng pambansang wikang Filipino bilang wika ng pagkatuto. Ayon kay Almario (1997) kailangang gamitin ang Filipino bilang wikang panturo dahil sa wikang ito pinakamabisang matututo ang ating mga estudyante. Ang katotohanang ito ay kinilala na sa Konstitusyon nang itakda rito na maging wika ang Filipino ng sistemang pang-edukasyon. Bukod dito, kapag ginamit ang Filipino bilang wikang panturo, natututo ang mag-aaral at natututuhan din nila ang nilalaman ng ating kultura—ang kaluluwa ng ating pagkabansa. Ang pinapangarap ng pamahalaan na matatag na Republika ay matatamo lamang kapag nauunawaan at minamahal ng sambayanan ang kanilang sariling kultura.

Sa kabilang banda, bagaman hindi masamang gumamit ng wikang Filipino bilang wika ng edukasyon sa komunidad ng Onhan, mahalaga pa ring maipaunawa sa mga guro at mga mag-aaral ang kakayahang taglay din ng wikang Onhan upang maging wika ng edukasyon sa komunidad ng mga Onhan.

Mahalagang magamit ang wikang ito lalo na sa pagtuturo ng siyensiya partikular na sa larangan ng agrikultura at biyolohiya upang mabatid din ng mga kabataan lalo na sa kasalukuyang panahon na mayaman sa terminolohiyang may kaugnayan sa mga nabanggit na larangan ang wikang Onhan. Sapagkat kung magpapatuloy, halimbawa, ang paggamit ng Filipino at Ingles sa pagtuturo ng mga nabanggit na asignatura ay di-malayong humina ang wikang Onhan at makalimutan na ang mga terminong Onhan sa pangangisda, agrikultura, at biyolohiya.

SISTEMA NG TRANSPORTASYON AT KOMUNIKASYON

Sistema ng Transportasyon

Maituturing na simple ang sistema ng transportasyon sa mga komunidad ng Onhan at nakabatay lamang sa kanilang pangangailangan. Kalimitan, ito ay

binubuhay lamang sa pamamagitan ng paggamit ng traysikel, *single* o habal-habal (motorsiklo), at dyip na may oras o limitado lamang ang biyahe. Halimbawa, sa bayan ng Looc, may nakatakdang iskedyul ang pagbiyahe ng mga dyip patungo sa bayan ng Odiongan. Ito ay bumibiyahe mula alas-siyete ng umaga hanggang alas-dos lamang ng hapon.

Samantala, sa bayan ng Alcantara ay may bumibiyahe nang dyip simula 5:30 ng umaga papunta sa bayan ng Odiongan. Ito ang unang biyahe o *first trip* na tinatawag. Samantalang, 12: 00 ng tanghali naman ang huling biyahe ng dyip mula Santa Maria papunta sa bayan ng Odiongan.

Bagama't isang dyip lamang ang bumibiyahe kada oras patungo sa mga karatig-bayan, hindi naman ito nagiging problema ng mga mamamayan nito. Sa katunayan nakatutulong ito upang pahalagahan ng mga Onhan ang bawat oras. Bilang man ang dyip bilang transportasyon, nariyan naman ang single/motorsiklo at traysikel bilang pamalit dito.

Ang ganitong sitwasyon ay wala ding pinagkaiba sa ibang komunidad ng Onhan gaya Alcantara at San Andres. Binubuhay din ang transportasyon ng mga bayang ito ng traysikel, motorsiklo, at dyip na may limitadong biyahe. Narito ang imbentaryo ng mga sasakyan sa bayan ng San Andres batay sa ulat ng MPDO ng bayang ito:

URI NG SASAKYAN	KABUOANG BILANG
Dyip	45
Trasyikel	20
Motorsiklo	500
Bisekleta	2000
Trak	35
Mini-bus	1

Talahanayan 39. Bilang at uri ng sasakyan sa bayan ng san Andres

Samantala, sa bayan ng Santa Fe mga motorsiklo, 2 van, 2 mini-bus, at 13 dyip ang uri ng pampublikong transportasyon. Ang mga nasabing sasakyan ang nagsisilbing sakayan ng mga mamamayan patungong Odiongan. Bukod sa pampasahero, ang mga dyip, van, at mini-bus na ito ay rin kargahan ng mga paninda at kagamitan.



Larawan 28. Single/Habal-habal isang Uri ng Transportasyon sa Onhan

Ang mga ito ay isang beses lamang bumibiyahen na nagsisimula ng 5:30 ng umaga hanggang 9:00 ng umaga. Pumapalo naman sa isang daan ang bilang ang mga habal-habal o motorsiklo na nagsisilbing transportasyon sa loob at labas ng bayan ng Santa Fe dahil sa ang mga traysikel ay kalimitang gamit lamang ng bawat pamilya.

Narito naman ang imbentaryo ng mga sasakyan sa bayan ng Santa Fe (2016):

Uri ng Pampublikong Sasakyan	Bilang	Kapasidad	Dalas ng Biyahe	Ruta
Mini Bus	2	35-40 pasahero	Isang beses sa isang araw	Santa Fe-Odiongan

Jeepney	13	22-26 pasahero	Isang beses sa isang araw	Santa Fe- Odiongan
Van (Guinbirayan, Mat-I)	2	16 pasahero	Isang beses sa isang araw	Santa Fe- Odiongan
Passenger Boat	5	20-30 pasahero	Isang Pumpboat kada araw (depende sa iskedyul)	Sta Fe- Boracay
	4	45-55 passahero		Sta Fe - Caticlan
	3	40-45 pasahero		Sta Fe- San Jose

Talahanayan 39. Imbentaryo ng Transportasyon sa bayan ng Santa Fe



Larawan 98. Larawan ng dyip at ng tipikal na sitwasyon sa loob nito

Sa usapin naman ng mga tulay, kalsada, at iba pang daanan, masasabing maayos naman ito sa kabuoan. Patuloy ang bawat lokal na pamahalaan sa tulong ng pambansang pamahalaan sa pagsasaayos at pagsasakongkreto ng mga daan nang sa ganoon ay mapabilis ang transportasyon sa mga bayan ng Onhan upang ganap na matamo din ang pag-unlad. Narito ang imbentaryo ng mga kalsada at tulay sa bayan ng Santa Fe at San Andres.

IMBENTARYO NG KALSADA SA BAYAN NG SANTA FE

ROADS BY SYSTEM CLASSIFICATION	ROAD SURFACE TYPE						Right of Way (km)	Total Leng th (km)
	Concrete			Earth				
	Km	%	C	Km	%	C		
Provincial Road	16.87	55	GOOD	13.80	45	FAIR	6	30.67
Municipal Road	2.71	100	GOOD	-	-	-	6	2.71
Agmanic	2.33	35	GOOD	4.33	65	FAIR	4	6.66
Canyayo	1.38	25	GOOD	4.13	75	FAIR	4	5.51
Danao Norte	0.55	20	POOR	2.22	80	POOR	4	2.77
Danao Sur	2.58	85	GOOD	0.45	15	FAIR	4	3.03
Guinbirayan	1.44	35	POOR	2.67	65	FAIR	4	4.11
Guintigbasan	0.15	15	GOOD	0.86	85	FAIR	4	1.01
Magsaysay	2.98	40	GOOD	4.47	60	POOR	4	7.45
Mat-i	0.84	35	GOOD	1.57	65	POOR	4	2.41
Pandan	2.33	55	GOOD	1.90	45	FAIR	4	4.23
Poblacion	4.20	85	GOOD	0.74	15	POOR	4	4.94
Tabugon	2.37	60	GOOD	1.58	40	POOR	4	3.95
TOTAL								79.45

Mula sa Office of the Municipal Planning and Development

Talaanan 40. Imbentaryo ng Kalsada sa bayan ng Santa Fe

IMBENTARYO NG MGA TULAY SA BAYAN NG SANTA FE

BRIDGE NAME	LOCATION	TYPE	ROAD CAPACITY (Tons)	PHYSICAL CONDITION
Sitio Capdang Bridge	Agmanic	Concrete	5	Fair
Atic Bridge	Guinbirayan	Concrete	10	Fair
Danao Sur Bridge	Danao Sur	Concrete	5	Good
Santol Bridge	Danao Norte	Concrete	10	Good
Guinbirayan Bridge	Guinbirayan	Concrete	10	Good
Guba Footbridge	Guinbirayan	Timber	1	Fair
Magsaysay Bridge	Magsaysay	Concrete	10	Fair
Palati Bridge	Magsaysay	Concrete	10	Good
Pandan Bridge	Pandan	Steel/I-BEAM	15	Poor
Magsaysay-Pandan Bridge	Pandan	Concrete	10	Good
Sitio Longa-og Bridge	Poblacion	Concrete	10	Fair
Barusbos Bridge	Poblacion	Concrete	5	Good
Tabok Bridge	Poblacion	Concrete	5	Excellent

Talahanayan 41. Imbentaryo ng mga Tulay sa bayan ng Santa Fe

IMBENTARYO NG MGA KALSADA AT TULAY SA BAYAN NG SAN ANDRES

Bridge Name	Barangay Location	Type of Construction Materials	Length (m)	Width (m)	Load Capacity (metric tons)	Remarks
Matutuna Bridge I	Matutuna	Concrete	10	7	25	Good Condition
Matutuna Bridge II	Matutuna	Concrete	30	6	15	Good Condition
Tan-Agan Bridge	Tan-Agan	Concrete	32	10	50	Good Condition
Colis Bridge	Calunacon	Concrete	8	7	15	Good Condition
Parpaguha Bridge	Mabini	Concrete	40	6	15	Construction
Calunacon	Calunacon	Concrete	8	7	50	Good

Bridge						Condition
Linawan Bridge	Linawan	Concrete	30	8	50	Good Condition
Agpudlos Bridge	Agpudlos	Concrete	10	5	50	Good Condition
Jun Carlo Bridge	Jun Carlo	Wood	10	6	3	Needs repair and replacement
Tan-Agan-Lanuton Bridge	Tan-Agan	Wood	12	6	3	Needs repair and replacement

Mula sa MPDO-ICRMP

Talahanayan 42. Imbentaryo ng Tulay at Kalsada sa bayan ng San Andres

IMBENTARYO NG MGA TULAY SA BAYAN NG LOOC

BRIDGE CLASSIFICATION	LENGTH IN METERS	TYPE OF CONSTRUCTION
NATIONAL		
Cogon Bridge	30	Concrete
Grimares Bridge	60	Concrete
Lumbia Bridge	16	Concrete
Lunas Bridge	23	Concrete
Alagakit Bridge	26	Concrete
Dumrog Bridge	28	Concrete
Carolina Bridge	35	Concrete
Balatucan Bridge	21	Concrete
Byenvista Bridge	20	Concrete
PROVINCIAL		
Lunas-Pili Bridge	8	Concrete
MUNICIPAL		
Carolina Foot Bridge	28	Concrete
Clemente Street Punta Bridge	12	Concrete
BARANGAY		
Agojo Foot Bridge	20	Concrete
Pili Foot Bridge	65	Steel and Cable
Limon Sur Foot Bridge	65	Steel and Cable
GRABND TOTAL	457	

Mula sa Municipal Engineering Office (2015)

Talahanayan 43. Imbentaryo ng Tulay sa Bayan ng Looc

Sa kabilang banda, ang paliparan patungong Maynila ay matatagpuan naman sa Brgy. Tugdan, Alcantara. Ito ang isa sa ipinagmamalaking pag-unlad sa usapin ng transportasyon sa komunidad ng Onhan. Bukas ang operasyon ng Tugdan Airport tuwing Miyerkoles, Biyernes at Linggo. Sa kasalukuyan,

maraming proyektong pantransportasyon ang nakalatag sa bawat bayan ng Onhan kung saan ang bawat mamamayan ay umaasa na magsisilbing daan ito tungo sa ganap na pag-unlad pamumuhay nila at ng mga bayang ito.



Larawan 30. Larawan ng Romblon Airport

B. Sistema ng Komunikasyon

Hindi rin naman pahuhuli ang mga bayan ng Onhan sa pagkakaroon nang maayos na sistema ng komunikasyon. Sa katunayan, ang mga bayang ito ay pawang naabot na rin ng dalawang naglalakihang *internet service provider* sa bansa---SMART at GLOBE. Marami na rin sa mga mamamayan nito ang gumagamit ng *cellphone* bilang pangunahing instrumento ng komunikasyon o pagpapadala ng mensahe sa kanilang kapuwa, kaibigan, o kapamilya. Gayundin, buhay na buhay na rin ang sistema ng *internet*. Bagaman hindi pa ito kasing lakas o bilis gaya ng mga nasa siyudad sa Maynila at karatig lalawigan, masasabing ito ay isang hakbang tungo na rin sa pag-unlad. Samantala, sa kabila ng modernong pagbabagong ito ay hindi pa rin naman nawawala ang sistemang *snail mail*. Patunay dito ang pagkakaroon ng mga *post office* ng mga munisipyo. Samantala, DREAM, SIGNAL, Josefa J. Martinez CATV Services, at CATSECO ay ilan lamang sa mga *local cable provider* sa bayan ng San Andres.

KALUSUGAN SA KOMUNIDAD NG ONHAN

Kalagayan ng Kalusugan

Sa , mula noon hanggang ngayon ay hindi maikakailang ang hindi maayos na sistema ng kalusugan ang isa sa malaking problemang kinahaharap ng ating bayan. Sa katunayan, ayon kay Dr. Eric Tayag ng Departamento ng

Kalusugan (2014), ang problemang ito ay danas na noon pang panahon ng pamumuno ni dating kalihim Dr. Juan Flavier. Ilan sa mga problemang ito ang kawalan o kakulangan ng sariling ospital, barangay *health centers*, bilang ng mga doktor at nars, at maging mga gamit sa ospital. Ayon nga sa ulat ng Professional Regulation Commission, sa 10,000 pasyenteng Filipino ay tanging pitong doktor lamang ang nangangalaga dito na malayo sa tamang bilang na isang doktor kada 1,000 pasyente. Ipinahayag din ni Dr. Tayag na ang problemang ito ay kalimitang nararanasan ng mga lugar na malalayo sa siyudad.

Sa kabila ng mga problemang ito, patuloy naman sa pagsusumikap ang bawat lokal na pamahalaan ng komunidad ng Onhan sa pagpapabuti ng serbisyong medikal sa kani-kanilang bayan sa abot ng kanilang makakaya. Patunay rito ang pagkakatatayô ng Don Modesto Formilleza Sr. Memorial Hospital sa Brgy. Punta sa bayan ng Looc at pagkakaroon nito ng mga Rural Health Centers at ng 11 *barangay health centers* na nagbibigay-serbisyo sa mga Loocnon. Batay naman sa ulat ng Rural Health Unit (RHU) ng bayang ito noong 2015, may isang Municipal Health Officer, isang public health nurse, isang sanitary inspector, isang dental aide, isang laboratory technician, limang nars na mula sa Nurse Deployment Program, pitong midwife na nagsisilbi sa labindalawang barangay, at 120 na barangay *health workers*. Ang mga ito ang nangunguna sa pagtitiyak ng serbisyong medikal. Sa usapin naman ng health facilities, taglay na rin ng bayan ng Looc ang pasilidad para sa mga paanakan, *TB DOTS Station*, *dental clinic*, at isang pribadong *diagnostic center*.



Larawan 31. Larawan ng Isang Klinika sa Komunidad ng Onhan

Samantala, ilan sa mga pangunahing sakit na sanhi ng kamatayan ng mga mamamayang Onhan sa bayang ito ay (1) *cardio-vascular diseases*, kanser, *heart failure*, *pneumonia*, at *diabetes*.

**SAMPUNG SAKIT NA PANGUNAHING SANHI NG KAMATAYAN
SA BAYAN NG LOOC NOONG 2014-2015**

SAKIT	2014	PORSIYENTO	2015	PORSIYENTO
Cardio-vascular Disease	44	33%	24	26%
Lahat ng Uri ng Kanser	21	16%	21	22%
Heart Failure	10	7%	14	15%
Lahat ng Uri ng Pneumonia	30	23%	10	11%
Diabetes Milletus	7	5%	7	7%
Myocardial Infraction	14	10%	6	6%
Lahat ng Uri ng PTB	0	0%	5	5%
Asthmatic Bronchitis	5	4%	4	4%
Vehicular Accident	0	0%	2	2%
Peptic Ulcer	2	2%	2	2%
KABUOAN	133	100%	95	100%

Talaanayan 43. Sakit na Pangunahing Sanhi ng Kamatayan

Makikita naman sa ibaba ang mga nangungunang sakit ng Loocnon batay sa ulat ng RHU sa loob ng limang taon.

MGA NANGUNGUNANG SAKIT SA BAYAN NG LOOC (2011-2015)

SAKIT	2011	2012	2013	2014	2015
Upper Respiratory Track Infection	2,420	2,161	1,451	1,942	2,212
Hypertension	868	638	606	631	730
Lahat ng Uri ng Sugat	141	118	406	531	402
PTB Symtomatic	345	324	296	141	149
Arthritis	0	0	0	0	143
Diarrhea	146	80	173	98	139
Conjunctivitis	0	0	0	0	125
Allergy	78	141	296	211	123
Asthma	30	46	128	118	106
Bronchitis	7	9	88	113	98
KABUOAN	4, 035	3, 517	3, 444	3, 785	4, 227

Talaanayan 44. Nangungunang Sakit sa Bayan ng Looc

Naitala naman ang pinakamataas na bilang ng malnutrisyon sa bayang ito sa mga barangay Poblacion B, Guinhaya-an, at Limon Norte kabaligtaran ito sa mga barangay Pili at Agojo na kapuwa itinuturing na may maliit na porsiyento ng malnutrisyon. Ang mataas na bilang ng malnutrisyon sa mga nasabing barangay

ay sanhi ng kahirapan ng buhay at di-maayos na sistema ng sanitasyon (RHU, 2015).

Hindi tulad ng bayan ng Looc, ang bayan ng Alcantara ay walang sariling ospital. Ganoon pa man, taglay naman nito ang sumusunod na pasilidad pangkalusugan gaya ng isang *rural health unit*, isang botika sa barangay, at labing-isang *barangay health stations*. Ang mga ito ang nagsisilbing takbuhan ng mga Onhan sa komunidad na ito sa panahon ng pangangailangan. Sa tulong naman ng nag-iisang doktor, 12 *nutrition scholars*, tatlong nars, 5 midwife, isang dentista, isang *sanitary inspector*, at tatlong *health aide* ay nagagawa naman nitong matugunan ang pangangailangang pangkalusugan ng mga mamamayan nito liban na lamang sa mga kasong kailangan talagang dalhin sa ospital. Batay naman sa ulat ng RHU ng noong 2017, ang (1) *hypertension*, (2) lahat ng uri ng kanser, (3) *pneumonia*, (4) *chronic lower respiratory disease*, (5) *pulmonary tuberculosis*, (6) *diabetes mellitus*, (7) Iba pang anyo ng sakit sa puso, (8) lahat ng uri ng sakit sa puso, (9) sakit sa atay, at (10) aksidente dulot ng banggaan ng sasakyan ang mga nangungunang sanhi ng kamatayan ng mga mamamayan nito.

Gaya ng bayan ng Alcantara, nag-iisa lang din ang doktor sa bayan ng Santa Fe na naglilingkod sa buong populasyon nito. Sa tulong ng Departamento ng Kalusugan sa pamamagitan ng Nurse Deployment Project ay nabigyan sila ng apat na nars. Bukod sa kanila ay katulong din ng mga nars at doktor ang iba pang personel na nangangalaga sa kalusugan ng mga mamamayan gaya ng *rural sanitary inspector*, *municipal nutrition officer*, dentista, at *midwife*. Samantala, makikita naman sa ibaba ang iba't ibang serbisyo na naipagkakaloob ng Rural Health Unit ng Santa Fe—ang pinakamalaking health facility sa bayang ito na matatagpuan sa Poblacion.

- *Out-patient Consultation*
- *Dental Services*
- *Minor Surgery*
- *Communicable and Non-communicable diseases management*
- *Family Planning Counselling*
- *Operation Timbang*
- *Expanded Program on Immunization*
- *Environmental Sanitation*
- *Maternal, Newborn and Child Health and Nutrition Services*
- *Basic Emergency Obstetrics and Newborn Care*
- *Medico Legal Consultation*

Sa mga pagkakataong di kayang ibigay ng nasabing pasilidad ang serbisyong medikal na nararapat sa isang pasyente, ito ay direktang dinadala sa mga kalapit bayan sa Tablas gaya ng Looc at Odiongan. Narito naman ang mga nangungunang sakit ng mga Santa Fenhon sa loob ng tatlong taon at mga nangungunang sanhi ng kanilang kamatayan batay sa ulat ng RHU ng bayang ito.

MGA NANGUNGUNANG SAKIT SA BAYAN NG SANTA FE (2014-2016)

2014				2015				2016	
SAKIT		BILANG		SAKIT		BILANG		SAKIT	BILANG
1	Upper Respiratory Tract Infection	475	1	Upper Respiratory Tract Infection	443	1		Hypertensive Cardiovascular Disease	663
2	Hypertensive Cardiovascular Disease	374	2	Hypertensive Cardiovascular Disease	335	2		Upper Respiratory Tract Infection	505
3	Wounds (all types)	174	3	Wounds (all types)	172	3		Wounds (all types)	274
4	Diarrhea	117	4	Pneumonia	146	4		Diabetes Mellitus II	180
5	Influenza-like Illness	79	5	Urinary Tract Infection	139	5		Chikungunia	158
6	Pneumonia	75	6	Diarrhea	121	6		Dental Problems	148
7	Urinary Tract Infection	74	7	Dental Problems	81	7		Diarrhea	131
8	Tuberculosis (all forms)	72	8	Dyspepsia/ Abdominal Colic	70	8		Pneumonia	93
9	Allergies (all types)	59	9	Skin Problems	56	9		Allergies (all types)	85
10	Bronchial Asthma	38	10	Tuberculosis (all forms)	55	10		Urinary Tract Infection	85

Talahanayan 45. Nangungunang Sakit sa Bayan ng Santa Fe

**SAMPUNG SAKIT NA PANGUNAHING SANHI NG KAMATAYAN
SA BAYAN NG SANTA FE SA MGA TAONG 2014-2016**

2014			2015			2016		
SAKIT		BILANG	SAKIT		BILANG	SAKIT		BILANG
1	Hypertensive Cardio-vascular Disease	29	1	Hypertensive Cardio-vascular Disease	14	1	Hypertensive Cardio-vascular Disease	15
2	Cancer (all kinds)	8	2	Cancer (all kinds)	13	2	Cancer (all kinds)	11
3	Chronic Obstructive Pulmonary Disease	6	3	Chronic Obstructive Pulmonary Disease	6	3	TB (all forms)	5

4	Degenerative Osteo-arthropathy	5	4	Diseases of the Heart	5	4	Chronic Obstructive Pulmonary Disease	5
5	Diabetes Mellitus II	5	5	Liver Diseases	5	5	Degenerative Osteo-arthropathy	5
6	Diseases of the Heart	4	6	Seizure Disorder	4	6	Pneumonia	3
7	Liver Diseases	3	7	Peptic Ulcer Disease	3	7	Diseases of the Heart	3
8	Asphyxia	2	8	Pneumonia	3	8	Diabetes Mellitus II	2
9	Peptic Ulcer Disease	2	9	Pulmonary Tuberculosis	2	9	Peptic Ulcer Disease	2
10	Pulmonary Tuberculosis	2	10	Renal Failure	2	10	Aspiration	2

Talahanayan 46. Nangungunang Sakit
na Sanhi ng Kamatayan sa Bayan ng Santa Fe

Batay sa datos, makikita na ang mga sakit na Hypertensive Cardiovascular Disease (HCVD), kanser, at Chronic Obstructive Pulmonary Disease ay ang nangungunang sanhi ng kamatayan ng mga Santa Fenhon. Ayon sa RHU ng Santa Fe, ang sakit na HCVD ay maiuugnay sa hilig ng mga Santa Fenhon sa pagkaing matataba at maaalatn, pamamaraan ng pamumuhay, at hindi pagsunod sa mga medikasyong inirerekomenda ng mga doktor o *health center*. Samantala, sa kabuoan, sinasabi ng RHU ng Santa Fe na ang pagkakasakit at kamatayan ng mga sanggol, bata, kabataan, at matatanda ay maiuugnay sa kahirapan ng buhay, kawalan ng edukasyon, maling gawi sa pangangalaga sa sariling kalusugan at kawalan ng maayos na transportasyon partikular na ang emergency transportation, at di-malusog na pangangatawan ng ina.

Naitala naman sa bayan ng San Andres ang sumusunod na sakit na kalimitang taglay ng mga taga-San Andres batay sa ulat ng RHU ng nasabing bayan mula taong 2010 hanggang 2012.

**MGA NANGUNGUNANG SAKIT SA BAYAN NG SAN ANDRES
(2010-2012)**

SAKIT	BILANG AT TAON		
	2010	2010	2010
Acute Upper Respiratory Infection	688	964	1013
Hypertension	110	504	188
Acute Dermatitis	38	42	76

Acute Peptic Disease	37	49	-
Bronchial Asthma	33	47	67
Acute Gastroenteritis	23	75	57
Punctured/Inspected Wound	17	23	-
Arthritis	14	20	-
Pulmonary Tuberculosis	12		-
Urinary Tract Infection	8	22	-
Acute Upper Respiratory Inspection	688	964	1013


Talahanayan 47. Nangungunang Sakit sa Bayan ng San Andres

**MGA NANGUNGUNANG SAKIT NA SANHI NG KAMATAYAN
NG MGA SAN ANDRESNON (2011-2012)**

SAKIT	BILANG NG NAMATAY		
	2011	2012	2013
Heart Disease/Congestive Heart Failure	8	4	9
Cancer (various form)	7	-	-
Pneumonia	6	2	4
Diabetes	5	2	-
Cerebrovascular Accident	5	14	7
Pulmonary Tuberculosis	5	3	3
Multiple Organ Failure	3	2	16
Nutritional Dificiency	3	4	-
Bronchial Asthma	2	2	-
COPD	2	4	4
Hepatic Carcinoma	-	2	-
Acute Myocordial Infection	-	-	3
Anemia	-	-	3
Blunt Traumatic Injury	-	-	2
Gastro Esophageal (CA)	-	-	2

Talahanayan 48. Nangungunang Sakit na Sanhi ng Kamatayan sa Bayan ng San Andres

Sa kabilang banda, sa usapin ng bilang ng mga namamatay na Onhan kada taon bunga ng mga karamdaman, katandaan, at aksidente ay nakapagtala ang bayan ng Looc ng 112 na namatay noong 2015. Sa mga nasabing namatay, karamihan ay mga matatanda na may edad 50 pataas kung saan ito ay pumalo sa kabuoang bilang na 90 na indibidwal.



Tsart 8. Porsiyento ng mga edad ng Namamatay sa Bayan ng Looc

Samakatuwid, 80% ng mga namamatay ay mula sa hanay ng mga matatanda na may malalim na karanasan sa gamit ng kanilang wikang Onhan. Kung magpapatuloy ang ganitong bilang na hindi naituturo nang husto ang wikang Onhan sa mga bata at kabataan, hindi malayong malaki ang magiging impak nito sa katatagan ng wikang Onhan lalo na sa kasalukuyang panahon na madalas na ring ginagamit ng mga bata ang wikang Filipino bunga ng madalas na *exposure* sa midya at mga dayuhan.



Larawan 32. Isang halimbawa ng paalala na nasusulat sa wikang Onhan

Sa ngayon, patuloy ang komunidad ng Onhan sa pagsasagawa ng iba't ibang programang pangkalusugan upang matugunan ang mga problemang ito. Ilan sa mga ito ay pagpapalabas ng mga ordinansya gaya ng pagbabawal na manigarilyo sa mga pambublikong lugar at pagbebenta nito sa mga *menor de edad*. Gayundin, patuloy ring nakikipag-ugnayan ang mga Rural Health Unit ng bawat bayan sa Departamento ng Kalusugan upang punan ang mga kakulangan sa bilang ng mga doktor at nars at ng mga pasilidad pangkalusugan. Kaugnay ng mga programang pangkalusugan, mahalagang hakbang ang paggamit ng wikang Onhan upang lubos na maunawaan ito ng mga mamamayan. Tandaan na kung ganap na nauunawaan ng mga mamamayan nito ang bawat impormasyong inilalabas hinggil sa kalusugan, tiyak na mas mararamdaman nila ang epekto ng hindi pangangalaga sa kalusugan o pag-abuso sa katawan.

Matandang Pangagamot sa Komunidad ng Onhan

Sa kasaysayan, magmula pa man noong unang panahon, ang sakit ay bahagi na ng pamumuhay ng tao. Ang iba sa mga ito ay nagagamot subalit ang ilan naman ay tanging Poong Lumikha na lamang ang nakakaalam ng kagamutan. Subalit isa lamang ang malinaw, may iba't ibang sanhi ang sakit na dumadapo sa katawan ng tao. Nariyan na ang dala ng pagod, maruming paligid, walang kontrol sa pagkain, at ang iba naman ay sanhi ng hindi maipaliwanag na dahilan o mga sakit na dala ng mga nilalang na hindi nakikita ng ating mga mata batay na rin sa paniniwala ng mga Filipino at ilang lahi sa mundo. Gaya na lamang ng paniniwala ng mga sinaunang tao na ang sanhi ng pagkakasakit ng isang indibidwal ay bunsod ng galit ng kanilang pinaniniwalaang diyos dahil sa maling gawi ng mga mamamayan nito, sakit na dala ng mga ninuno at ilang espiritu sa paniniwala nilang sila ay kinalimutan na ng mga kamag-anak nila, sakit na likha ng mga mangkukulam, mata ng diablo, pagsanib ng masamang espiritu sa katawan ng tao, at pagkawala ng balanse ng katawan dala ng labis na lamig at init na nananalaytay rito.

Sa kabilang banda, ayon kay Galvez-Tan (1977), sa kontekstong Pilipino, malalim ang pinag-uugatan ng pagkakasakit ng isang indibidwal. Ito ay nakaugat sa relasyon ng tao sa kaniyang kapaligiran. Sa katunayan binanggit niya ang ganito:

“Kapag ang mabuting kaugnayan ng sangkatauhan sa kalawakan, sa kalikasan, sa kaniyang kapuwa at sa kaniyang sariling katawan, kaisipan, kalooban, at kaluluwa ay naputol at hindi naisaayos muli, ang tao ay magkakaroon ng kasakitan, kalungkutan, at kamatayan.”

Samakatuwid, ang anumang gawang magaling ng isang indibidwal ay maaaring mag-ani ng kabutihan subalit ang anumang mali at baluktot na gawi ng tao sa kaniyang kapaligiran ay mauwi sa di-magandang pakiramdam gaya ng pagkakasakit.

Sa kabilang banda, ang kasaysayan ng tradisyonal na panggagamot sa ay iniuugnay sa kapangyarihan, relihiyon, hiwaga, at paniniwala. Sa katunayan, matatandaan na ang mga babaylan ay kilala na sa larangan ng panggagamot sa bago pa man marating ng mga Espanyol ang noong 1521. Ayon nga kay Salazar (2010), ang mga babaylan (katawagang Bisaya) o katalonan (katawagang Tagalog) ay ang pinakasentral na persona noon sa lipunang Filipino. Sa katunayan, sila ay pangatlong espesyalista sa estrukturang panlipunan noong panahong dati. Sila ay aktibo sa larangan ng kalinangan, relihiyon, ritwal, at medisina. Sila rin ang namamahala sa kabuoang metolohiya ng bayan. Daluyan ng buhay at ginhawa. Sa madaling salita, *proto-scientist* ang mga babaylan. Subalit, dahil sa mga mananakop na Espanyol, sila ay itinuring na banta o kalaban ng mga mananakop upang maipalaganap ang relihiyong Katolisismo sa bansa kaya naman sila ay puwersahang pinaalis sa kani-kanilang lugar na kinagisnan. Sa panahon ng Espanyol, talagang nawala ang dating mataas na papel ng babaylan sa lipunan at/o ang kababaihan sa pangkalahatan. Napako ang karamihan sa pagtulong sa simbahan, sa pag-aalaga ng mga anak at tahanan, sa maliit na negosyo, at iba pang pang-araw-araw at nakababagot na gawain. Ganoon pa man, may mga lugar pa rin sa bansa na nanatiling tagapag-alaga ng katutubong kalinangang intelektuwal at siyentipiko ang mga babaylan sa mga rehiyong katutubo o lumad (Salazar, 2010).

Samakatuwid, para sa nakararaming Filipino, ang babaylan ay maituturing bilang isang taong may kakayahang gumamot ng kaluluwa at sakit ng tao. Isang hindi pangkaraniwang babae, lalaki, o binabae na nagsisilbi sa pamayanan sa pamamagitan ng pagiging isang tagahilom ng mga may sakit na mamamayan, tagapagtago ng karunungan, at taong nagbibigay ng katatagan sa estruktura ng lipunan. Sila ay may kakayahang pumasok sa mundo ng mga espiritu (Salazar 2010). Kaya nilang maglabas-masok sa nasabing mundo nang walang sagabal. Isang babaeng may malawak na kaalaman sa gawain sa lipunan.

Sa komunidad ng Onhan ang paniniwala sa tradisyonal na pamamaraan ng panggagamot ay patuloy pa ring tinatangkilik ng sambayanan. Batay sa testimonya nina Nanay Elizabeth Gacura ng Looc at ni Nanay Annele Fernandez ng San Andres bunga ng iba't ibang kadahilalan partikular na ang kawalan ng sapat na pinansiyal at kakulangan ng ayuda ng pamahalaan sa usaping pangkalusugan.



Larawan 33. Si Nanay Annele hawak ang kaniyang mga gamit :
sa panggagamog: lana at ang pulang manok

Si Nanay Annele Fernandez ay kilala sa pagiging manggagamot sa bayan ng san Andres. Ilan sa kaniyang mga sakit na napapagaling ay ang sumusunod: (1) usog, (2) pagpapaanak, (3) sapi/sinapian ng taong lupa, (4) gayuma, at (5) bali/balda. Ayon sa kaniya, nagsimula siyang manggamot sa edad na labinlimang (15) taong gulang dala ng impluwensiya ng kaniyang yumaong ama na isa ring albularyo. Bukod sa impluwensiyang ito ng kaniyang magulang, naniniwala siya na ang kaniyang kakayahan sa panggagamot ay bunsod ng utos sa kaniya ng mga kaibigang duwende na nagpapakita sa kaniya mula noong siya ay bata pa. Ayon sa kaniya, siya ay tinutulungan ng mga ito upang mapagaling niya ang kaniyang mga kababayan na nangangailangan ng pangunang lunas sa karamdaman.

Sa kabilang banda, naniniwala si Nanay Annele na ang kaniyang panggagamot ay nagiging epektibo dahil sa kaniyang alagang manok na pula na nagsisilbi niyang tagabantay (hinihimas niya ito matapos manggamot) at matinding pananampalataya sa Panginoon. Ayon sa kaniya, ang pagdarasal na ito ang tumutulong sa kaniya upang makapagpagaling siya. Ito rin ang nagsisilbi niyang pagkain upang manumbalik ang kaniyang lakas matapos ang panggagamot sa kapuwa.

Sa kaniyang panggagamot, palagi niyang ginagamit ang “lana” na binubuo ng ugat ng iba’t ibang halamang gamot na ayon sa kaniya ay kaniyang kinukuha pa sa bundok tuwing Mahal na Araw at ng langis na mula naman sa katas ng niyog. Kadalasan ang “lanang” ito ay kaniyang pinababasbasan sa kumbento bago niya gamitin sa panggagamot sa mga nausog, nabalian, o masakit ang pangangatawan. Ito ay sa paniniwalang nadaragdagan ang bisa nito bunga ng kanilang paniniwalang ang Panginoon ang kaniyang katuwang sa pagpapagaling sa mga kapuwa niya Onhan na may karamdaman.

Samantala, ang usog ang isa sa kaniyang pangkaraniwang ginagamot. Ayon sa kaniya, maraming taga-San Andres ang kaniyang napagaling na sa sakit na ito maging ito man ay **usog sa hangin**, **usog sa tao**, at **usog sa aswang**. Ayon sa kaniya, bagama’t may iba-ibang klase ng “usog” ay iisa lamang ang proseso ng panggagamot sa ganitong klase ng sakit na kalimitan ay ginagamitan niya ng luya at bigas na kaniyang nginuya at inuusalan ng orasyon o dasal sa wikang Onhan bago ipahid sa tiyan ng may sakit. Matapos ang panggagamot ni Nanay Annele siya ay nagdarasal nang taimtim gamit ang wikang Onhan/Bisaya hindi gaya ng ibang mga mangaggamot sa na ang orasyon ay nasa wikang Latin. Ayon sa kaniya, bukod sa hindi siya marunong magsalita ng wikang Latin, mas nauunawaan ng kaniyang isip at puso ang wika ng kaniyang bayan.

Sa kabilang banda, nasubukan na rin ni Nanay Annele ang manggamot ng taong sinapian ng mga taong-lupa kung saan ang pagdarasal o matinding panalangin ang nagsisilbi niyang sandata upang ang pinaniniwalaang taong-lupa na sumapi sa katawan ng taong nagpapagamot ay mawala at manumbalik na sa dating isipan. Sa pamamagitan naman ng pagpapainom ng kape na hinaluan ng sunog na bahagi ng panloob (panty) ng babae ay nagagawa niyang mapagaling ang isang babaeng ginayuma ng lalaki.

Samantala, sa pamamagitan ng paghihilot sa bahay-bata ng isang babae ay nagagawa din ni Nanay Annele na mapabilis ang pagbubuntis ng isang babae o kaya naman ay mapatagal o huwag nang mabuntis ang isang babae.

May kakayahan din si Nanay Annele na magamot ang isang nabinat na nanganak sa pamamagitan ng pagpapainom ng katas ng “anonang”, paghihilot sa matris upang itaas o ibalik ng maayos sa dating posisyon, ginatuob (pagsusuob) gamit ang kabulay (tahanan ng pulot-pukyutan) at sa pamamagitan ng paghihilot sa buong katawan ng isang babaeng nanganak gamit ang lana. Ipinapayo din niya na mahalagang maligo ang isang nanganak matapos ang pitong araw gamit ang pinaglagaan ng pitong dahong: sampaloc, kalamansi, *alibhon* (sambong), *kalangkang* (five fingers), bonlao, agundi, at *kibut*.



Larawan 34. Lana

Ginagamit din ng komunidad ng Onhan ang dahon ng bayabas bilang panggamot sa sugat ng isang indibidwal sa pamamagitan ng paglalaga ng mga dahon nito kung saan ang mismong dahon at katas nito ang nagsisilbing panlanggas o panlinis ng sugat upang maiwasan ang pagdami ng mikrobyo nito. Ang iba naman ay direktang kinunguya na lamang ang dahon ng bayabas at direktang inaaplay ito sa sugat ng isang tao. Itinuturing din ng mga Onhan ang dahon ng oregano bilang isa sa mga mabisang panggamot sa ubo sa pamamagitan ng pagkuha ng katas nito at direktang pag-inom.

Samantala, sa kabila ng ganitong kakayahan o kapangyarihan, may mga pagkakataon din humihina ang kaniyang pangangatawan. Sa kaniyang paniniwala, bunga ito ng mga sakit mula sa iba't ibang pasyente na maaaring lumilipat sa kaniya. Kapag alam naman niyang hindi niya kaya ang sakit, ito ay kaniyang tinatanggihan at ipinapayo na magpagamot na lang sa doktor sa mga ospital.

Bukod sa usaping pinansiyal at kawalan ng maayos na sistemang pangkalusugan sa mga komunidad ng Onhan, bakit nga ba patuloy pa ring tinatangkilik ang ganitong pamamaraan ng panggagamot? Batay sa pagtatanong-tanong, ang usapin ng pagiging panatag ang kalooban ang isa rin sa mga dahilan kung bakit patuloy na tinatangkilik ng mga Onhan ang ganitong pamamaraan ng panggagamot. Wala silang anumang pakiramdam ng pagkahiya o pagkailang; karamihan sa mga manggagamot na ito ay kanilang nakakadaupang palad na rin o dili kaya naman ay kanilang kapitbahay na lubos na nilang kilala. Ang mga manggagamot na ito ay hindi lamang nagsisilbing manggagamot sa kanila bagkus

tagapagpanatag at tagapagpalakas din ng loob at hindi inihihiwalay ang emosyon sa kaniyang pasyente, Sa katunayan, ayon kay Nanay Annele, masaya siya kapag positibo ang nagiging resulta ng kaniyang panggagamot at malungkot naman kapag bigo siyang mapagaling ito. Ang usapin ng pagiging komportable sa mga manggagamot na ito ay malinaw na ipinaliwanag ni Arens (1957) na binanggit sa pag-aaral ni Macalintal (1977) na ang mga tradisyonal na manggagamot ay nagtataglay ng “karismatik” na pag-uugali kaysa sa mga edukadong doktor na masyadong propesyonal ang pakikitungo. Ayon naman kay F. Landa Jocano (1966) mas panatag ang kalooban ng mga pasyenteng tumatangkilik sa mga tradisyonal na manggagamot sapagkat lumalabas na sila ay mas mahusay na sikolohista sapagkat nanggagamot sila batay sa kaakmaan ng kultura ng kaniyang komunidad o pasyente. Ang kanilang mga pamamaraan ng panggagamot ay pamilyar sa mga pasyente kaya naman naiiwasan ang takot. Kumbaga mas madaling tanggapin ng mga tao ang ganitong pamamaraan ng panggagamot sapagkat nahubog sila na ito ay bahagi na ng kanilang buhay (Galvez-Tan 1977). Sa kabilang banda, sa ganitong pagkakataon, lumalabas ang konsepto ng panunumbalik, kagandahang loob, at pagiging matulungin ng mga Onhan sa kanilang kapuwa Onhan. Sa katunayan, bagama’t tumatanggap sila ng kaunting tulong mula sa mga pasyente, bukas na bukas naman nila itong tinatanggap kapag ang isang pasyente ay dumating sa kanilang tahanan ano man ang kanilang ginagawa o pinagkakaabalahan. Ang ganitong pag-uugali ay repleksiyon na handang ibigay ng isang Onhan ang kaniyang serbisyo para sa ikabubuti ng ibang tao may kapalit man o wala. Sa ganitong positibong ugali ay mababanaag na likas sa mga Filipino partikular na sa komunidad ng mga Onhan ang maging mabuti sa kapuwa taliwas ito sa bansag sa kanila na ang mga Onhan ay tamad at makasarili (Meñez, 1998).

MATERYAL AT DI MATERYAL NA KULTURA SA KOMUNIDAD NG ONHAN

Sa klasikong depinisyon ni Edward Tylor (1871), binigyang-kahulugan niya ang kultura bilang isang masalimuot na kabuoang binubuo ng karunungan, paniniwala, sining, batas, moral at mga kaugalian, at iba pang mga kakayahan at mga ugaling nakamit ng tao bilang isang miyembro ng lipunan (Panopio at Santico-Rolda, 1992). Ito ay natutuhan taliwas sa paniniwalang ito ay kaakibat na ng ating biyolohikal na katangian. Ito ay palatandaan na ang lipunan ay may sariling pamamaraan ng pamumuhay na produkto ng mga taong nananahanan dito. Ang kultura ay nahahati sa dalawang uri: ang materyal at di-materyal na kultura. Ang una ay tumutukoy sa mga bagay na konkreto na nilikha ng tao batay sa mga materyales na makikita sa kanilang kapaligiran gaya ng bato, kahoy, lupa, bakal, at mga kagaya nito. Ilan sa mga halimbawa nito ang sining ng eskultura, arkitektura, pananahi, pagpipinta, kagamitang pangkusina, at mga modernong kagamitan sa kasalukuyang panahon gaya ng kompyuter, laptop, mobile phone, radyo, at telebisyon. Nakatuon naman ang ikalawa at panghuli sa mga paniniwala, batas, ideya at kaugalian, at tradisyon ng isang komunidad na kadalasang makikita sa mga ikinikilos at ginagawa ng mga tao sa isang komunidad. Ilan sa

mga halimbawa nito ang pamahiin sa panliligaw, kasal, paglilihi, at panganganak, paniniwala sa mga espiritu, pagsasagawa ng pabasa tuwing Mahal na Araw ayon sa paniniwalang Katoliko, Ramadam ng mga Muslim, pagdiriwang ng kapistahan, at pagsunod sa batas ng isang lipunan. Sa huli, ang dalawnag uri ng kulturang ito ay kapuwa mahalaga sa isang lipunan. Nagsisilbi itong yaman at gabay para sa mga mamamayan nito. Repleksiyon ng namamayaning paniniwala noon at sa kasalukuyan.

Materyal at Di-Materyal na Kultura sa Pagtatanim/Pagsasaka

Gaya ng ibang mga lugar sa , maraming pinanghahawakang paniniwala ang mga Onhan sa usapin ng pagsasaka, pangangisda, at iba pang mga gawaing may kaugnayan sa pagtatanim. Sa katunayan, buhay na buhay sa mga Onhan ang mga ritwal na isinasagawa bago ang ganap na pagsasaka sa mga palayan. Kasabay ng pagsasawa ng mga ritwal na ito ay ang paggamit din ng mga materyal na kulturang may kaugnayan dito.

Ayon kay G. Mario Galasinao, ang Municipal Agriculturist ng bayan ng Alcantara (2018), may ilang mga magsasaka ang nagsasagawa ng ritwal bago maganap ang pagsasaka at bago maganap ang pag-aani. Halimbawa, sa panahon ng paghahanda ng lupa, may mga magsasaka na nagsasagawa ng **pagsusuob** o pagpapausok ng lupang sakahan sa pamamagitan ng pagniningas ng pinaghalo-halong maliit na kahoy na ginawang krus, tanglad, at kamanyang na sinasabayan ng dasal. Ang ganitong ritwal ay tugon ng mga magsasaka upang mawala ang masamang espiritu sa lugar. Sa ganitong gawain, makikita dito ang pagbibigay-halaga ng mga magsasakang Onhan sa iba't ibang elementong maaaring nananahanan din sa lugar na iyon. Mahihinuha na ito ay pagpapakita ng paggalang sa iba pang nilalang.



Larawan 35. Kasama sina G. Emma Gregorio ng Looc at G. Mario Galasinao ng Alcantara

Ang ganitong ritwal ay isinasagawa din ng mga magsasaka sa panahon ng pag-aani. Sa kabilang banda, sa usapin ng pangangalaga ng pananim, may mga magsasakang Onhan ang gumagamit ng mga panakot sa ibon (*scare crow*) upang hindi mapinsala ang kanilang tanim ng mga ibong kumakain ng palay. Ang iba naman ay gumagamit ng lata na nagsisilbing pantaboy sa mga ibon dahil sa ingay na nalilikha ng mga latang ito. Buhay rin ang paggamit ng banderitas bilang pantaboy sa mga pesteng ibon. Ayon kay G. Galasinao, napapansin niyang ang ganitong mga pamamaraan ay epektibo rin naman bilang alternatibong pamamaraan. Samantala, ayon naman kay Gng. Emma Gregorio, Municipal Agriculturist ng bayan ng Looc, gumagamit din ang mga magsasakang Onhan ng mga mababahong bagay bilang pantaboy sa mga insekto o **tayangaw** gaya ng patay na palaka o lamang-loob ng isda. Ang mga ito ay kanilang isinasabit sa kawayan at ang masangsang na amoy na ito ay nagdudulot ng paglayo ng mga peste (tayangaw) ng halaman.



Larawan 36. Paggamit ng banderitas bilang tradisyonal na pantaboy ng mga insekto at ibon

Nariyan din ang paggamit ng mga itik sa mga palayang *irrigated*. Ang mga itik na ito ang kumakain ng mga insekto at **kuol** (kuhol) na sumisira sa palayan. Nariyan din ang paggamit ng mga magsasaka ng mga **kisiw/silo** na gawa sa sinulid bilang paraan ng panghuhuli sa mga ibong maya. Isinasagawa ng mga magsasakang Onhan ang ganitong mga pamamaraan sapagkat hangga't maaari ay ayaw nilang gumamit ng mga pestisidyo o anumang kemikal bilang pamatay-pesto o insekto. Naniniwala rin ang komunidad ng Onhan na kapag bagong ani ang palay/bigas ay kailangang makakain muna ang buong pamilya upang maiwasan ang pagkakasakit. Sa katunayan, dapat bunsong anak ang unang makakain ng bagong aning palay na niluto.

Materyal at Di-Materyal na Kultura sa Pangngisda

Gaya sa pagtatanim o pagsasaka, may iba't ibang tradisyonal na paniniwala rin ang mga mangingisdang Onhan na pinaniniwalaang magbibigay sa kanila ng masaganang huli sa panahon ng pangngisda. Ayon nga kay Gng. Susan Noche, ang Coastal Resource Management Officer ng bayan ng Looc, ang ganitong mga tradisyon ay di pa rin nawawala. Isa na rito ang konsepto ng **ginatuob**. Ito ay isang ritwal na isinasagawa bago pumalaot ang isang mangingisda. Sa isang bilao, pinagsasama-sama nila ang niyog, kamangyan, at halamang **mosekos** (*Tag. amorseko*). Ang mga sangkap na ito ay kanilang pagniningasin hanggang sa makapagprodyus ng usok kung saan pauusukan nila ang kanilang mga kagamitan sa pangngisda at ang kanilang bangka kasama ang bulong o panalangin. Naniniwala ang mga Onhan na makapagdudulot ng maraming huli ang pagsasagawa ng ganitong ritwal dahil sa halamang mosekos/amorseko na may katangiang dumidikit sa malagyan nito. Ang ganitong paniniwala ng mga Onhan ay nagsimula noon pa at nagpasalin-salin lang kaya nanatiling buhay. Bukod sa konsepto ng ginatuob, nagsisilbing batayan din ng mga mangingisda ang kapangyarihan ng buwan. Naniniwala ang mga Onhan na maganda ang dulot ng *new moon* sapagkat panahon ito na madilim ang kalangitan. Dahil dito, maraming isda ang naglalabasan. Taliwas o kabaliktaran naman ito ng *full moon* na sa kanilang paniniwala ay hindi magandang panahon sa pangngisda dahil sa dulot nitong labis na liwanag na nagiging sanhi upang magtago ang mga isda. Samantala, marami din sa mga mangingisdang Onhan ang naniniwala sa pagpapabendisyon ng kanilang bangka at mga kagamitan sa pangngisda sa pari o *lay ministers* bago nila ito gamitin.

Ang mga karunungan bayan na ito ay patuloy pa ring pinaniniwalaan at isinasagawa ng mga mamamayang Onhan. Batay sa naganap na panayam, wala naman silang ano mang nakikitang problema o balakid sa pagsunod sa mga paniniwalang ito na may kaugnayan sa pagsasaka at pangngisda. Sa katunayan, nagsisilbi pa nila itong gabay .

Samantala, ang bangka ay materyal na kulturang lantad sa komunidad ng mga Onhan. Mula noon hanggang sa kasalukuyan ay bahagi na ito ng kanilang kabuhatan. Gaya sa lalawigan ng Batanes, ang mga bangka ay kalimitang ginagamit ng mga Onhan sa (1) pangngisda, (2) pangangalakal, at (3) transportasyon sa komunidad. Sa kulturang Onhan, ang bangka ay maikakategorya bilang (1) maliit o de-sagwan, (2) katamtaman, at (3) malaki na mauuri bilang **pangulong**. Kalimitan, gawa ang mga ito sa mga kahoy gaya ng lawahan at tipulo. Ito ay mga uri ng kahoy na may mataas na kalidad at kakayahan kaya hindi agad nabubulok. Kalimitan, ang mga kahoy na ito ay makikita rin sa komunidad ng Onhan. Ang isang bangka na maliit o katamtaman ang laki ay tumatagal ng dalawa hanggang tatlong linggo bago matapos gawin. Samantalang, umaabot naman ng mahigit isang buwan bago matapos ang isang bangkang may malaking sukat. Kadalasan ang mga bangkang maliliit at katamtaman ang laki ay pinatatakbo gamit ang sagwan at pinatatakbo naman ng

makina ang malalaking bangka. Nakadepende rin ang halaga ng isang bangka sa sukat nito. Ang isang maliit na ordinaryong bangka ay pumapalo ng 10 libong piso, 20 hanggang 30 libong piso naman ang halaga ng bangkang katamtaman ang sukat at pumapalo naman sa mahigit 100 libong piso ang bangkang de-motor na malaki ang sukat. Ilan naman sa katawagan sa bahagi ng bangka ang sumusunod: **tarik** (gawa sa kahoy) o **katig** (gawa sa kawayan) na kapuwa nagsisilbing pambalanse ng bangka, at **kasko** (pinakailalim ng bangka na nagsisilbing pundasyon ng bangka).



Larawan 37. Tipikal na Senaryo sa Buhay ng Mangingisda at larawan ng mga bangka

Paniniwala sa Patay

Gaya ng paniniwala sa pangingisda at pagsasaka, ang komunidad ng Onhan ay hitik din sa iba't ibang paniniwala sa patay. Sa katunayan, nahahati ito sa mga sumusunod na kategorya.

Paniniwala sa Patay sa Panahon ng Burol

- Mahigpit na ipinagbabawal ang paliligo ng sino mang kaanak ng namatay sa loob at labas ng bahay kung saan **nakahayang** (nakaburol) ang patay sa loob ng tatlong araw.
- Ipinagbabawal din ang pagwawalis sa bahay kung saan nakahayang ang patay.
- Ipinagbabawal din ang pagpitas ng ano mang bungangkahoy sa lugar kung saan nakahayang ang patay.
- Hindi rin dapat ang kaanak ng namatay ang magsisindi ng kandila sa burol ng patay.
- Sakaling humatsing ang isang dumalaw sa burol ng patay, kailangan pingutin niya ang sariling tainga nang sa ganon ay maiwasan ang ano mang masamang mangyayari sa hinaharap.
- Kung may sugat o *allergy* ang dumalaw sa burol ng patay, kailangan kumuha ng kahit anong bagay sa bahay kung saan nakaburol ang patay upang magamit sa pagtutuob ng buong katawan ng nasabing indibidwal.
- Ang pag-uuwi ng pagkain buhat sa burol ay mahigpit ding ipinagbabawal.
- Ipinagbabawal din ang pagsuklay sa burol sa paniniwalang maaaring dumami ang kuto ng isang tao.
- Dapat ding hindi iwanan ang patay upang maiwasan ang **tagaylohan** o pagsanib ng masamang espiritu sa patay.
- Bawal gastusin ang limos (abuloy) habang hindi pa naililibing ang patay.

Paniniwala sa Patay Bago Dalhin sa Huling Hantungan

- Mahigpit na ipinagbabawal sa sino mang kaanak ng patay ang pagbubuhat ng kabaong ng patay kapag ito ay ililibing na.
- Ipinag-uutos din ng mga matandang kaanak na kailangang hakbangan ng batang kaanak ng patay ang kabaong nito.
- Kapag nakalabas na ang patay, mahigpit na ipinagbabawal ang paglingon ng sino mang kamag-anak sa bahay kung saan ibinurol ang patay.

Paniniwala Kapag Nailibing na ang Patay

- Kapag nailibing na ang patay, dapat maghugas ng kamay ang kamag-anak gamit ang tubig na binabaran ng dahon ng kalamansi bago pumasok sa bahay na pinagburulan.
- Kailangang dasalan ang patay na magsisimula matapos ang ikatlong araw ng kaniyang pagkamatay hanggang sa umabot sa siyam na araw.

Pinaniniwalaang ang hindi pagsunod sa mga paniniwala o pamahiin na nabanggit sa itaas ay maaaring humantong sa negatibong pangyayari sa buhay ng mga taong sumusuway dito gaya ng kamatayan o kamalasan. Sa kasalukuyan,

bagaman may ilang mga Onhan ang hindi na tumatangkilik o sumusunod sa ganitong mga paniniwala, marami pa rin naman ang nagpapatuloy na sundin ito partikular na ang mga naninirahan sa mga baryo.

KILKIG: Sanhi at Kagalingan sa Komunidad ng Onhan

Ang **kilkig** na siguro ang isa sa mga iniwasan ng mga dayuhan o mismong mamamayan ng Romblon bunga ng pagkatakot sa pagkalason na maaaring mauwi sa kamatayan.



Larawan 38. Si Nanay Salve ng Bayan ng Alcantara
Isa sa mga nilalapitan ng mga taong pinaniniwalaang nabiktima ng kilkig

Ayon sa pananaliksik, ang kilkig ay kilalang-kilala sa buong lalawigan ng Romblon. Batay sa testimonya ni Nanay Salve at Nanay Mary ng bayan ng Alcantara, at G. Rey ng bayan ng Santa Fe, ito ay isinasagawa sa pamamagitan ng paglalagay ng bagay na anyong pulbos (sa pagkain o inumin) na hindi dapat makapasok sa *internal organ* ng tao sapagkat ito ay magbubunga ng pagkalason ng katawan ng taong biktima nito. Kalimitan ito ay nasa anyong (1) dinurog na bombilya na nagtataglay ng nakalalasang kemikal, (2) kinaskas na kalawang ng bakal, at (3) dinurog na buto ng patay. Ayon sa karanasan ng komunidad, kapag ito ay hindi nalunasan, nauuwi ito sa kamatayan. Samantala, ang isang tao na nakilkig ay ginagamot ng kilalang albularyo sa komunidad ng Onhan sa pamamagitan ng (1) pagpapainom ng tubig na binabaran ng papel na may orasyon o nakasulat na dasal sa wikang Latin, (2) pagpapainom ng isang baso ng **lana** o

langis na gawa sa niyog na may kalamansi, (3) pagpapainom ng puti ng itlog na hinaluan ng giniling na bigas, (4) pagpapainom ng coke na hinaluan ng “blue” tawas, (5) pagpapainom ng tubig na hinaluan ng asukal na kina-caramelize, at (6) pagpapainom ng tubig na may dinurog na *sinukot capsule*. Ang mga nabanggit na pangunang lunas ay nagsisilbing instrumento upang makalabas ang lason sa katawan ng biktima sa pamamagitan ng pag-ihi o pagdumi nito.

Ang ganitong panlalason ay pinaniniwalaang ginagawa rin mismo ng mga taong marunong manggamot nito dahil sa sumusunod; (a) nagkakaroon ng utang na loob ang isang biktima sa taong nakapagpagaling sa kaniya, at (b) napanunumbalik nito ang lakas ng taong nambibiktima, (c) nambibiktima sila upang hindi sila magkasakit. Samakatuwid, ito ay nagsisilbi niyang pagkain.

Ang Kapistahan sa Tanang Onhan

Ano ang sinasabi ng ating kasaysayan ukol sa mga Kapistahan ng lahat o sa **tanang** Inonhan sa probinsiya ng Romblon? Mula sa mga Inonhan, Asi, at Romblonanon Ini hindi na banyaga ang konsepto ng kapistan o pagdiriwang sa isip at kamalayan ng ating mga ninuno o mga katutubo. Ang idea patungkol sa kapistahan ay nagbubukas ng daan mula sa mayamang bukal ng kaalaman na hindi lamang mistulang nakasandig sa kaisipan ng mga dayuhan. Kundi ito rin ang nagbubuklod sa kaisipan at gawain ng mga sinaunang pamayanan na mayroong masagana at mayamang kultura at karanasan.

Ang mga sinaunang tao ay komyunal na namumuhay sa iba’t ibang sulok ng bansa mayroon na silang sibilisasyon bago pa man dumating ang mga mananakop sa bansa kung kaya’t hindi na bago ang pagkakaroon ng mga pagtitipon sa iba’t ibang uri ng tagumpay lalo na kung mayroong masaganang ani, kung nakakahuli ng mga mababangis na hayop mula sa kakahuyan o kagubatan, kung mayroong nakuhang maraming laman-dagat mula sa pangingsda, kung makahuyay o makapagbibistay ng iba’t ibang mineral mula sa lupa gaya ng ginto o tanso na siyang ginagamit bilang palamuti o kaya’y kasangkapan na magagamit sa pakikipagkalakalan sa mga bansa sa Asya gaya ng Tsina at Java, kung may nagaping kaaway at naging matagumpay sa labanan, at bilang pagbabalik ng pasasalamat sa mga Diyos at Diyosa ng kalikasan kung saan nagmula ang lahat ng biyayang nakamtan. Ang sama-samang pagtitipon gaya ng “bayanihan” sa oras ng pagtutulungan, sa panahon ng kasal, sa pagriritwal sa panggagamot, sa pag-usal ng mga dasal sa mga diwata o maging sa mga kalag na gumagabay sa mga mandirigma, kung mayroong kaanak o kaibigan na namayapa ay isang uri ng pagsasama-sama, pakikiramay, pakikipamuhay at pakikipagkapuwa-tao, pagpapasalamat ay likas na kaugalin ng mga naunang tao upang masabing egilitaryo ang uri ng kanilang pamumuhay sa lipunang kanilang ginagalawan. Malayo ito sa uri ng pamumuhay makaraang pumailalim sa panahon ng krus at espada ng mga unang nanakop. Ito rin ang makikita sa talaan ni Antonio

Pigafetta, Miguel de Loarca, at Pedro Chirino. Kung gayon, hinabi ang kahulugan ng kapistahan sa pagtunton nito sa “kabuluhan” o sa “saysay” ng danas ng nakararami sa nakaraan. Mapatutunayan ito sa epikong Maranao na “Darangen” kung gaano karangya ang mga pagtitipon na isinasagawa sa Bembaran. Doon maririnig ang tunog ng agong at mga awitan ng mga tao sa malayo. Ang ulat ng isang prayleng Espanyol na si Padre Joaquin de Coria noong 1872 makikita ang ganitong uri ng pagtitipon na may kasamang iba’t ibang uri ng awit ng mga lokal matapos magapi ang kaaway sa isang labanan.

Sa likod ng samu’t saring kuwentong mauulinigan pa rin mula sa mga naninirahang matatanda sa Romblon na ang kapistahan ay isang gawain maiuugnay sa relihiyosong selebrasyon bilang paggunita, pagmamahal, at pagpapasalamat sa inaalayang patron. Masasabing napalitan na ang lumang paniniwala ng sagradong patron na hatid ng mga dayuhang nanakop. Masabi mang may bahid pa rin ng nakaraan ang paraan ng paghahandog ay lantad na lantad naman ang malaking pagkakaiba nito sa lumang paniniwala kung saan mayroon pa ring sama-samang pagsasalo ang bawat isa sa komunidad gaya ng pag-anyaya sa lahat na makiisa sa isang malaking pagdiriwang o pagtitipon subalit iniaalay na ito sa mga santo at patron bilang tagapaghatid ng biyaya at kasaganahan sa buhay. Kung gayon, malaki ang impluwensiya ng mga Espanyol sa panibagong paniniwala kung saan sapilitang ipinayakap sa marami, ang Katolisismo. Ang instrumento ng pananakop ay naging bahagi ng tagumpay ng mga Espanyol upang ang pagtingin sa mga diwata at anito ay maibaling sa mga santo.

Sa kasalukuyan, matunog pa rin sa marami sa kahit saang sulok ng bansa ang kasiyahang hatid o dulot ng *fiesta*. Subalit ang salitang ito gaya ng pagparito ng mga Espanyol na mayroong kahulugang sintanda ng salitang pagdiriwang o selebrasyon. Karaniwan na itong isinasagawa at itinatapat sa mga araw ng pinag-aalayang patron o santo. Nagtitipon-tipon, nagkakasiyahan, bumabaha ang mga pagkain at inumin na pinagsasaluhan ng lahat, mayroong musika at sayawan, mayroong inuman at kung minsan ay may prusisyon pa bilang paghahandog sa panahong masagana ang ani o kaya’y maraming huli. Para sa mga magsasaka inihahandog nila ang masaganang ani kay San Isidro de Labrador subalit para sa mga mangingisda iniaalay ang masaganang huli ng lamang-dagat kay San Rafael o kaya ay kay San Jose para sa mga Romblomanon. Sa kasalukuyan, itinuturing na representasyon ng isang malawak na populasyon ng mga Katolikong mananampalataya ang pagsasagawa ng mga pista kung saan binibigyan nila nang mataas na uri ng pagkilala ang tradisyonal na okasyon na ngayo’y isinasagawa sa buong bansa. Sa ganitong pagkakataon, ang buong komunidad na nagsasama-samang gumunita ay nagtitipon-tipon upang magpasalamat para sa mga nagdaang taon. Kapag sinasambit ang salitang *fiesta* o pista, para sa mga Filipino naghahatid ito ng kakaibang sigla at galak sa damdamin kung kaya’t mailalarawan ito sa pamamagitan ng mga banderitas, karosa (parada o prusisyon), banda, pagkain, at marami pang iba.

Sa likod ng katotohanang ito, may ilang naitala bago pa mapadpad at makarating sa bansa ang mga sinaunang misyonero gaya ng mga Hesuwita at mga Pransiskano. Gumamit sila ng mga pailaw gamit ang kandila at saka nagprusisyon, may kasama rin itong sayawan at musika para higit na makapanghikayat ng mga lokal at mapalabas ang iba pa nitong kasamahan mula sa mga malalayong bukirin patungo sa sento ng nayon. Ayon kay Reinhard Wendt na isang mananaliksik, nakakalap siya sa mga ulat ng mga unang misyonero noong pasimula pa nang ika-17 siglo kung paano nabago ng simbahan ang kaisipan ng mga lokal sa pagdiriwang ng pista. Naging malaking panghila o pang-akit din ang ganitong uri ng gawain o pagdiriwang sa populasyon ng lokal na madla maging ng mga taong naninirahan sa kasulok-sulukang lugar at malalayong ibayo.

Bagamat nabago na ang konsepto at paraan ng pagdiriwang ng mga Filipino sa kasalukuyan mababanaag pa rin ang pagkahilig ng nakararami sa makukulay o magagarbong pagtitipon kasabay ng mga ritwal. Ang relihiyosong elemento ay patuloy pa rin sa paglaganap sa mga gawaing pagdiriwang magpahanggang ngayon ng mga lokal. Simbolo nang matagumpay na pamamayani ang kapangyarihang kolonyal sa bansa. Maiuugat na bagamat ang pista ay nilalangkan ng ilang gawain na walang kaugnayan sa relihiyosong katangian. Mauunawaan na ito ay sadyang pinagbubuhusan ng panahon, pagod, at malaking salapi o pondo – pasimula sa programa, dekorasyon, mga patimpalak, at maging parada o prusisyon (na kasama sa sinaunang preparasyon para sa pagdiriwang na magaganap). Lalong hindi rin mawawala ang mga karosa kung saan lulan ang istatuwa ni Kristo at maging ng iba pang santo kung saan pinapalamutian ito ng makukulay na kasuotan at mahahalimuyak ang amoy ng sagradong insenso. Ang mga pista na masasaksihan sa lugar ng mga Inonhan sa Romblon ay ang mga sumusunod:

1. **Talabukon Festival** (Looc). Ang selebrasyong ay nagaganap tuwing sumasapit ang ikatlong linggo ng Abril. Ang pagdiriwang ay pagbibigay ng mataas na paggunita kay San Jose ng Simbahang Katoliko at kay Talabukon, isang Boyong na itinuturing na tagapagligtas ng mga maninirahan sa lugar ng Looc noong sinaunang panahon. Ayon sa kuwento, ipinagtanggol ni Talabukon ang mga mamamayan ng Looc laban sa mga bandido sa pamamagitan ng pagsakal (looc). Mula noon, ang Looc na may kahulugang ‘sakal’ ay tumatak sa isipan ng mga lokal at hindi nagtagal ay naging ganap na pangalan ng bayang ito. Sa panahon ng festival na ito, lahat ng barangay ay nakikiisa sa pamamagitan ng pagsali sa Street Dancing Competition na inorganisa ng lokal na pamahalaan ng Looc. Sa nasabing kompetisyon, ipinapakita ng mga lokal ang kanilang kahusayan sa pagsasayaw at pagiging malikhain. Gayundin, ang bawat barangay ay lumilikha ng replika ni Talabukon bilang bahagi ng paggunita at ito ay ipinaparada sa buong bayan.



Larawan 39. Ang Repleksiyon ni Talabukon

2. **Pista ng Parpaguha o Parpaguha Festival** (San Andres). Kilala rin ang pista sa tawag na **Parpagayu**. Ayon sa kasaysayan may isang mitolohikal na ibon na madalas mamalagi sa lugar at noong panahon ng Espanyol ay tinawag nila itong *parpagayo* o *parpaguha*. Sa ngayon, ipinagdiriwang ito tuwing sumasapit ang ika-27 hanggang ika-29 ng Marso. Bilang pag-alaala o paggunita sa paglitaw ng mahiwagang ibon sa lugar ng San Andres. Noon ay madalas itong matanaw sa ilog na malapit sa Brgy. Pag-Alad at Mari Sur. Sa ngayon, ang pista ay may mga *street dancing* na kasama habang isinasadula ang kilos nito.



Larawan 40. Street Dancing sa panahon ng Parpagayu Festival

Ang mga larawan ay mula sa Facebook Account ng San Andres:

<https://www.facebook.com/101288189937523/photos/a.101288826604126/101292419937100/?type=3&theater>

“Actually, kaka-celebrate lang namin ng aming fiesta yung **Parpagayu (*ito ang Parpaguha Festival)**. Yung Parpagayu Festival ay na-*conceptualize* ‘yon a—a few, few years ago. Kase pag- ang, kase itong aming, ‘yung itong, based on history, itong aming a- Parpaguary in which yung galing ang salitang yung Papagayo. Diyan kase nakatira daw noon yung isang uri ng ibon na ang tawag ng mga Kastila ay Papagayo. So, paglipas ng panahon nag-change ang kuwan, pinangalanan nila ng Parpaguha. So, para maibalik ang nakaraan, isini-celebrate namin yung Parpaguha Festival.”

---Mayor Gadon ng Bayan ng San Andres

3. Pista ng Saginyogan o Saginyogan Festival (Alcantara). Ipinagdiriwang mula ika-18 hanggang ika-22 ng Marso. Ipinakikita sa selebrasyong ito ang pangunahing produkto ng lugar gaya ng saging at niyog na may layuning pasalamatang Panginoon dahil sa masaganang agrikultura mayroon ang bayan ng Alcantara. Tumatagal ang kapistahan ng limang araw nang masayang indakan suot ang mga makukulay ngunit malikhaing katutubong kasuotan na gawa sa saging at niyog.

4. Bugsayan Festival. Ang Bugsayan Festival ay ipinagdiriwang tuwing buwan ng Abril ng mga Santa Fenhon bilang pagbibigay pugay sa biyaya ng dagat sa kanilang bayan bilang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan. Ang salitang Bugsayan ay hango sa salitang **bugsay** o **saguan**. Ang bugsayan ay hawig sa Dragonboat Race kung saan sabay-sabay ang pagsagwan ng mga kalahok patungo sa iisang direksiyon. Bagama’t ito ay sinusuportahan ng pamahalaang lokal, kalimitan namang ang mga bangkang ginagamit sa festival na ito ay sponsor ng isang indibidwal o organisasyon.

5. Santo Tomas de Villanueva. Katolikong Pista na ginaganap tuwing ika-21 hanggang 22 ng Setyembre bilang paggunita sa patron ng bayan ng Alcantara. Ito ay nagsisilbing pasalamat sa biyayang naibibigay ng nasabing patron sa mga mamamayan ng nasabing bayan. Sa panahong ito ay iba’t ibang gawain ang isinasagawa na nagsisimula sa isang misa.

6. Battle of Sibuyan Day. Ang Labanan sa Dagat ng Sibuyan ay taunang ginugunita sa bayan ng Alcantara bilang pag-alala sa kabayanihan ng mga beteranong sundalo noong 1944 Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ang nasabing labanan ay naganap sa Dagat Sibuyan na nasa pagitan ng bayan ng Alcantara at Cajidiocan noong Oktubre 24, 1944. Dito nagpamalas ng kagitingan ang mga sundalong Filipino at Amerikano upang pabagsakin ang puwersa ng mga Hapon sa pamamagitan ng pagbomba sa puwersa ng Hapon at sa kanilang mga barkong pandigma gaya ng Musahi, Yamato, Haruna, at Nagato habang patungo sa Kipot

ng Bernardino. Ang pangyayaring ito ay nakatulong sa tagumpay ng Amerikano sa labanan sa Leyte Gulf.



Larawan 41. Mga marker na nagsisilbing alaala sa kagitingan ng mga sundalong Pilipino at Amerikano na nakipaglaban upang pabagsakin puwersa ng mga Hapon noong Ikalawang Digmaang Pandaigdig

Samantala, ang **Kuron Festival** (Ferrol) na isinasagawa tuwing ika-11 ng Hunyo at **Pista ng Karabaw o Carabao Festival** (San Jose) na isinasagawa tuwing ika-19 ng Marso nang bawat taon ay bahagi rin ng pagdiriwang sa komunidad ng Onhan.

Sa kabuoan, maituturing ang selebrasyon o pista bilang espesyal na araw na nakalaan para sa malawakang-kulturang gawain na ginugunita sa natatanging paraan. Kabilang ang mga pista na nabanggit sa nauna bilang mga relihiyosong pagdiriwang. Sa huling bahagi ng ika-20 siglo mauunawaan na ito ay pinaghahandaan upang makapang-akit ng iba pang turista sa likod ng katotohanang ito ay may sariling dahilan kung bakit kinakailangang pahalagahan at gunitain sa masining at makabuluhang preparasyon. Hindi naiiba sa kapistahan ng mga nasa ibang dako ng . Nariyan ang pista para sa mga Araw ng Santo kung pinalalamutian ito ng mga kawayan habang kasama rito ang dahon ng niyog, mga papel de hapon, pakakas, at mga sanga-sangang maaaring magsilbing dekorasyon.

Sa librong “Culture and Community in the Philippine Fiesta and Other Celebration,” ni Florentino H. Hornedo ipinakikita niya na ang paglaganap ng kapistahan sa ay nag-uugat sa komunitarya at likas na sa atin bilang mga tao at

dahil simbolo ito nang mataas na pagpapahalaga ng mga Filipino sa tinatawag na “*sense of community*” habang nakikipagtagisan sa hamon ng modernisasyon, kung saan kasangkot ang bawat naninirahan sa isang komunidad. Isa pang mahalagang makita na nabanggit ni Hornedo na ang pista ay maituturing na isang “angklang pangkultural,” na tumutulong sa mga Filipino na magkaroon ng sariling karakter na nagpapakilala sa ating mayamang kaugalian at paniniwala.

SIKLO NG BUHAY

Ritwal sa Pagbibinata: Tuli sa Paltak, Tuling Onhan

Sa panahon ng pagbibinata, bahagi na ng kulturang Filipino ang pagpapatuli bilang tanda ng transisyon mula bata patungong kabataan. Sa komunidad ng Onhan, may tinatawag silang “Tuli sa Paltak”, na may bersiyon sa Tagalog bilang “Tuli sa Pokpok”. Ang “Tuli sa Paltak” ay isang tradisyonal na pamamaraan ng pagtutuli sa Kabisayaan gaya ng komunidad ng Onhan na ginagamitan lamang ng kutsilyo o labaha upang hiwain ang *foreskin* ng ari ng isang nagbibinatang Onhan na kalimitang nagaganap sa panahon ng bakasyon ng mga kabataan sa paraalan. Para sa mga Onhan, ang panahon ng pagtutuli ay panahon ng naghahalong pakiramdam—pakiramdam ng saya at kaba. Matapos ang pagtutuli, mahigpit na ipinagbabawal ang pagkain ng malalansang pagkain gaya ng alamang, isda, at mga kagaya nito upang hindi raw umalsa o mangati ang sugat sa ari ng bagong tuli. Gayundin, kinakailangang langgasin (linisin) ito upang hindi maimpeksiyon gamit ang dahon ng bayabas at ang tubig na pinagkuluhan nito. Ito rin ay nagsisilbing *anti-septic* sa paniniwalang taglay ng dahong ito ang ganitong katangian. Samantala, naniniwala rin ang mga matatandang Onhan na hindi dapat makita ng isang babae ang ari ng isang lalaking bagong tuli upang maiwasan ang “pangangamatis” o pagmamaga ng sugat ng ari. Samantala, ang isang Onhang lalaki na hindi tuli ay tinatawag na puyong bilang anyo ng kaniyang kapuwa lalaki at ka-edad.

SISTEMANG PANRELIHIYON

Sa kasalukuyang panahon ay malaki pa rin ang ginagampanan ng relihiyon sa kabuoan ng pagkatao ng isang indibidwal. Patunay rito ang iba’t ibang gampaning naibibigay nito sa buhay ng isang tao at sa isang komunidad na namamayani ito gaya ng sumusunod: (1) pinagbibigkis ng relihiyon ang mga taong naniniwala dito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba’t ibang ritwal at pagbabahaginan ng kani-kanilang komon na paniniwala, (2) tumutulong ang relihiyon upang ipaliwanag sa mga tao ang negatibong karanasan sa isang bagay at sa pamamagitan ng pagdarasal ay napapanatag ang kaniyang kalooban, (3) itinataguyod ng relihiyon ang pagiging buo ng isang grupo o komunidad na

naniniwala dito, at (4) nakatutulong ang relihiyon upang mahubog ang pagkakawanggawa ng isang tao sa pamamagitan ng paglikha nito ng mga gawain na ang pangunahing layunin ay pagtulong (Duka, Buraga, Pila 2015).

Sa kabuoan, mahihinuha na ito ay instrumento upang ganap na matamo ng isang indibwal ang mental na kapayapaan. Sa katunayan, sa mundong puno ng kasinungalingan, panloloko, at panlalamang, ang relihiyon ang nagsisilbing midyum upang pahupain ang negatibong emosyon ng tao at patuloy na maniwala sa kabutihan ng buhay sa pamamagitan ng pagdarasal (Duka, Buraga at Pila 2015).

Sa kasaysayan ng relihiyon sa , maituturing na **animismo** ang namayani sa buong kapuluan bago pa man dumating ang mga Espanyol. Sa ganitong uri ng relihiyon, sinasamba ng mga sinaunang Filipino ang iba't ibang produkto ng kalikasan gaya ng ilog, dagat, puno, palayan, bundok, kagubatan, at iba pang mga natural na bagay na nagbibigay sa kanila ng buhay. Malalim din ang paniniwala nila kay **Bathala** na siyang lumikha ng mundo at tao at nakatataas sa iba pang mga diyos-diyosan na kanilang sinasamba o pinaniniwalaan. Patunay rito sina **Ikapati** na itinuturing nilang diyos ng pagsasaka at **Idianale** na itinuturing namang diyos ng mabuti at matagumpay na paggawa. Hanggang sa naipakilala sa ang Islam noong ika-14 na dantaon at namayagpag sa pulo ng Mindanao. At nang masakop ang ng mga Espanyol ay ipinakilala at ipinilit naman nila sa mga Filipino ang kahalagahan ng aral ng relihiyong Katolisismo hanggang sa magtagumpay sila na ang mayorya ng mga Filipino ay magpabinyag sa relihiyong ito. Sa kasalukuyan, iba't ibang relihiyon na mayroon sa ating bansa at dahil sa 1987 Saligang-batas ng , malaya ang sino man na mamili ng relihiyong nais niyang kabilangan (Duka, Buraga at Pila 2015).

Kaugnay nito, sa komunidad ng Onhan, malaki ang ginagampanan ng relihiyon. Sa katunayan, maituturing na relihiyoso ang mga mamamayang Onhan at masasalamatin ito sa mataas na porsiyento ng mga sumasampalataya sa isang partikular na relihiyon gaya ng Katoliko, Iglesia Filipina Independiente (IFI), Iglesia ni Cristo (INC), *Seventh Day Adventist*, *Baptists*, at *The Church of Foursquare Gospel*. Halimbawa, sa bayan ng Looc at San Andres, mataas ang bilang ng mga Onhan na kabilang sa IFI kaysa sa relihiyong Katoliko na dominante sa . Pero paano nga ba ito nangyari? Ayon kay Esquejo (2015) sa kaniyang artikulong pinamagatang "Kung Bakit Maraming IFI sa Tablas" (2009), nagsimula ang ganitong pangyayari nang magsimulang usigin ng mga rebolusyonaryong Filipino ang kadakilaan at pagiging sagrado ng Simbahang Katoliko dahil sa mga tala ng pang-aabusong naranasan ng mga Filipino partikular na ng mga Romblomanon.



Larawan 42. Ang bahay-sambahan ng relihiyong Inglesia ni Cristo at Seventh Day Adventist sa Bayan ng Alcantara

Bunga nito, isinilang ang *Iglesia Filipina Independiente* (IFI) na kilala rin bilang *Philippine Independent Church* o Aglipay na itinatag ni Isabelo delos Reyes na mula sa pangalan ng kanilang pinakaunang Obispo Maximo na si Gregorio Aglipay. Sa kasaysayan, ang relihiyong Aglipayano ang natatanging buhay na relihiyon magpahanggag ngayon na produkto ng Himagsikang 1896. Sa katunayan, ayon kay Prop. Roland Madeja (1993) ang Romblon ang isa sa pinakaunang lalawigan sa na yumakap sa relihiyong ito na hanggang ngayon ay marami pa ring mananampalataya (Esquejo 2015). Ang relihiyong ito ay unang naging matatag sa bayan ng Odiongan dahil sa pagsisikap ni Reberendo Padre Don Jose Magbanua, isang paring Aglipayano na nagtatag ng relihiyong ito sa nasabing bayan. Hindi nagtagal ay nalipat ng bayan ng Looc si Padre Don Jose Magbanua na pinalitan naman ni Reberendo Padre Don Vicente Sevanez. Ito ang dahilan kung bakit naging matatag din ang IFI sa bayan ng Looc. Dahil naman sa pagkakatalaga kay Reberendo Padre Don Gregorio Felipe sa bayan ng San Andres (Despujol) ay naging matatag din ang relihiyong ito dito. Ayon sa kasaysayan, ang mga naging kasapi ng relihiyong ito ay pawang mananampalataya ng Katoliko subalit di nagdalawang-isip na lumipat ng ibang relihiyon bilang tanda ng paghihimagsik sa mapang-abusong pamamahala ng mga paring Katoliko (Esquejo 2015).



Larawan 43. Loob at labas ng Simbahang Katoliko sa Bayan ng Looc



Larawan 44. Simbahang Katoliko sa Bayan ng Alcantara

Sa kasalukuyan, tahimik at mapayapang itinatanghal ng mga Onhan ang kani-kanilang relihiyong kinabibilangan. Mataas ang paggalang sa paniniwala ng bawat isa, taliwas man ito sa itinuturo o pinanghahawakan ng relihiyon ng minorya o mayorya. Sa kabilang banda, sa kabila ng mga aral ng relihiyon na kani-kanilang kinabibilangan, hindi mapapasubalian na patuloy pa rin ang karamihang mamamayan ng Onhan sa paniniwala at pagsunod sa mga pamahiing ito gaya ng ibang mga Filipino. Ang ganitong sitwasyon ay maipapaliwanag sa konsepto na tinatawag ni Padre Bulatao na “*split-level of Christianity*” kung saan ang isip, kilos, at paniniwala sa dalawa o higit pang bagay ay di nagtutugma. Ito ay maaaring patunay na hindi mapasusubalian ang impluwensiya ng mga paniniwala ng sinaunang Filipino sa sikolohikal na bahagi ng pagkatao ng mga kasalukuyang Onhan.

Samantala, ang wikang Filipino ang nagsisilbing midyum sa bawat misa sa komunidad ng Onhan sa kasalukuyang panahon. Wikang Filipino rin ang ginagamit sa pagsesermon ng pari at sa pagkanta ng mga awiting pansimbahan. Subalit sa usapin naman ng padasal o pagrorosaryo sa mga patay, wikang Onhan ang kalimitang ginagamit sa gawaing ito na kalimitang isinasagawa sa loob ng tahanan ng mga kaanak ng namatay.

TURISMO, PAGKAIN, GINHAWANG ONHAN

“Sa ngayon, itong ipinagmamalaki namin, ay ‘yong Beach namin. A, sinabi ko nga kanina, out of 13 Barangays may 7 Barangays kami na-, na-, nasa coastal, coastal areas. So ang Beach ay napakalawak, maganda ang aming buhangin kung ihambing naman sa ibang lugar itong beach namin...Ang isa pa naming ipinagmamalaki namin yung meron kaming Falls dito.”

---Mayor Gadon ng Bayan ng San Andres

Bagaman sa kabuoan ay maituturing na mahirap ang ekonomikong kalagayan ng mga komunidad ng Onhan, hindi naman maikakaila na taglay nito ang likas na yaman at iba't ibang yamang kultural. Sa katunayan, bawat bayang sakop nito ay may kani-kaniyang pagdiriwang na isinasagawa bilang pasasalamat sa biyaya ng buhay, may kani-kaniyang pagkaing itinatangi, may kani-kaniyang lugar na ipinagmamalaki, at kuwentong nais ibahagi. Narito ang ilang magagandang tanawing ipinagmamalaki ng Bayan ng Santa Fe:

- **Enchanted Mountain of Calatong.** Ang bundok (kung titingnan sa malayo ay isang burol na itinuturing na misteryoso) na ito ay matatagpuan sa Brgy. Guintigbasan. Bukod sa taglay nitong yaman gaya ng pagkakaroon ng iba't ibang uri ng halaman gaya ng orkidyas,

deposito ng mineral, at iba't ibang klase ng hayop at ibon gaya ng kilyaw (wild birds) ay narito ang mahiwagang kuwento na siyang mas nagpatingkad sa angking kagandahan nito. Ayon sa mga kuwento, ang lugar na ito ay nagsisilbi ring tahanan ng mga engkanto na siyang nagbabantay sa buong kabundukan. Dahil sa ganitong kuwento, nakilala ang lugar na ito bilang "Lugar ng mga Diwata" na paminsan-minsan ay nagpapakita sa mga taong dumadayo dito. Bukod dito, sinasabi rin ng mga matatanda na may isang gintong barko na nagpapakita malapit sa kabundukang ito (isang patunay ng pagiging Bisaya ng mga Onhan ay ang malaganap na paniniwala sa gintong barko sa Panay). Dahil sa ganitong kuwento ng kababalaghan, tunay na pinangangalagaan ng mga lokal ang kabundukan sa pamamagitan ng pagsasagawa ng iba't ibang ritwal na nagpapakita ng pagpapahalaga dito sa takot na magalit ang mga diwatang pinaniniwalaang nananahanan dito.

- **Isla ng Cabangahan.** Kilala ang islang ito bilang Puro na nangangahulugang "isla" sa wikang Onhan. Ito ay matatagpuan sa Sitio Cabangahan sa Brgy. Guinbirayan. Taglay ng lugar na ito ang mala-kristal na kinang ng tubig. Sa lugar na ito ay mararamdaman mo ang kapayapaan ng buhay at katahimikan ng kapaligiran dahil sa kalayuan nito sa kabihasan. Paglalangoy, pamamasyal sa mga isla, at *snorkeling* ang ilan lamang sa mga maaaring gawin sa islang ito.
- **Dagat Tipulo.** Matatagpuan ito sa Brgy. Poblacion, Santa Fe, Romblon. Taglay nito ang iba't ibang pormasyon ng mga bato na nagsisilbing tahanan ng mga alimango at mga sihi.
- **Mangrove Ecosystem.** Kilala rin ang bayan ng Santa Fe sa pagkakaroon ng mayamang taniman ng mga bakawan na matatagpuan sa limang barangay gaya ng Guinbirayan, Magsaysay, Mat-i, Tabugon, at Poblacion. Ang mga bakawang ito ay nagsisilbing tahanan ng mga halaman at hayop sa karagatan.
- **Tinagong Dagat.** Ito ay matatagpuan sa Brgy. Agmanic, Santa Fe. Kadalasang pinagdarausan ng iba't ibang water sports gaya ng wakeboarding. Nagmula ang pangalan nito dahil sa literal itong nakatago sa likod ng kagandahan ng mga dagat sa Agmanic, at lugar ng mga bakawan.
- **Canyayo Beach.** Matatagpuan sa Brgy. Canyayo na nagsisilbing pangunahing languyan ng mga mamamayan ng komunidad na ito. Tahanan ng iba't ibang uri ng hayop at halaman gaya ng *sea grasses*, *seaweeds*, *starfish*, at mga kagaya nito. Taglay din nito ang iba't ibang rock formation na nagsisilbing tirahan ng mga alimango at *seashells*.

Samantala, isa sa ipinagmamalaking magandang tanawin ng bayan ng Looc ay ang kanilang Looc Bay Marine Refuge and Sanctuary na itinayo noong 1998. Sa nasabing santuwaryo makikita ang iba't ibang uri ng makukulay na isda, iba't ibang klase ng pusit, *marine turtles*, mga naglalakihang kabibe, *sea grasses*, at iba't ibang anyo ng mga korales. Simula nang ginawa ito, maraming turista na ang bumisita dito na nagbigay din ng karagdagang pagkakakitaan sa mga taga-Looc. Sa katunayan, batay sa taunang ulat ng Munisipyo ng Looc, umabot sa 13,102 ang kabuoang bilang ng lokal at dayuhang turista ang nagtutungo sa Looc Fish Sanctuary. Ilan naman sa mga hotel at resort na mabibisita sa Looc ang Cummings Highland, Bantigue Resort, Green Haven Resort, at Marduke Hotel.

ANNUAL RECORD OF TOURISTS VISITING LOOC FISH SANCTUARY

TAON	2010	2011	2012	2013	2014	2015	2016	2017
LOKAL	920	2, 589	3, 202	3, 047	3, 295	4, 939	7, 348	12, 838
DAYUHAN	125	183	600	1,389	1,098	455	160	264
KABUOAN	1,045	2, 772	3, 802	4,436	4, 393	5, 394	7, 508	13, 102

Talahanayan 49. Imbentaryo ng Turista sa Looc Fish Sanctuary

Ipinagmamalaki naman ng bayan ng Alcantara ang pagkakaroon nila ng mga magagandang dagat na dinarayo ng mga turista mula sa loob at labas ng bansa. Ilan sa mga ito ang **Aglicay Beach Resort** na matatagpuan sa Brgy. Comod-om, **Calagonsao Beach** ng Brgy. Calagonsao, **Dranville Beach Resort** ng Brgy. Gui-ob, at **Tugdan Beach** ng Brgy. Tugdan. Mayaman din ang bayang ito sa mga **tuburan** (bukal/spring) na matatagpuan sa mga Brgy. Camili, Calogonsao, Bonlao, San Isidro, at Madalag.



Larawan 45. Beach Front ng Aglicay Beach sa Alcantara



Larawan 46. Ang larawang bubungad sa mga turista sa Beach Front ng Aglicay Beach sa Alcantara

Narito naman ang mga magagandang tanawin na makikita sa Bayan ng San Andres:

MAGANDANG TANAWIN	LOKASYON
Mablaran Falls	Linawan
Parpagayo Park	Poblacion
Bal-ong Falls	Mari-Sur
Cajel Cave	Pag-alad
Sapatos Point	Mabini
Bangko-bangko	Agpudlos
Municipal Nursery	Mari-Sur
San Andres Beach	Poblacion
Agpudlos Beach	Agpudlos
Jun Carlo Heights	Jun Carlo

Talahanayan 50. Magagandang Tanawin sa Bayan ng San Andres



Larawan 47. Parpagayu Park at ang Marker Nito

Sa kabuoan, masasabing nakapagdaragdag ng kita ang magagandang tanawing ito sa komunidad ng Onhan dahil sa atraksiyon nito sa mga turista. Bukod sa mga magagandang tanawin, nakilala rin ang komunidad ng Onhan sa masasarap nitong pagkain at kakanin at isa ang **suman** sa mga ipinagmamalaking kakanin ng bayan ng Looc. Sa katunayan, sa pampublikong palengke ng bayang ito ay matatagpuan ang iba't ibang uri ng suman na gawa sa malagkit, bigas, o kaya naman ay mais—mga produktong mula din sa bayang ito.

Ang sumang ito ay kinahihiligan ng mga dumadayong turista sa bayan. Karamihan sa mga ito ay ginagawang pasalubong sa kani-kanilang pamilya sa loob o labas man ng bansa. Nagsisimula ang pagluluto nito sa pamamagitan ng pagpapainit ng gata mula sa niyog na may kahalong kaunting asin. Susundan ito ng paglalagay ng asukal na magsisilbing tamis ng suman. Matapos ito ay babalutin ng saging ang malagkit at saka pakukuluan gamit ang gata hanggang sa ito ay maluto.



Larawan 48. Ang Suman ng Looc



Larawan 48.
Si Ate Milang Magsusuma

E di magkakayod ng niyog, tapos maggagata, mang tapos don naman sa kabila yung ano yung malagkit hugasan muna. Tapos yan na. Tapos ngayon, ‘yun isasalang na. Unahin yung gata, tapos lagyan ko nang konteng asin, tapos kung medyo mainit na yung gata lagay ko na yung asukal.”

---Ate Mila, Magsusuman ng Bayan ng Looc

Nariyan din ang ipinagmamalaki nilang **sarsa** partikular sa bayan ng Alcantarana na ang pangunahing sangkap ay ang niyadyad na niyog, gata, at binayong ulang o malalaking hipon na kalimitang nahuhuli sa mga sapa. Nagsisimula ang pagluluto ng sarsa sa pamamagitan ng pagbabayo ng pinagsama-samang sangkap gaya ng **ulang**, paminta, asin, luya, bawang, at siling labuyo gamit ang lusong. Susundan ito ng pagsasama ng niyadyad na niyog sa mga binayong sangkap. Pagkatapos ay ibabalot na ito sa dahon ng niyog na parang suman at pakukuluan sa gata hanggang sa ganap nang maluto.



Larawan 49. Nagbabalot ng Sarsa ang mag-asawa



Larawan 50. Handan ang isalang ang nabalot na sarsa. Pakukuluan gamit ang gata



Larawan 51. Pakukuluan ng 30 minuto upang ganap na maluto at lumasa ang sarsa



Larawan 52. Handa n ang ahunin ang sarsa

Bukod sa suman at sarsa, tanyag din ang Romblon sa pagkakaroon ng mga tinatawag na **tinuyong isda**, **bagoong na isda**, **bagoong na hipon**, at **crispy seaweed noodles**. Gumagawa din ang mga Onhan ng longganisa, tapa, at embutido na kapuwa binibili at kinokunsumo ng mga Onhan. Bukod sa pagkain at magagandang tanawin, bahagi din ng turismong Onhan ang *handicraft making* sa kanilang komunidad partikular na sa bayan ng Looc. Sa katunayan, ilan sa mga ito ang pandekorasyon sa bahay, basket na may iba't ibang sukat, *nito plates*, at *ribbon*. Ang mga produktong ito ay gawa sa mga katutubong materyales gaya ng

buri, dahon ng pandan, ingiw, bago-bago, kawayan, at tuyong puno ng saging.

Ang mga ito ay ilan lamang sa mga masasarap at ipinagmamalaking pagkain, produkto, at magagandang tanawin sa mga komunidad ng Onhan na nagiging bahagi na rin ng kanilang pagkakakilanlan. Magkaganoon man, hindi matatawaran ang ganda at sayang naidudulot nito sa mga Onhan o maging sa mga bisitang nagpupunta rito.

Sa loob ng halos dalawang linggong pananatili sa mga bayan ng Alcantara, Looc, San Andres, at Santa Fe, napatunayan ng mananaliksik ang angking yaman ng mga komunidad na ito. Bukod sa kulturang nagbibigkis sa kanila gaya ng kabuhayan sa pagsasaka at pagtatanim o kaya ay ang mga matandang paniniwala ay malaki ang papel na ginampanan ng wikang Onhan upang magkaroon sila ng tatak na kaiba sa kanilang kapuwa Romblomanon. Kaya naman tunay na ang wika ay nagsisilbing identidad ng isang lipunan o komunidad. Sa kaso ng wikang Onhan, mahalagang maipreserba ang wikang ito sa pamamagitan ng pagpapatatag sa paggamit nito. Mahalagang magkaroon ng programang pangwika ang bawat bayan na nagsasalita nito sapagkat bukod sa mga iskolar ng wika o mga ahensiyang pangwika gaya ng Komisyon sa Wikang Filipino, mahalaga ang papel ng bawat lokal na pamahalaan at ng mga mamamayan nito sa pagpapalakas at pagpapanatili nito sapagkat sila ang gumagamit nito. Hindi masamang gumamit ng wikang Filipino o matuto ng banyagang wika gaya ng Ingles lalo na't hindi ito maiiwasan bunga ng iba't ibang salik, subalit ang kalimutan at tuluyang di ito magamit bunga ng pagpapatianod sa modernisasyon ay isang bagay na maaaring ating pagsisihan sa hinaharap sapagkat kung hihina ang paggamit nito ay maaari itong magresulta sa tuluyang pagkawala nito at pagbura sa mismong pagkakakilanlan ng mga mamamayan sa bayang ito—bilang **Alcantaranhon, Santa Fenhon, Loocnon, at San Andresnon.**

SANGGUNIAN

A. AKLAT

Almario, V. (1997). *Tradisyon at Wikang Filipino*. Lungsod ng Quezon, NCR: Sentro ng Wikang Filipino.

Ampil, R., Mendoza, E., & Breva, O. (2010). *Akademikong Filipino sa Komunikasyong Global*. Manila, NCR: UST Publishing House.

Batnag, A., Petras, Jayson, & Antonio, L. (2009). *Teksbuk sa Pagsasalin*. Lungsod ng Quezon, NCR: C & E Publishing, Inc. .

Constantino, P., Ocampo, N., & Petras, J. (2012). *SALINDAW: Varayti at Baryasyon ng Filipino* (J. Peregrino, Ed.). Lungsod ng Quezon, NCR: Sentro ng Wikang Filipino.

Esquejo, K. (2015). *PU-OD ROMBLON: Mga Sanaysay Tungkol sa Kasaysayan at Kultura ng Lalawigan ng Romblon*. Lungsod ng Quezon, NCR: Limbagang Pangkasaysayan.

Galvez-Tan, Jaime Z., Rebecca C. Tiston, and Ma. Melinda B. Macalintal. (1977). "Psychology of Filipino Medico Religious Therapy." Filipino Religious Psychology. Ed. Leonardo N. Mercado. Tacloban City: Divine World U Publications.

Jocano, F. (1976). *TUBURAN: A Case Study of Adaptation and Peasant Life in a Bisayan Barrio*. Lungsod ng Quezon, NCR: UP-NSDB Integrated Research Program.

Jocano, F., & Veloro, C. (1976). *San Antonio: A Case Study of Adaptation and Folk Life in a Fishing Community*. Lungsod ng Quezon, NCR: UP-NSDB Integrated Research Program.

Panopio, Isabel, Realidad Santico-Rolda, and Wilfredo San Juan. (1992). "Kultura." *Sosyolohiya at Antropolohiya: Isang Panimula*. Morato Avenue, Quezon City: KEN INCORPORATED.

Rubin, L. T. (2003). *ANGONO RIZAL: Mga Talang Pangwika at Pangkasaysayan*. Maynila, NCR: UST Publishing House.

Saville-Troike, M., & Barto, K. (2017). *Introducing Second Language Acquisition* (3rd ed.). Cambridge: Cambridge Press.

Salazar, Zeus. (2010). "Ang Babaylan Sa Kasaysayan Ng ." Kababaihan Sa Kalinangan at Kasaysayang Pilipino. Ed. Mary Dorothy Jose and Atoy Navarro. South Triangle, Quezon City: C & E.

Taylan, D., Geronimo, J., & Petras, J. (2016). *Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino*. Lungsod ng Quezon, NCR: Rex Bookstore.

B. INTERNET/ONLINE

Corlett, N. (2018, December 19). Language and politics. Retrieved September 5, 2019, from <https://www.communication-director.com/issues/power-persuasion/language-and-politics/#.Xdq8e5MzbfY>.

CHUA, M. (2002, October 2). SI AGLIPAY BA ANG NAGTATAG NG AGLIPAYAN CHURCH? (Iglesia Filipina Independiente). Retrieved November 20, 2018, from <https://xiaochua.net/2012/10/02/>.

Hardach, S. (2018, June 08). Can you lose your native language? Retrieved March 20, 2019, from <http://www.bbc.com/future/story/20180606-can-you-lose-your-native-language>

Lobel, J. (2002, July 8). AN INTRODUCTION TO THE LANGUAGES OF ROMBLON PROVINCE. Retrieved March 15, 2019, from http://sanrokan.com/newsanrokan/archives/jul8/feature_lobel.htm

Pe-Pua, Rogelia, and Elizabeth A. Protacio-Marcelino. (2000). Sikolohiyang Pilipino (Filipino Psychology): A Legacy of Virgilio G. Enriquez. Asian Journal of Social Psychology. Retrieved June 11, 2016, from http://www.indigenousspsych.org/Members/Pe-Pua,%20Rogelia/PePua_Marcelino_2000.pdf

Sanchez, K. (2014, February 14). Hindi lang bilang ng doktor ang problema. Retrieved March 10, 2019, from <https://www.philstar.com/test-microsite-clone/2014/02/14/1290164/hindi-lang-bilang-ng-doktor-ang-problema#23sv6zuPyg7dHJPA.99>

Santos, T. U. (2008, November 17). Pulitika ng wika, wika ng pulitika. The Varsitarian. Retrieved from https://varsitarian.net/filipino/20081117/pulitika_ng_wika_wika_ng_pulitika

APENDIKS

GLOSARYO

Salita	Bahagi ng Pananalita	Dominyo	Kahulugan
balágon	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	baging sa Tagalog o vine sa Ingles.
bislád	<i>png.</i>		pagdadaing o pagtutuyo
Bóyong	<i>png.</i>		Ito ay salitang kaugnay sa pagdakila at kabayanihan sa panahon ng sinaunang Panayanhon subalit ngayon ay itinuturing na derogatoryong salita na may kaugnayan sa bandido at kawatan.
ginatúob	<i>pnd.</i>	<i>Psd</i>	Ito ay isang rituwal na isinasagawa bago pumalaot ang isang mangingisda
gurayan	<i>png.</i>	<i>Zoo</i>	uri ng isda na makikita sa karagatan ng Onhan. Tinatawag na goatfish sa Ingles.
Isla ng Tablas	<i>png.</i>	<i>Heg</i>	Isa sa mga isla na bumubuo sa Lalawigan ng Romblon. Tahanan ng wikang Onhan.
kapwángan	<i>png.</i>		Tumutukoy sa pagtutulungan ng bawat isa.
kasimanwa	<i>png.</i>		Terminong Onhan na tumutukoy sa katulad na wikang sinasalita.
karúrong/kalúlong	<i>png.</i>	<i>Zoo</i>	Uri ng isda na makikita sa komunidad ng Onhan. Tinatawag na parrot fish sa Ingles.

lána	<i>png.</i>		Katawagan sa langis na ginagamit sa panggagamot. Ito ay binubuo ng iba't ibang ugat ng mula sa mga halamang gamot at langis na mula naman sa katas ng niyog.
lauan	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Tumutukoy sa mababang antas ng parokya na nakabatay sa bilang ng mga nabinyagang populasyon.
lusay	<i>png.</i>	<i>Bot</i>	Tawag ng mga Onhan sa seagrasses.
máno-máno	<i>png.</i>	<i>Agr</i>	Tumutukoy sa pagsasaka gamit ang araro.
Onhan	<i>png.</i>	<i>Ant</i>	Wikang katutubo na sinasalita sa mga bayan ng Alcantara, Ferrol, Looc, San Andres, Santa Fe , San Jose, Sta. Maria sa Lalawigan ng Romblon. Tinatawag ding Bisayang Loocnon o Inonhan.
pagdálaw-dálaw	<i>png.</i>		Katutubong pamamaraan sa pananaliksik na tumutukoy sa madalas na pagpunta at pakikipag-usap sa mga tao sa isang lugar upang magkaroon ng mabilis na kilalanan at lubos na makuha ang loob ng komunidad, sapagkat sa dalas ng pagkikita at pag-uusap, nasasabi ng isang tao ang nais niyang sabihin bagamat maaaring may ilan pang pagpipigil (Pe-pua, 1995).
Pagkokópra	<i>png.</i>	<i>Ekn</i>	Tumutukoy sa proseso ng pagtutuyo ng laman ng niyog sa pamamagitan ng pagbibilad sa araw o

			pagpapatuyo sa tapahan.
pagmámasid	<i>png.</i>		Katututubong pamamaraan ng pananaliksik na tumutukoy sa pagdanas ng kapaligiran at kalooban. Ginagamit sa pagbuo ng mga problema at haka-haka, sa paglikom ng mga impormasyon, pagbibigay ng paliwanag sa pangyayari at pagpapatunay ng mga proposisyon (Orteza at Tauzon, 1982).
pagtátanóng-tanóng	<i>png.</i>		Katutubong pamamaraan ng pananaliksik na ang layunin ay tanungin ang isang kalahok sa pag-aaral na ang pamamaraan ay nakabatay sa konteksto o sitwasyon, at kalagayan at katangian ng kalahok.
pamúnit	<i>png.</i>	<i>Psd</i>	Maliit na uri ng kawil nilalagyan ng pain gaya ng pusit at isda.
pangáwil	<i>png.</i>	<i>Psd</i>	Malaking uri ng kawil (hook) na gamit sa pangingisda na nilalagyan ng pain gaya ng pusit, at maliliit na isda.
pangopóng	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Ito ay araw ng pasasalamat isang beses isang taon tuwing panahon at pagkatapos ng anihan.
pasúkat	<i>png.</i>	<i>Rel</i>	Ito ay anibersaryo ng kamatayan ng isang miyembro ng pamilya.
sandúkan	<i>png.</i>	<i>Lit</i>	Kulturang Onhan na tumutukoy sa malayang pagbibigayan ng ulan ng magkakapitbahay.

			Partikular itong ginaganap sa San Andres.
single	<i>png.</i>	Tra	Tinatawag din itong habal-habal sa komunidad ng Onhan. Ito ay isang motorsiklo na nagsisilbing pangunahing transportasyon ng mga mamamayan sa lipunang ito.
Talabukón	<i>png.</i>	<i>Lit</i>	Isang higanteng nagsilbing bayani para sa mga Onhan sa bayan ng Looc nang sakalin nito ang mga Moro naghahasik ng kaguluhan.
talangdáy	<i>pnr</i>	<i>Mat</i>	Uri ng hatian na kalimitang napupunta sa may-ari ng lupang sakahan ay dalawang parte (bulto/kaban) at tatlo sa magsasaka.
tapáhan	<i>png.</i>		Tinatawag na drying bin sa Ingles. Ginagamit sa pagkokopra.
tárik	<i>png.</i>	<i>Psd</i>	Bahagi ng bangka na nagsisilbing pambalanse.

TALAAN NG IMPORMANT AT BALIDEYTOR

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mula sa iba't ibang propesyon gaya ng pagiging mangingisda, magsasaka, *municipal agriculturist*, *agricultural technologist*, *tourism officer*, *municipal councilor*, *health worker*, mga guro sa elementarya, sekondarya, at tersyarya mag-aaral, at mga lokal na negosyante sa bawat bayan. Pinili ng mananaliksik ang mga naging kalahok sa pag-aaral na ito batay sa kanilang kaalaman ukol sa paksang nais tugunan ng mananaliksik at tagal na ng paninirahan sa komunidad ng Onhan.

INFORMANT	WIKA	ADRES	POSISYON SA KOMUNIDAD	KONTAK
Rachelle Gaytano	Onhan	Alcantara	Tourism Officer	N/A
Mario Galasinao	Onhan	Alcantara	Municipal Agriculturist	N/A
Francisco Galin	Onhan	Alcantara	Konsehal ng Bayan	N/A
Jellie Mayor	Onhan	Alcantara	Guro	N/A
Mary Bolosan	Onhan	Alcantara	Negosyante	N/A
Ruby Galicha	Onhan	Alcantara	Nursing Aide	N/A
Charles Andres	Onhan	Santa Fe	Municipal Agriculturist	N/A
Rey Trinidad	Onhan	Santa Fe	Agricultural Technologist	N/A
Susan Noche	Onhan	Looc	Coastal Management Officer	N/A
Emma Gregorio	Onhan	Looc	Agricultural Technologist	N/A

May Noval	Onhan	Looc	Tourism Officer	N/A
Leonida Tacasa	Onhan	Looc	Senior Citizen Member	N/A
Bebot Diego	Onhan	Looc	HR Head	N/A
Ate Mila	Onhan	Looc	Magsusuman	N/A
Miguel Taytay	Onhan	Looc	Magsasaka	N/A
Lucille Gregorio	Onhan	Looc	Mangingisda	N/A
Elizabeth Gacura	Onhan	Looc	Manggagamot/Hilot	N/A
Modesto Plokito	Onhan	Looc	Magsasaka	N/A
Russel Fontamillas	Onhan	Looc	Mag-aaral sa Senior HS	N/A
Annele Fernandez	Onhan	San Andres	Manggagamot/Hilot	N/A
Arsenio Gadon	Onhan	San Andres	Mayor	N/A
Darrio Gacon	Onhan	San Andres	Municipal Agriculturist	N/A
Deborah F. Ibanez	Onhan	San Andres	Mamamayan	N/A
Leodegario Francisco	Onhan	San Andres	Mangingisda	N/A
Fe Gadon	Onhan	San Andres	Guro	N/A
Janet Banglisan	Onhan	San Andres	Municipal Employee	N/A
Conie Galias	Onhan	Santa Fe	Guro	N/A
Keziah Faith Inocenro	Onhan	Santa	Mag-aaral sa Kolehiyo	N/A
Angelica Reina	Onhan	Santa Fe	Mag-aaral sa Kolehiyo	N/A

BALIDEYTOR	WIKA	ADRES	POSISYON SA KOMUNIDAD	KONTAK
Lonie M. Galicia	Onhan	Alcantara	Guro sa Sekondarya	N/A
Marites A. Angelino	Onhan	Alcantara	Guro sa Sekondarya	N/A
Felix G. Barraca, Jr.	Onhan	Alcantara	Barangay Tanod	N/A
Felix G. Gado	Onhan	Alcantara	Mangingisda	N/A
Dolphy Gabayno	Onhan	San Andres	Graduating Student ng Romblon State University	N/A
Mary Bolosan	Onhan	Alcantara	Negosyante	N/A

Bionote

Si REYNELE BREN G. ZAFRA, PhD ay kasalukuyang Assistant Propesor IV sa University of the Philippines Integrated School, College of Education, Diliman, Lungsod ng Quezon. Naging bahagi rin siya ng komunidad ng Unibersidad ng Santo Tomas bilang propesor sa loob ng 7 taon. Nagtapos sa De La Salle University-Manila (DLSU) ng mga kursong *Doctor of Philosophy in Philippines Studies major in Language, Culture, and Media* at *Master of Arts in Philippine Studies major in Language, Culture and Media* nang may karangalang Outstanding Dissertation at Outstanding Master's Thesis. Natapos naman niya ang kursong *Bachelor in Broadcast Communication* sa Polytechnic University of the Philippines-Manila—Cum Laude.

Bilang isang edukador at mananaliksik, si Dr. Zafra ay nakapagsalita na rin sa ilang Pambansa at Pandaigdigang Kumperensiya tungkol sa Wika, Edukasyon, at Kultura sa loob at labas ng bansa. Nakapaglalathala na rin siya ng mga teksbuk pang-hayskul sa larangan ng Araling Panlipunan at Filipino na inilathala ng St. Augustine Publishing, Rex Bookstore, at ng Mutya Publishing at ng mga pananaliksik sa mga *refutable refereed journal* sa loob at labas ng bansa. Ilan sa mga ito ang Danas at Dahas: Mga Kuwento ng Pang-aabuso sa Ilang Firipina Tsuma ng Batis Aware, Inc. sa Japan (2017), *The Traditional Tattoos of the Philippine Cordillera Region: A Study on their differences in Appearance, Causes and Discursive Strengths* (2016), Gamit at Kahalagahan ng Wikang Filipino sa Pagtuturo ng Agham: Panayam kay Prop. Fortunato Sevilla III (2015), at Isang Pagsusuri sa Edukasyong Di Pormal ng mga Katutubong Agta sa General Nakar Quezon gamit ang SWOT Analisis (2012). Naging *Associate Editor* din siya ng HASAAN Journal ng Unibersidad ng Santo Tomas sa loob ng apat na taon. Nakatanggap na rin siya ng *research grant* mula sa *National Commission for Culture and the Arts* (NCCA) at sa Komisyon sa Wikang Filipino (KWF).

Bahagi rin siya ng iba't ibang organisasyong pangwika at kultura na nagtataguyod sa kahalagahan ng wikang Filipino gaya ng Pambansang Samahan sa Literatura at Lingguwistikang Filipino (PSLLF), Pambansang Asosasyon ng mga Tagapagtaguyod ng Salin (PATAS), at Sanggunian sa Filipino (SANGFIL).

Sa kaniyang mga libreng oras ay ipinagpapatuloy niya ang pagsulat ng pananaliksik at pagbabasa ng mga librong may kaugnayan sa Sining, Kultura, Sikolohiya, Midya at Wika, o kaya'y nakikipaglaro sa kaniyang dalawang makukulit na anak.